# MGA PANGARALIN SA ISAIAS 53
## SERMONS ON ISAIAH 53
(Tagalog)

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

Website: www.sermonsfortheworld.com

Email: rlhymersjr@sbcglobal.net

"Ang mga sermon ni Dr. Hymers sa Isaias 53 ay kabilang sa pinakamagagandang nabasa ko, o narinig kong ipinangaral. Sa panahong ito ng apostasiya, matatag silang nakasentro kay Kristo at sa Ebanghelyo. Ang mga sermon na ito ay magiging isang malaking pagpapala sa sinumang magbabasa nito, Kristiyano man o hindi. Dapat silang basahin, ipangaral, at ipadala sa buong mundo. Nawa'y tulungan ka ng Diyos na gawin ito."

– Dr. Christopher L. Cagan

Ang mga manuskrito ng sermon na ito ay hindi naka-copyright. Maaari mong i-print ang mga ito, ipangaral, at i-email ang file na ito sa iba nang walang pahintulot ni Dr. Hymers. Hinihikayat ka naming gawin ito!

Kung pagpapalain ka ng mga sermon na ito, magpadala ng e-mail kay Dr. Hymers at sabihin sa kanya, ngunit palaging isama kung saang bansa ka nagsusulat. Ang e-mail ni Dr. Hymers ay nasa rlhymersjr@sbcglobal.net. Maaari kang sumulat kay Dr. Hymers sa anumang wika, ngunit sumulat sa Ingles kung kaya mo. Kung gusto mong sumulat kay Dr. Hymers sa pamamagitan ng koreo, ang kanyang address ay P.O. Box 15308, Los Angeles, CA 90015.

Mababasa mo ang lahat ng mga sermon ni Dr. Hymers sa Internet sa www.sermonsfortheworld.com.
I-click ang “Mga Pangaral sa Tagalog.”

# TALAAN NG MGA NILALAMAN


| Pangaral | Pahina |
|---|---|
| "Ang Paghihirap at Tagumpay ng Lingkod ng Diyos!", Isaias 52:13-15 | 1 |
| "Ang Tinanggihang Balita," Isaias 53:1 | 10 |
| "Si Kristo – Tinangghihan ng Masa," Isaias 53:1-2 | 17 |
| "Si Kristo – Pandaigdigang Hindi Pinahahalagahan," Isaias 53:3 | 25 |
| "Ang Paghihirap ni Kristo– Ang Tunay at ang Huwad," Isaias 53:4 | 33 |
| "Hesus Nasugatan, Nabugbog at Pinalo," Isaias 53:5 | 39 |
| "Ang Pangkaraniwang Kasalanan, ang Tanging Kasalanan, at ang Gamot sa Kasalanan," Isaias 53:6 | 46 |
| "Ang Katahimikan ng Tupa," Isaias 53:7 | 53 |
| "Isang Paglalarawan ng Pagbabayad" Isaias 53:8 | 60 |
| "Ang Kabalintunaan ng Libing ni Kristo," Isaias 53:9 | 68 |
| "Pampaglubag Loob!", Isaias 53:10 | 75 |
| "Ang Tagumpay ng Tagapagligatas!," Isaias 53:10 | 84 |
| "Pagakasaya at Pag-Aaring Ganap – Nakuha ni Kristo," Isaias 53:11 | 92 |
| "Ang Pinanggagalingan ng Luwalhati ni Kristo," Isaias 53:12 | 100 |
| "Simpleng Pananampalataya kay Hesus," Isaias 53:3 | 107 |

# ANG PAGHIHIRAP AT TAGUMPAY NG LINGKOD NG DIYOS!

**(PANGARAL BILANG 1 MULA SA ISAIAS 53)**

## THE SUFFERING AND TRIUMPH OF GOD'S SERVANT!

**(SERMON NUMBER 1 ON ISAIAH 53)**

(Tagalog)

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

Ang Pangaral na ipinangaral ng umaga sa Araw ng Panginoon,
noong Ika24 ng Febrero 2013 sa Baptist Tabernacle ng Los Angeles
A sermon preached at the Baptist Tabernacle of Los Angeles
Lord's Day Morning, February 24, 2013

> "Masdan mo, ang aking lingkod ay makikitungo nang may kabaitan, Siya ay dadakilain at pararangalan at maging pinakamatas. Marami ang namangha sa Kanya; Ang Kanyang pagmumukha ay lubhang nasira at di na nag anyong tao. Kaya, kanyang didiligin ang mga bansa; ang mga hari ay maging tikom ang bibig sa Kanya; sapaagkat kanilang nakita ang mga hindi naisabi sa kanila; at kung ano ang hindi nila narinig ay siyang kanilang inuunawa" (Isaias 52:13-15).

Iwanang nakabukas ang inyong Bibliya sa pasaheng ito. Ang mga talatang ito ay nararapat na maging kalakip sa kabanatang 53 kaysa kabanatang 52 ayon kay Dr. John Gill, sa ganang "nakakarami ng mga makabagong komentarista" (Frank E. Gaebelein, D.D., ***The Expositor's Bible Commentary***, Regency Reference Library, 1986, volume 6, p. 300).

Ang buong pinagusapan mula sa talatang 13 hanggang kabanatang 53 beso 12 ay tumutukoy sa "paghihirap ng Lingkod ng Diyos." Sinabi ni Matthew Henry.

> Ang hulang ito, na nagsimula rito at nagpapatuloy hanggang sa katapusan ng susunod na kabanata, ay malinaw na tumutukoy bilang si Jesu-Kristo; Ang mga naunang mga Judio ay kanilang naunawaan na ito ang Mesias, bagama't ang mga makabagong Judio ay gumawa ng malaking pasakit upang papasamain ito… Ngunit si Felipe, mula sa paksang ito ay ipinangaral si Kristo doon sa eunuco, kung saan inilagay ang nagdaang pagtatalo na "patungkol sa kanya tumutukoy ang propeta nito," patungkol sa kanya at wala nang ibang tao, Mga Gawa 8:34, 35 (Isinalin mula sa ***Kumentaryo ni Mathew HenryMatthew sa Buong Bibliya [Matthew Henry's Commentary on the Whole Bible]***, Hendrickson Publishers, 1996 inilimbag muli, kabuuan 4, p. 235).

Ang naunang Hudyong Targum ay nagsasabi na ito'y tumutukoy doon sa Mesias gayun rin nga ang matatandang mga guro, Aben at Alshech (isinalin mula kay John Gill, D.D., ***Isang Pagpapaliwanag ng Lumang Tipan [An Exposition of the Old Testament]***, The Baptist Standard Bearer, 1989 inilimbag muli, kabuuan I, p. 309).

Gayon din nakita ng mga Kristiyanong komentarista sa buong kasaysayan ay nakita ang pasaheng ito bilang isang propesiya ng Panginoong Hesu-Kristo. Sinabi ni Spurgeon,

> Paano nila ito gagawin sa ibang paraan? Patungkol kanino tumukoy ang propeta? Kung ang tao sa Nazareth, ang Anak ng Diyos, ay hindi tamang nakikita sa tatlong mga bersong ito mas madilim pa sila sa hating-gabi. Hindi kami mag aatubili ng isang sandaling gamiting ang bawat salita patukoy sa ating Panginoong Jesu-Kristo (isinalin mula kay C. H. Spurgeon, "Ang Tiyak na Tagumpay ng Napako sa Krus na Isa" ["The Sure Triumph of The Crucified One"], ***Ang Metropolitanong Tabernakulong Pulpito [The Metropolitan Tabernacle Pulpit]***, Pilgrim Publications, 1971 inilimbag muli, kabuuan XXI, p. 241).

Sa nabanggit na ni Matthew Henry, ang ebanghelistag si Felipe ay nagsabi na ang ganitong usapin ng Kasulatan ay hinulaan ang paghihirap ni Kristo.

> "At ang eunuco ay sumagot kay Felipe at sinabi dalangin ko sa iyo, sino ba ang tinutukoy dito ng propeta? Sa Sarili ba Niya o iba? Sa gayun ay binuksan ni Felipe ang kanyang bibig at nagsimula sa gayun ding Kasulatan, at ipinangaral sa kanya si Jesus" (Mga Gawa 8:34-35).

Hindi tayo makakagawa ng mas mahigit pa kaysa sinaunang Targum, ang mga antigong guro, ang ebanghelistang si Felipe at ang mga Kristiyanong komentarista ng mga panahon. Ang bawat salita ng teksto ay isang paghuhula ng Mesias, ang Panginoong Hesu-Kristo.

## I. Una, ating nakikita natin ang Kanyang paglilingkod sa Dios.

Ang Diyos Ama ang Syang nagsasabi ng mga salita doon sa talatang 13,

> "Masdan mo ang aking lingkod ay makikitungo nang may kabaitan. Siya ay dadakilain at pararangalan at maging pinakamataas" (Isaias 52:13).

Sinasabi sa atin ng Diyos na tumingin sa Kanyang "lingcod." Noong si Jesus ay bumaba sa lupa, Kanyang,

> "ginawa ang kanyang Sarili na walang dangal at kinuha ang kalikasan ng isang *lingkod* at naging kawangis ng tao"
> (Mga Taga Filipos 2:7).

Bilang Lingkod ng Diyos dito sa lupa, si Kristo'y nakikitungo ng may kabaitan at kumilos ng may karunungan. Lahat ng sinabi at ginawa ni Jesus sa panahon ng Kanyang ministro dito sa lupa, ay ginawa ng may dakilang karunungan. Gayun din bilang isang maliit na batang lalaki sa loob ng Templo, ang mga guro ay namangha sa kanyang karunungan. Maya maya, ang mga Fariseo at mga Saduceo, ay hindi makasagot Siya masagot, at natikom ang bibig ni Pilato, ang gobernador ng Roma noong Siya'y nagsalita.

Tapos sinasabi ng ating patungkol sa Lingkod ng Diyos,

> "Siya ay dadakilain at pararangalan at maging pinakamataas"
> (Isaias 52:13).

Ang mga salita sa makabagong English ay maaring isalin bilang "ibinangon" itinaas at dinadakilang lubos." Itinutukoy ni Dr. Young na "Hindi maaring magbasa ng ganitong

mga salita na walang pagpapaalala ng pagpaparangal kay Kristo na inilarawan doon sa Mga Taga Filipos 2:9 hanggang 11 at sa Mga Gawa 2:33" (Isinalin mula kay Edward J. Young, Ph.D., ***Ang Aklat ni Isaias [The Book of Isaiah],*** Eerdmans, 1972, kabuuan 3, p. 336).

> "Kaya nga pinataas din Siya ng Diyos nang napakataas at binigyan Siya ng pangalan na higit pa sa bawat pangalan" (Filipos 2:9).

> "Ang Jesus na ito na ibinangon ng Diyos, na tungkol dito kaming lahat ay mga saksi. Samakatuwid bilang nasa kanang kamay ng Diyos na itinaas at tinanggap na sa Ama ang pangako ng Espiritung Banal, ay ibinuhos Niya ito, na inyo ngayong nakikita at naririnig" (Mga Gawa 2:32-33).

> "Masdan mo, ang aking lingkod ay makikitungo nang may kabaitan, Siya ay *dadakilain* at *pararangalan* at maging *pinakamataas*" (Isaias 52:13).

Itinaas – "ibinangon" pinarangalan – "itinaas na" napakataas na dinadakilang lubos. Narito ang mga salitang nagpapakita ng mga yugto ng pag-aangat ni Kristo. Bumangon Siya mula sa mga pagkamatay! Itinaas Siya hanggang sa Langit sa Kanyang pagakyat! Siya ngayon ay nakaupo sa kanang kamay ng Diyos! Itinaas – "ibinangon"! Pinararangalan – "itinaas na." Pinakamataas – kahit hanggang sa kanang kamay ng Diyos sa Langit! Amen!

> Ibinangon Siya upang mamatay,
> "Ito'y tapos na," ang Kanyang sigaw;
> Ngayon sa langit ibinangon ng mataas;
> Aleluya! Anong Tagapaglitas!
> ("Aleluya, Anong Tagapagligtas!" Isinalin mula sa
> "Hallelujah, What a Saviour!" ni Philip P. Bliss, 1838-1876).

> "Masdan mo, ang aking lingkod ay makikitungo nang May kabaitan, Siya ay dadakilain at pararangalan at Maging pinakamataas" (Isaias 52:13).

Si Jesus ay, at magpakailan manga maging, ang Lingkod ng Diyos Ama – Dios Anak ibinangon mula sa mga pagkamatay, pumapaitaa sa Langit nakaupo sa kanang kamay ng Ama! Alleluya! O! anong Tagapagligtas!

## II. Pangalawa, ating nakikita ang Kanyang hain para sa kasalanan.

Pakibasa ng malaakas ang talatang 14.

> "Marami ang namangha sa Kanya; Ang Kanyang pagmumukha ay lubhang nasira at di na nag anyong tao" (Isaias 52:14).

Sabi ni Dr. Young na yung mga nakakita "sa kakila-kilabot na pagkasira ng mukha ng lingkod, ay manlulumo at matatamaan ng pagkahanga…ang kanyang pagkasira ay maging napakatindi na hindi na siya mukhang isang tao…ang Kanyang anyo ay lubhang nasira na di na Siya magmukhang tao. Ito ay sukdulang napakatinding paraan ng pagsasabi kung gaano katindi ang Kanyang paghihirap"(ibid., pp.337-338).

Si Jesus ay brutal na sinira sa loob ng panahon ng Kanyang paghihirap. Sa gabi bago Siya ipinako sa krus "Siya'y nagnanangis,"

> "At ang Kanyang pawis ay naging kagaya ito ng mga malalaking patak ng dugo na tumatagas sa lupa" (Lukas 22:44).

Ito ay noong *bago* Siyang dakpin, Doon sa kadiliman ng Gethsemane, ang kahatulan ng inyong kasalanan ay nagsimulang nahulog kay Kristo. Noong dumating ang mga kawal upang Siya'y dakpin, Siya'y basang-basa na ng mala-dugong pawis.

Pagkatapos kinuha nila Siya at hinampas sa mukha. Sa ibang lugar sinasabi sa atin ni Isaias na ang Naghihirap na Lingkod ay nagsabi,

> "Hindi Ako tumutol nang bugbugin nila Ako, hindi Ako kumibo ng Ako'y kanilang insultuhin, pinabayaan ko silang bunutin ang Aking buhok at balbas. Gayun din ng lurhan nila Ako sa mukha" (Isaias 50:6).

Sinabi ni Lukas "Hinampas nila Siya sa mukha" (Lukas 22:64). Sinabi ni Marcos, "na si Pilato pumalo sa Kanya" (Marcos 15:15). Ang sabi ni Juan,

> "Sa gayun si Pilato samakatuwid ay dinala si Jesus, at hinagupit Siya, at ang mga kawal ay nagtirintas ng isang korona ng mga Tinik at inilagay ito sa kanyang ulo, at sinuutan nila Siya ng Isang muradong balabal, at sinabing, Magalak! Hari ng mga Judio! at kanilang sinampal Siya sa kanilang mga kamay" (Juan 19:1-3).

Pagkatapos kanilang ipinako ang Kanyang mga kamay at paa doon sa Krus. Gaya ng paglagay nito ni Dr. Young, "Ang Kanyang wangis ay lubhang nasira kung kaya hindi na Siya nag mukhang tao" (Isinalin mula sa ibid., p.338).

> "Marami ang nagitla nang Siya'y Makita dahil sa pagkabugbog sa Kanya'y halos di makilala kung Siya'y tao" (Isaias 52:14).

Karamihan sa mga makabagong mga larawang ipininta ay hindi malapit na kasing sakto ng "Ang Pasyon ni Kristo" ["The Passion of the Christ"] ni Mel Gibson sa pagpapakita kung anong itsura ni Kristo pagkatapos nila Siyang hampasin, paluin, at ipako sa krus.

Tungkol sa talatang ito sinabi ng ***The Scofield Study Bible***, "Ang literal na pagbibigay ay terible: Lubhang nasira mula sa anyo ng taong ang Kanyang aspeto ng ang Kanyang anyo ay hindi ng isang anak ng tao' – halimbawa hindi tao – ang epekto ng pagkabrutal ay inilarawan sa Mateo 26…" Pakinggan ang isang himno ni Joseph Hart (1712-1768),

Ang Kanyang sentido dumadanak ng dugo
At nalaslas ng mga tinik,
Nagpapadala ng pagdaloy ng dugo sa lahat ng bahago;
Ang Kanyang likuran nalatigo
Dahil sa mabigat na paghahampas,
Ngunit mas matulis na paghahampas
Ng pumunit sa Kanyang puso.

Naipakong nakahubad sa isinumpang kahoy,
Nakalatay sa lupa at langit sa itaas,
Isang palabas ng mga sugat at dugo,
Isang malungkot na pagpapakita ng nasugatang pag-ibig!
(“Ang Kanyang Pasyon.” Isinalin mula sa “His Passion”
ni Joseph Hart, 1712-1768; sa tono ng
“‘Tis Midnight, and on Olive’s Brow”).

At bakit, mahal na Tagapagligtas, sabihin mo sa akin bakit
Ikaw na dugo-ang nakahigang naghihirap?
Anong makapangyarihang hangarin ang Iyong hakbang?
Ang hangarin ay maliwanag- Ang lahat ay para sa pag-ibig!
(“Gethsemani, ang Pigaan ng Olivo” Isinalin mula sa
“Gethsemane, the Olive-Press!” ni Joseph Hart, 1712-1768;
sa tono ng “‘Tis Midnight, and on Olive’s Brow”).

Bakit, mahal na Tagapagligtas, sabihin mo sa akin bakit ang Iyong kaanyoaan ay “napakakatuwa kay sa kaninomang lalake, at ang [Iyong] anyo ay higit na kumatuwa kay sa mga anak ng mga tao”? Ang sagot ay ibinigay sa katapusan ng berso 12, sa 53rd na kapitulo, “dinala niya ang kasalanan ng marami” (Isaias 53:12). Ito ang pag-aalay ni Kristo para sa iyong mga kasalanan, isang bikaryong pag-aalay – si Hesus nagdurusa at namamatay para sa iyong mga kasalanan, sa iyong lugar – sa Krus! Gayon, nakikita natin ang paglilingkod ni Kristo sa Diyos. Gayon, nakikita natin ang pag-aalay ni Kristo upang bayaran ang multa ng iyong kasalanan.

## III. Pangatlo, ating nakikita ang Kanyang Kaligtasan nagagamit.

Maaring tumayo at basahin ng malakas ang Isaias 52:15.

> “Kaya didiligin Niya ang maraming mga bansa; ang mga hari ay titikom ang kanilang mga bibig sa Kanya. Pagkat yaon ngang hindi naisabi sa kanila ay siyang kanilang nakita; at yaon ngang hindi nila narinig ay siyang kanilang inuunawa” (Isaias 52:15).

Maari na po kayong magsiupo. Sabi ni Dr. Young, na sa bersong ito, ang hain at paghihirap ni Kristo sa berso 14 ay ipinaliwanag at ginagamit,

> Ang propeta nagpaliwanag bakit nasira ang anyo niya [Kristo]. Kaya… sa ganitong kalagayan ng pagkasira”, madidilig Niya ang maraming bansa”. [Ang] isang nasira, ang lingcod ay gumawa ng isang bagay sa para sa iba, na kanyang ganapin ang serimonya ng pag dadalisay. Ang Kanyang pagkasira [sa Kanyang paghihirap] ay… isang kalagayan na kung saan Sya mismo ang magdala ng paglilinis sa mga bansa. Ang pandiwang “didiligin Niya” [ay nagsasabi ng] pagdidilig ng…

> tubig. o dugo bilang panlinis…Ito'y gawain ni [Kristo bilang saserdote] na dito itinalaga, at ang layunin ng ganitong gawain ay magdala ng paglilinis at paglilinis para sa iba… siya mismo bilang saserdote ang magdidilig ng tubig at dugo at kaya makalilinis ng maaraming bansa. Ginawa Niya ito bilang naghihirap, kaninong paghihirap ay para sa…paglilinis at magbubunga ng malalim na pagbabago ng saloobin sa sino mang tumingin sa kanya (ibid, pp. 338-339).

Sa wastong katuparan ng ganitong hula, ang pangangaral ng ebanghelyo ni Kristo ay humiwalay mula sa pagkaalipin ng Judaismo at naging pandaigdigang relehiyon. Mula sa pinakaunang siglo "maraming bansa" ang naebanghelismo ma, at mga tao sa buong mundo ay nalinisan ng Dugo ni Hesus, dinadala sila sa kaligtasan kay Kristo Hesus, nagbubunga, gaya ng sinabi ni Dr. Young ng isang, "malalim na pagbabago ng saloobin sa sinomang tumingin sa kanya."

Bagaman hindi lahat ng mga hari ng mga bansa sa sanlibutan ay naging ligtas na mga tao, gayon man habang ang Kristiyanismo ay kumakalat sa buong mundo, sila ay sa kaliitan, "tikom ang kanilang mga bibig sa kanya," at naging nominal na mga Kristiyano,

ngunit sa lahat ang unang kasaysayan ng paglaganap ng Kristiyanismo, at hindi nagsasalita laban sa Kanya. Kahit sa kasalukuyan, si Reyna Elizabeth II ay tinitikom ang kanyang bibig "sa kanya" at yumuyuko sa katahimikang paggalang sa harap Niya sa Westminster Abbey sa mga Kristiyanong paglilingkod na nagaganap doon.

Marami pang ibang monarca dito sa Kanlurang bahagi ng mundo, at sa dakung Silangan, ay nagbibigay ng panlabas na parangal sa Kanya sa kaliitan, at marami sa kanila, tulad ni Reynang Victoria, ay gumawa ng mas higit pa kaysa magbigay ng panlabas na paggalang. Sa katunayan, gayon din ang Emperor Constantine sa maaagang mga taon ng Kristiyanismo, at marami pang iba.

> "Sapagkat kung ano ang hindi naibalita sa kanila ang siyang kanilang makikita at kung ano ang hindi nila nangarinig ang siya naman ang kanilang inuunawa"(Isaias 52:15) .

Gaya ng pagkahula dito ng propeta, ang ebanghelyo ni Kristo ay napalaganap sa lahat ng mga bansa sa buong mundo,

> "Kaya kanyang didiligin ang maraming mga bansa"
> (Isaias 52:15).

Kahit ang pangulo ng Estados Unidos, kristiyano sa pangalan lamang, yinuyukod ang kanyang ulo paminsan-minsan sa simbahan at tikom ang "[kanyang] bibig sa Kanya."

Ngunit kailangan kong sabihin na itong kahanga-hangang prediksyon ay hindi lubos na tumutukoy sa Europa, sa United Kingdom at Amerika gaya nito noon. Ang mga simbahan sa Kanluran ay nasa kalituhan at kaligaligan dahil sa pagpasok ng "liberal" na pagsalakay sa Bibliya, at ang panghihina ng mga simbahan sa pamamagitan ng pagpapasalungat ng ebanghelyo ni Finney, at ng makabagong tagasunod ng kanyang nakalilinlang na mga paraan ng "desisyonismo" sa iba't-ibang mga anyo nito. Ngunit sa malawak na Pangatlong Mundo ang makapangyarihang pagkagising at pagmumuling buhay, na minsan ay nasumpungan sa tumatalikod sa dating pananampalatayang, huminang mga simbahan ng Kanluran, ay yumayabong.

Ang ating mga puso ay nagagalak kapag tayo'y makakabasa ng mga salaysay ng napakarami sa China, Timong Silangang Asya, Aprika, Indiya, at ibang bahagi ng mundo, na naguumapaw sa ebanghelyong pinapangaral na mga simbahan sa mga oras na

ito! Oo, madalas silang inuusig, ngunit bilang Tertullian sinabi noong ikalawang siglo, “Ang dugo ng mga martir ay siyang binhi ng simbahan.” At ito ay totoo ngayon sa lahat ng mga Pangatlong Mundong mga bansa. Habang ang Amerika, at ang Kanluran sa kabuuan, ay nahuhulog mula sa kanilang Kristiyanong nakaraan, at nawawala na sa pagiging makatao, mapagdudang espiritwal na pagkalito, gayon gaya ng prediksyon ni Spurgeon,

> Si Jesus *ay*… magdidilig hindi lamang sa mga Judio, kundi sa mga bayan ng mga Gentil sa lahat ng lugar…Ang lahat ng lupain makakarinig tungkol sa Iyo at makaramdam sa iyong bumababa gaya ng ambon sa ginapas na damo. Ang takipsilim na mga lipi sa malalayo, at ang mga naninirahan sa lupain saan lulubog ang araw ay nakakarinig ng iyong aral at makakainom nito…Iyong didiligin ang maraming mga bansa ng Iyong mapagbiyayang salita (Isinalin mula sa ibid., p. 248).

Ang “propetikong” mensahe ni Spurgeon ay mas nagkatotoo ngayon kaysa noong sinabi niya ang mga salitang nakalipas na ang daang taon. At tayo’y magalak na ganoon nga! Amen!

Ang ganitong pangako ay hindi lubusang natupad. Ngunit matutupad – dahil ang bibig ng Panginoon ang nagsabi nito – sa pamamagitan ng propeta Isaias na nagsabi,

> “Ang mga bansa ay kusang lalapit sa Iyong liwanag” (Isaias 60:3)
>
> “Ang mga kawal ng mga bansa ay kusang lalapit sa Iyo” (Isaias 60:5).
>
> “Masdan, sila ay darating mula sa malayo at narito sila’y mula sa Hilaga at mula sa Kanluran at sila’y mula sa lupain ng Sinim” (Isaias 49:12).

Si James Hudson Taylor, ang maagang misyonaryo sa Tsina, nagsabing ang “Sinim” ay ang lupain ng Tsina, gayun din ang ***Ang Pag-aaral na Bibliya ng Scofield [The Scofield Study Bible]*,** sa kanyang tala sa Isaias 49:12. Paano tayo di sasang-ayon kay Taylor at ang tala sa Scofield kung nakikita na natin itong nangyayari sa Tsina sa harapan natin ngayon? Tiyak na ito ay totoo, sa pinakamunti sa pamamagitan ng pagsasabuhay! Libo-libo ang napagbagong loob kay Kristo bawat oras sa Repulika ng mga Tao ng Tsina, at marami pang ibang malalayong lupain, at nagagalak tayo dahil ganoon nga ito!

Habang pinapatay ng Amerika sa pumapatay ng sanggol na aborsyon ang tatlong libong walang magawang mga bata araw-araw, ang simabahan ay nagsasara rito ng libo-libo, gayon yoong mga malalayong lupain ang gawain ni Kristo ay lumalago, at mananaig pa! Papalain sila ng Diyos ng marami pang pagbabagong loob! Pagpaglain sila ng Diyos na ang mga taong kilala si Kristo, at handang magdusa para sa Kanyang pangalan, ay naway malapit nang magtagumpay kasama sa mga bansa sa Kanyang Pangalawang Pagdating!

Ngunit nais kong magtanong sa inyo ngayong umaga, nakilala nyo na ba si Kristo? Tumingin ka na ba ng may pananampalataya sa Kanya na lubhang nasira kaysa bawat tao upang bayaran ang kaparusahan ng iyong kasalanan – Opo sa iyo! Nadilig Niya na ba ng kanyang Dugo ang iyong kasalanan, nakasulat na ba sa aklat ng Langit? Nahugasan ka na ba’t nalinis sa pamamagitan ng Dugo ng Cordero ng Diyos na nag alis ng kasalanan sa sanlibutan? At kung hindi pa, nais mo bang itikom ang iyong bibig sa

kanyang harapan at yumuko ng nakaluhod kay Jesus at tanggapin Siya bilang iyong sariling Panginoon at Tagapagligtas? At nais mo bang gawin ito ngayon?

Ngunit tinatanong *kita* ngayong umaga, "Kilala *mo* ba si Kristo? Tumingin *ka* na ba sa Kanya sa pananampalataya sino ay 'napakakatuwa kay sa kaninomang lalake' upang bayaran ang multa ng *iyong* mga kasalanan – oo para sa *iyo!* Kanya bang nadilig ang Kanyang Dugo sa *iyong* kasalanan, na nakatala sa mga aklat ng Diyos sa Langit? *Ikaw* ba ay nahugasang malinis ng Dugo ng Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan? At kung hindi, iyo bang '[ititikom] ang [iyong bibig' sa Kanyang piling, at yuyuko kay Hesus, at tanggapin Siya bilang iyong *sariling* Panginoon at Tagapagligtas? At gagawin mo ba iyan ngayon?"

Magitayo at kantahin ang himno bilang pito sa inyong papel.

> Ang malaking karga ng sala ng tao Ay inilagay sa Tagapagligtas;
> Sa aba tulad ng isang damit, Siya para sa mga makasalanan ay iginayak,
> Para sa mga makasalanan ay iginayak.
>
> At sa kakila-kilabot na kirot ng kamatayan Siya ay lumuha, nanalangin
> Siya para sa akin;
> Inibig at yinakap ang sala ng aking kaluluwa
> Noong ipinako sa isang puno.
> Noong ipinako sa isang puno.
>
> O pag-ibig nakamamangha! Pag-ibig lampas sa abot ng dila ng tao;
> Pag-ibig na magiging paksa ng Isang walang hanggang kanta.
> Isang walang hanggang kanta.
> ("Pag-ibig sa Matinding Paghihirap." Isinalin mula sa "Love in Agony" ni William Williams, 1759; Sa tono ng "Majestic Sweetness Sits Enthroned").

Kung gusto mong makipag-usap sa amin tungkol sa pagtitiwala kay Hesus at pagiging isang Krisitiyano, magpunta sa likuran ng awditoriyum na. Dadalhin kayo ni Dr. Cagan sa isang tahimik na lugar kung saan tayo'y makakapag-usap. Magpunta na ngayon. Amen.

ANG BALANGKAS NG

# ANG PAGHIHIRAP AT TAGUMPAY NG LINGKOD NG DIYOS!

**(PANGARAL BILANG 1 MULA SA ISAIAS 53)**

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

> "Masdan mo, ang aking lingkod ay makikitungo nang may kabaitan, Siya ay dadakilain at pararangalan at maging pinakamatas. Marami ang namangha sa Kanya; Ang Kanyang pagmumukha ay lubhang nasira at di na nag anyong tao. Kaya, kanyang didiligin ang mga bansa; ang mga hari ay maging tikom ang bibig sa Kanya; sapaagkat kanilang nakita ang mga hindi naisabi sa kanila; at kung ano ang hindi nila narinig ay siyang kanlang inuunawa" (Isaias 52:13-15).

(Mga Gawa 8:34-35)

I. Una, ating nakikita ang Kanyang paglilingkod sa Diyos,
Isaias 52:13; Mga Taga Filipos 2:7; Mga Taga Filipos 2: 9;
Mga Gawa 2:32-33.

II. Pangalawa, ating nakikita ang Kanyang Hain para sa Kasalanan,
Isaias 52:14; Lucas 22:44; Isaias 50:6; Lucas 22:64; Marcos 15:15;
Juan 19:1-3; Isaias 53:12.

III. Pangatlo, ating nakikita ang Kanyaang Kaligtasang isinabuhay,
Isaias 52:15; 60:3, 5; 49:12.

# ANG TINANGGIHANG BALITA

**(PANGARAL BILANG 2 SA ISAIAS 53)**

## THE REJECTED REPORT

**(SERMON #2 ON ISAIAH 53)**

(Tagalog)

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

Isang pangaral na ipinagaral sa Baptist Tabernacel ng Los Angeles
Araw ng Panginoong Umaga, ika-3 ng Marso taon 2013
A sermon preached at the Baptist Tabernacle of Los Angeles
Lord's Day Morning, March 3, 2012

> "Sinong naniwala sa aming balita? at kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?" (Isaias 53:1).

Si Isaias ay nagsasalita patungkol sa Enbanghelyo ni Kristo. Noong huling Linggo nangaral ako mula sa huling tatlong mga berso ng kapitulo 52, kung saan hinulaan ng propeta ang paghihirap ni Kristo, na ang itsura, "ay napakakatuwa kay sa kaninomang lalake, at ang kaniyang anyo ay higit na kumatuwa kay sa mga anak ng mga tao" (Isaias 52:14). Ito ay isang larawan ni Hesus, bugbog at nakapako sa krus para sa ating mga kasalanan, tapos ay ibinangon mula sa kamatayan, "mabubunyi, at malalagay na mataas, at…magiging napakataas" (Isaias 52:13). Ngunit ngayon, sa ating teksto, ang propeta ay nagnanangis sa katunayan na kakaunti lamang ang maniniwala sa mensahe ng Ebanghelyo.

Si Dr. Edward J. Young ay isang dalubhasa ng Lumang Tipan eskolar, kaklase at kaibigan ng dati kong pastor, na si Dr. Timothy Lin. Nagkukumento sa ating teksto,

> "Sinong naniwala sa aming balita? at kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?"

Sinabi ni Dr. Young na ito "ay mashigit na bulalas kesa sa tanong. Hindi ito nangangailangan ng negatibong sagot, bagamat ito ay nakabalangkas upang kunin ang pansin ng [maliit na bilang] ng tunay na nanampalataya sa mundo…ang propeta [ay] kinatawan ng kanyang mga tao, nagsasalita at naghahayag ng dismaya na napaka kakaunti ng nanampalataya" (Isinalin mula kay Edward J. Young, Ph.D., ***Ang Aklat ng Isaias [The Book of Isaiah],*** William B. Eerdmans Publishing Company, 1972, kabuuan 3, p. 240).

> "Sinong naniwala sa aming balita? at kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?"

Ang ibig sabihin ng salitang "balita" ay "ang mensaheng hinayag." Sinalin ni Luther ito bilang "aming pangaral" (Isinalin mula kay Young, ibid.). "Sinong naniwala sa aming *pangaral*?" Ang kaagapay na paghayag nito sa teksto ay, "at kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?" Ang "bisig ng Panginoon" ay isang paghayag na tumutukoy sa kapangyarihan ng Panginoon. Sinong naniwala sa aming pinangangaral? At kanino nahayag ang bisig ng Panginoon? Kanino nilantad ang kapangyarihang magligtas ni Kristo?

> "Sinong naniwala sa aming balita? at kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?" (Isaias 53:1).

Ang bersong ito ay nagpapakita na ikaw dapat ang unang maniwala sa pangaral ng Ebanghelyo, at pagkatapos saka mapagbabago ang loob sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos kay Kristo. At sa kabila noon ang pangunahing katanungan ng propeta ay nagpapakita na kakaunti ang maniniwala at mapagbabagong loob.

> "Sinong naniwala sa aming balita? at kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?" (Isaias 53:1).

## I. Una, kakaunti ang nanampalataya at napagbabagong loob noong makamundong pangangasiwa ni Kristo.

Pumunta si Hesus sa puntod ni Lazaro. Ang lalakeng ito ay apat na araw ng patay. Sinabi ni Hesus sa kanila, "Alisin ninyo ang bato" (Juan 11:39). Gusto Siyang pigilan ng kapatid na babae ni Lazaro. Ang sinabi niya, "Panginoon, sa ngayon siya ay mabaho na: dahil apat na araw na siyang patay" (isinalin ibid.). Ngunit sumunod sila kay Hesus at kinuha ang bato na tumatakip sa bibig ng puntod. Pagkatapos, si Hesus, "ay sumigaw ng malakas na tinig, Lazaro, lumabas ka. Siya na patay ay lumabas, na natatalian ang mga kamay at mga paa ng mga kayong panglibing: at ang kaniyang mukha ay nababalot ng isang panyo. Sinabi sa kanila ni Jesus, Siya'y inyong kalagan, at bayaan ninyo siyang yumaon" (Juan 11:43-44).

> "Ang mga pangulong saserdote nga at ang mga Fariseo ay nangagpulong, at nagsipagsabi, Ano ang ginagawa natin? sapagka't ang taong ito'y gumagawa ng maraming tanda" (Juan 11:47).

Nakita nila kung gaano karaming himala ang Kanyang ginawa, at saka natakot na lahat ng pangkaraniwang tao ay sumunod sa Kanya imbes na sa kanila.

> "Kaya't mula nang araw na yaon ay pinagsanggunianan nilang ipapatay siya" (Juan 11:53).

Ang pangulong saserdote at ang mga Fariseo ay nagsimulang magpulong-pulong upang makaisip ng nararapat na paraan upang mapalayas si Hesus, "ipapatay siya." Sinabi ng Apostol Juan,

> "Nguni't bagaman gumawa siya sa harap nila ng gayon maraming mga tanda, gayon ma'y hindi sila nagsisampalataya sa kaniya: Upang maganap ang salita ng propeta Isaias, na kaniyang sinalita, Panginoon, *sino ang naniwala sa aming balita? At kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?*" (Juan 12:37-38).

Nakita nila Siyang kahima-himalang nagpakain ng limang libong katao. Nakita nila Siyang nang-gamot ng mga leproso at nag-bukas ng mga mata ng mga bulag. Nakita nila siyang nagpalayas ng mga demonyo, at binangon ang paralisado sa masiglang kalusugan. Nakita nila Siyang nagpabangon ng anak na lalake ng isang balo mula sa patay. Hindi lamang nila Siya nakita nagpalit ng tubig sa alak, datapwat narinig rin nila Siyang

> "nagtuturo sa mga sinagoga nila, at ipinangangaral ang evangelio ng kaharian, at pinagagaling ang sarisaring sakit at ang sarisaring karamdaman" (Mateo 9:35).

Sa kabila noon, noong ibinagon Niya si Lazaro sa patay, "pinagsanggunianan nilang ipapatay siya" (Juan 11:53).

> "Nguni't bagaman gumawa siya sa harap nila ng gayon maraming mga tanda, gayon ma'y hindi sila nagsisampalataya sa kaniya: Upang maganap ang salita ng propeta Isaias, na kaniyang sinalita, Panginoon, *sino ang naniwala sa aming balita? At kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?*"
> (Juan 12:37-38).

Oo, kakaunti lamang ang mga taong naniwala at napagbagong loob noong pangangasiwa ni Kristo sa mundo.

## II. Pangalawa, kakaunti ang naniwala at napagbagong loob noong panahon ng mga Apostol.

Pakilipat ang pahina sa Mga Taga Roma 10:11-16. Magsitayo po tayo at basahin ang dakilang sipi.

> "Sapagka't sinasabi ng kasulatan, Ang lahat na sa kaniya'y nagsisisampalataya ay hindi mapapahiya. Sapagka't walang pagkakaiba ang Judio at ang Griego: sapagka't ang Panginoon din ay siyang Panginoon ng lahat, at mayaman siya sa lahat ng sa kaniya'y nagsisitawag: Sapagka't, Ang lahat na nagsisitawag sa pangalan ng Panginoon ay mangaliligtas Paano nga silang magsisitawag doon sa hindi nila sinampalatayanan? at paano silang magsisisampalataya sa kaniya na hindi nila napakinggan? at paano silang mangakikinig na walang tagapangaral? At paano silang magsisipangaral, kung hindi sila nga sinugo? gaya nga ng nasusulat, Anong pagkaganda ng mga paa niyaong mga nagdadala ng masasayang balita ng mga bagay na mabuti! Datapuwa't hindi silang lahat ay nakinig ng masasayang balita. Sapagka't sinasabi ni Isaias, Panginoon, *sino ang naniwala sa aming balita?*" (Mga Taga Roma 10:11-16).

Maari nang magsi-upo.

Pansinin na ang siping ito ng Banal na Kasulatan ay nagsasabi, sa berso 12,

> "Sapagka't *walang pagkakaiba ang Judio at ang Griego*: sapagka't ang Panginoon din ay siyang Panginoon ng lahat, at mayaman siya sa lahat ng sa kaniya'y nagsisitawag"
> (Mga Taga Roma 10:12).

Ito ay sinulat ng Apostol na si Pablo kulang-kulang na 30 taon pagkatapos ng pumapaitaas ni Hesus pabalik sa Langit. Sa gayon, nagsulat si Pablo noong mashuling bahagi na ng Libro ng Mga Gawa. Siya ay nagsasalita sa parehong Judio at Gentil, habang si Hesus ay nakapag salita na sa halos katangi-tanging sa mga Judio. Sinabi ni

Pablo, "Walang pagkakaiba sa pagitan ng mga Judio at ng mga Griego." Lahat ng tao ay kailangan si Kristo!

At sa kabila noon, sa kanyang kalakihang hindi mga Judiong tagapakinig, sinasabi ni Pablo ang parehong bagay na sinabi ni Hesus, sumisipi mula sa Isaias 53:1, ninanangis ang katunayan na isa lamang kaparis-paris na maliit na bilang ng mga Gentil ang naniwala – at sinisipi si Isaias 53:1 upang ipakita na ang propeta ay nagsabi, sa pamamagitan ng pagsasabuhay, na ang karamihan ng mga Gentil ay mashigit ng kaunti sa pagsagot sa Ebanghelyo kesa mga Judio.

> "Sinong naniwala sa aming balita? at kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?" (Isaias 53:1).

Naging mas bukas ang mga Gentil sa Ebanghelyo kesa sa mga Judio. Sa kabila man noon, makukumparang maliit na bilang ng mga Gentil lamang ang naniwala kay Hesus noong panahon ng pangangaral ni Pablo at ng ibang Apostol. Mayroong mga dakilang pagbubuhay sa panahon ng mga Apostol, gaya ng nakita natin sa Libro ng Mga Gawa. Sa kabila noon kahit itong mga makapangyarihang pagbubuhay ay nagdala lamang ng makukumparang maliit na bilang ng mga Gentil sa kaligtasan kay Kristo. Ang ebanghelismo ay mahirap, kahit sa mga Romano rin!

Si Kristo at ang mga Apostol ay parehong nakakita lamang ng kakaunting napagbagong loob. Sa gayon, ang mga Kristiyano noong unang siglo ay nasa isang nakapagpasiyang minoridad, at isang nausig na minoridad! At kaya si Juan at Pablo ay parehong sumipi sa ating teksto upang mapaliwanag ang paglaban ng karamihan ng mga tao sa Ebanghelyo – upang mapaliwanag kung bakit karamihan ng nakarinig sa kanilang nangaral ay nanatiling hindi napagbabagong loob.

> "Sinong naniwala sa aming balita? at kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?" (Isaias 53:1).

At ito ang naging totoo kahit noon pa sa katandaan ng kasaysayan ng Kristiyano. Parati, sa lahat ng oras, isang maliit na minoridad lamang ng mga tao ang tunay na naniwala sa Ebanghelyo at napagbagong loob. At ito ay totoo pa rin sa mundo ngayon. Walang nagbago. Na nagdadala sa atin sa ating huling punto.

## III. Pangatlo, kakaunti ang naniniwala at napagbabagong loob ngayon.

Sa ating sariling panahon tayo ay madalas na nahaharap sa katotohanan ng pagnanangis ni Isaias, doon sa kadala-dalamhating tanong,

> "Sinong naniwala sa aming balita? at kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?" (Isaias 53:1).

Malaungkot, na dapat nating sabihin na kakaunting mga tao ngayon ang sumasampalataya sa ating pangaral, at kakaunti ang naliligtas sa pamamgitan ng kapangyarihan ni Kristo. Kahit ang sarili nating mga kamaganak ay madalas na tanggihan ang Ebanghelyo ni Kristo. At karamihan sa inyo ay alam na kakaunti lamang sa kanila na ating dinala sa simbahan para marinig ang pangaral ay kailanman nakukuhang mapagbagong loob. Gusto kong magbigay ng tatlong kumento ukol rito:

(1) Una, saan sa Bibliya ang nagsasabi sa atin na karamihan ng tao ay maliligtas? Hindi ito sinabi. Sa katunayan, sinabi ni Hesus ang kabaligtaran nito. Sinabi Niya,

> "Kayo'y magsipasok sa makipot na pintuan: sapagka't maluwang ang pintuan, at malapad ang daang patungo sa pagkapahamak, at marami ang doo'y nagsisipasok. Sapagka't makipot ang pintuan, at makitid ang daang patungo sa buhay, at *kakaunti ang nangakakasumpong noon"* (Mateo 7:13-14).

*Kakaunti* ang nangakakasumpong noon! Kailangan natin itong parating ilagay sa ating isipan kung bakit ang sikap natin sa ebanghelismo ay ngreresulta ng maskakaunting napagbabagong loob kesa sa ating inaasahan.

At, pagkatapos, ang pangalawang bagay na gusto kong sabihin ay ito.

(2) Ang motibo natin sa pagebanghelismo ay hindi batay sa kung gaano karami ang napagbagong loob. Kahit na ang sagot ay malaki o maliit, ang mga mata natin ay kailanman hindi dapat pumirmi sa kung gaano karami ang napagbabagong loob. Ang motibo natin ay batay sa *pagsunod sa Diyos*. Ang ating mga mata ay dapat laging nakapirmi sa *Diyos*, at ang pagsunod natin sa *Kanya* kapag tayo ay nageebanghelismo; at ang ating mga mata ay lagi dapat nakapirmi sa *Diyos*, at ang pagsunod sa *Kanya* kapag pinangaral natin ang Ebanghelyo! Sinabi ni Kristo sa atin,

> "Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal" (Marcos 16:15).

*Iyan* ang sinabi ni Kristo na gawin natin, at dapat natin gawin ito kahit ang mga tao ay makinig man o hindi; kahit sila ay mapagbagong loob o hind. Dapat tayong magebanghelismo dahil sinabi ni Kristo na gawin natin ito! *Ang ating tagumpay ay hindi depende sa sagot ng tao!* Hindi! *Ang ating tagumpay ay depende sa ating pagiging masunurin kay Kristo. <u>Kung gayon tayo ay mageebanghelismo kahit na sila ay maniwala sa Ebanghelyo o hindi</u>!*

At, pagkatapos, merong pangatlong bagay na umaagos mula rito.

(3) Naniniwala *ka* ba kay Kristo? *Ikaw* ba ay napagbagong loob kay Kristo? Magpupunta *ka* ba kay Kristo sa pananampalataya? Kahit na wala man sa pamilya mo at wala sa mga kaibigan mo ang napagbagong loob, hahanapin *mo* ba si Kristo? *Ikaw* ba ay lalapit sa Kanya? Tandaan na sinabi ni Kristo,

> "Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; datapuwa't ang hindi sumasampalataya ay parurusahan" (Marcos 16:16).

Ikaw ba ay pagpupunta kay Hesus, mapagbagong loob, at pagkatapos ay mabinyagan? O ikaw ba ay masasama sa malawak

na mga kawan ng mga taong tangi nila ang Tagapagligtas, at sa gayon ay masawi habang buhay sa apoy ng Impiyerno?

> "Datapuwa't ang hindi sumasampalataya ay parurusahan" (Marcos 16:16).

Ito'y aking panalangin na ikaw ay *hindi* masasama sa kawan ng mga sawi sa Impiyerno, datapwa't sumama ka sa amin sa lokal na simbahang ito. Lumabas ka mula sa mundo! Magpunta kay Hesus sa pananampalataya! Pumasok sa lokal na simbahang ito. At maligtas sa lahat ng panahon at sa pagkawalang hangan sa pamamagitan ng Dugo ni Hesus at katuwiran Niya.

> "Sinong naniwala sa aming balita? at kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?" (Isaias 53:1).

Naway maging isa *ka* sa doon sa mga naniniwala at napagbagong loob! Naway *ikaw* ay maging isa sa kakaunting naniniwala sa Ebanghelyo kapag ito ay pinangaral. Naway sabihin mong, "Oo, namatay si Hesus para bayaran ang aking mga kasalanan. Oo, bumangon Siya sa patay. Oo, nagpupunta ako sa Kanya sa pananampalataya." Naway *ikaw* ay maging isa sa kakaunting kanino nahayag ang bisig ng Panginoon, habang iyong maranasan ang kaligtasan sa pagtitiwala kay Hesus, "Ang Kordero ng Dios, na nagaalis ng kasalanan ng sanglibutan" (Juan 1:29). Naway *ikaw* ay maging isa sa kanilang nagpupunta kay Hesus, at nahugasang malinis mula sa iyong mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang mahal na Dugo, at nadamitan ng Kanyang banal na katuwiran. Naway ipagkaloob ng Diyos sa iyo ang biyaya upang maniwala sa aming balita at maranasan ang kaligtasan mula sa kasalanan sa pamamagitan ng Panginoong Hesu-Kristo! Amen!

Magsitayo at kantahin ang "Ako Papunta na Panginoon," bilang pito sa inyong papel.

> Narinig ko ang Iyong umaalok na tinig
> Na tumatawag sa akin, Panginoon, sa Iyo,
> Para sa paglilinis ng Iyong mahal na dugo
> Na umaagos sa Kalbaryo.
> Ako'y papunta na, Panginoon!
> Lalapit ngayon sa Iyo!
> Hugasan ako, linisin ako sa dugo
> Na umaagos sa Kalbaryo.
>
> Kahit na papuntang mahina at masama,
> Ika'y aking lakas pinaninigurado;
> Ikaw aking kasamaan lubos na nililinis,
> Hanggang walang bahid lahat at wagas.
> Ako'y papunta na, Panginoon!
> Lalapit ngayon sa Iyo!
> Hugasan ako, linisin ako sa dugo
> Na umaagos sa Kalbaryo
> ("Ako'y Papunta Panginoong."
> Isinalin mula sa "I Am Coming, Lord" ni Lewis Hartsough, 1828-1919).

Kung gusto mong makausap kami tungkol sa pagiging malinis mula sa iyong kasalanan ni Hesus, magpunta sa likuran ng awditoryum ngayon. Dadalhin ka ni Dr. Cagan sa isang tahimik na lugar lung saan makakausap ka naming. Amen.

## ANG BALANGKAS NG

## ANG TINANGGIHANG BALITA

**(PANGARAL BILANG 2 SA ISAIAS 53)**

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

> "Sinong naniwala sa aming balita? at kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?" (Isaias 53:1).

(Isaias 52:14, 13)

I. Una, kakaunti ang nanampalataya at napagbagong loob noong makamundong pangangasiwa ni Kristo,
Juan 11:39, 43-44, 47, 53; 12:37-38; Mateo 9:35.

II. Pangalawa, kakaunti ang naniwala at napagbagong loob noong panahon ng mga Apostol, Mga Taga Roma 10:11-16.

III. Pangatlo, kakaunti ang naniniwala at napagbabagong loob ngayon, Mateo7:13-14; Marcos 16:15, 16; Juan 1:29.

# SI KRISTO – TINANGGIHAN NG MASA

**(PANGARAL BILANG 3 SA ISAIAS 53)**

# CHRIST – REJECTED BY THE MASSES

**(SERMON NUMBER 3 ON ISAIAH 53)**

(Tagalog)

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

Isang pangaral na ipinangaral ng Umaga sa Araw ng Panginoon, ika-10 ng Marso taon 2013 sa Baptist Tabernacle ng Los Angeles

> "Sinong naniwala sa aming balita? at kanino nahayag ang bisig ng Panginoon? Sapagka't siya'y tumubo sa harap niya na gaya ng sariwang pananim, at gaya ng ugat sa tuyong lupa: walang anyo o kagandahan man; at pagka ating minamasdan siya ay walang kagandahan na mananais tayo sa kaniya" (Isaias 53:1-2).

Sinasabi sa atin ni Isaias na kakaunti ang maniwala sa kanyang mensahe tungkol sa naghihirap na lingkod ng Diyos, at kakaunti ang makararanas ng Kanyang biyaya. Isinipi ng Apostol na si Juan ang Isaias 53:1 upang ilarawan ang kawalan ng pananampalataya ng karamihan ng mga Judio sa panahon ni Kristo.

> "Nguni't bagaman gumawa siya sa harap nila ng gayon maraming mga tanda, gayon ma'y hindi sila nagsisampalataya sa kaniya: Upang maganap ang salita ng propeta Isaias, na kaniyang sinalita, Panginoon, *sino ang naniwala sa aming balita? At kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?"*
> (Juan 12:37-38).

Isinipi rin ng Apostol na si Pablo itong bersong ito 30 taon pagkatapos ng Pumaitaas ni Kristo pabalik sa Langit, para maipakita na ang karamihan ng mga Gentil ay maging mashigit ng kaunti lamang mapagtugon sa Panginoong Hesu-Kristo kesa sa mga Judio. Sinabi ni Pablo na,

> "Sapagka't walang pagkakaiba ang Judio at ang Griego: sapagka't ang Panginoon din ay siyang Panginoon ng lahat, at mayaman siya sa lahat ng sa kaniya'y nagsisitawag… Datapuwa't hindi silang lahat ay nakinig ng masasayang balita. Sapagka't sinasabi ni Isaias, Panginoon, *sino ang naniwala sa aming balita?"* (Mga Taga Roma 10:12, 16).

Ang Panginoong-Hesu Kristo Mismo ay nagsabi sa atin ng parehong bagay. Sinabi Niya sa atin na ang bilang nilang mga naniwala sa Kanya sa nakapagliligtas na paraan ay kakaunti,

> "Sapagka't makipot ang pintuan, at makitid ang daang patungo sa buhay, at *kakaunti ang nangakakasumpong noon*"
> (Mateo 7:14).

Ginawa rin ni Kristo ang parehong punto noong sinabi Niyang,

> "Magpilit kayong magsipasok sa pintuang makipot: sapagka't *sinasabi ko sa inyo na marami ang mangagsisikap na pumasok, at hindi mangyayari"* (Lucas 13:24).

Ang mga tao sa mundo ay karaniwang naniniwala na halos lahat ay magpupunta sa Langit. Ngunit sinabi ni Hesus ang saktong kabaligtaran,

> "Kakaunti ang nangakakasumpong noon" (Mateo 7:14).

> "Marami ang mangagsisikap na pumasok, at hindi mangyayari" (Lucas 13:24).

Itong kagimbalgimbal na katotohanan ay umaalingawngaw sa nakalulungkot na panangis ni Isaias,

> "Sinong naniwala sa aming balita? at kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?" (Isaias 53:1).

Maari nating itanong bakit yan ay totoo. Ang mga Judio ay naghanap para sa isang katangi-tangi at makapangyarihang tagapamahala, isang hari ng luwalhati at yaman, para maging Mesyas nila, at ang mga Gentil ay hindi naghanap ng Mesyas sa anumang paraan! Sa gayon, nakikita natin na ang sangkatauhan sa karaniwan ay hindi umasang si Kristo ay darating bilang isang hamak na naghihirap na Lingkod, namatay sa Krus para gumawa ng kabayaran para sa kanilang mga kasalanan.

Ang Taga Etyopiyang Kapon, sa pangwalong kapitulo ng Mga Gawa, ay bulag sa mga katotohang ito kasing bulag ng mga saserdote at Fariseo ng Judionismo. Binabasa niya ang limamput tatlong kapitulo ng Isaias noong ang ebanghelistang si Felipe ay nakahabol sa kanyang umaandar na karro.

> "At tumakbo si Felipeng patungo sa kaniya, at napakinggan niyang binabasa si Isaias na propeta, at sinabi, Nauunawa mo baga ang binabasa mo? At sinabi niya, Paanong magagawa ko…" (Mga Gawa 8:30-31).

Ang Aprikanong ay napagbagong loob sa Judionismo. Naging malinaw na kilala niya ang Matandang Tipan ng Banal na Kasulatan, at sa kabila noon siya ay naging kasing bulag ng mga Judiong manunulat noong dumating sa siping ito ng Banal na Kasulatan.

Para sa akin mukhang kahit sino ay makikita mula sa siping ito na ang Mesyas, kapag Siya ay dumating, ay *hindi* maging mayaman at tanyag, mapaligiran ng kahambugan at makataong karangalan, sa halip ay darating bilang isang "taong sa kapanglawan, at bihasa sa karamdaman," upang maging "hinamak at itinakwil ng mga tao." Sa kabila noon, bagaman ang katotohanang ito ay simpleng naisulat sa pahina ng Bibliya,

> "Siya'y naparito sa sariling kaniya [ang mga Judio], at siya'y hindi tinanggap ng mga sariling kaniya" (Juan 1:11).

Ang bansa ng Israel ay hindi, kabuuang, tinanggap si Hesus bilang kanilang Mesyas kahit na Siya ay kay lubos na inilarawan propesiyang ito sa Bibliya. At ibinigay ng propeta sa atin ang dahilan ng kanilang pagtanggi sa Kanya sa berso dalawa ng ating teksto,

> "Sapagka't siya'y tumubo sa harap niya na gaya ng sariwang pananim, at gaya ng ugat sa tuyong lupa: walang anyo

> [kagandahan, ***Strong***] o kagandahan man [kadakilaan, ***Strong***]; at pagka ating minamasdan siya ay walang kagandahan na mananais tayo sa kaniya" (Isaias 53:2).

Ngunit hindi dapat natin hatulan silang mga Judio na tinanggihan Siya na mas maaskad kesa mga Gentil, na sa karamihang bahagi ay tinaggihan rin Siya. Sinabi ni Spurgeon,

> Tandaan na anoman ang naging totoo sa mga Judio ay kapantay na totoo sa mga Gentil. Ang ebanghelyo ni Hesu-Kristo ay ang pinakasimpleng bagay sa mundo, ngunit sa kabila noon walang tao ang nakaiintindi nito hangang siya ay maturuan [ng] Diyos…Dinalahan ng kasalanan ang sangkatauhan ng isang nauukol sa isip na kawalan ng kakayahan na may galang sa ispirituwal na mga bagay…papaano ito sa iyo? Ikaw rin ba ay bulag?...Ikaw rin ba ay bulag? O, kung oo, naway ang [Diyos] ay turuan ka sa pananampalataya ni Hesus (Isinalin mula kay C. H. Spurgeon, "Ugat sa Tuyong Lupa" ["A Root Out of Dry Ground"], ***Ang Metropolitang Tabernakulong Pulpito,*** Pilgrim Publications, 1971 inilimbag muli, kabuuan XVIII, pp. 565-566).

Ngayon, kapag inilipat sa ating teksto sa berso dalawa, makita natin ang tatlong dahilan bakit si Hesus ay tinanggihan. Basahin ang berso dalawa ng malakas,

> "Sapagka't siya'y tumubo sa harap niya na gaya ng sariwang pananim, at gaya ng ugat sa tuyong lupa: walang anyo o kagandahan man; at pagka ating minamasdan siya ay walang kagandahan na mananais tayo sa kaniya" (Isaias 53:2).

## I. Una, si Kristo ay tinanggihan dahil Siya ay nagpakita sa tao gaya ng isang sariwang pananim, isang pasusuhin.

Kakaunti ang naniwala kay Hesus dahil sa katotohang ito.

> "Sapagka't siya'y tumubo sa harap niya na gaya ng sariwang pananim…" (Isaias 53:2).

O, kaya gaya ng sabi ni Dr. Gill, "Gaya ng isang maliit na nagsususo, kung paano pinakakahulugan ang salita, aling tumutubo palabas ng ugat ng isang puno…ng walang babala o pagaalalang kinuha, o kahit anong inasahan para rito mula rito; at ang anyo [talinghaga] ay tinatandaan ang [hamak] at hindi maipangakong kalabasan ng Kristo sa kanyang [kapanganakan]; alin ay ang dahilan na ibinigay bakit ang Judio sa karaniwan ay hindi naniwala, tinanggihan, at kinamuhian siya" (Isinalin mula kay John Gill, D.D., ***Isang Pagpapaliwanag ng Lumang Tipan [An Exposition of the Old Testament],*** The Baptist Standard Bearer, 1989 inilimbag muli, kabuuan I, pp. 310-311).

> "Sapagka't siya'y tumubo sa harap niya na gaya ng sariwang pananim…" (Isaias 53:2).

Ang ibig sabihin nito ay si Kristo ay ipinanganak at lumaki "bago" sa Diyos Ama, na kumuhang pansin sa Kanya at nagpalakas sa Kanya. Sa kabila noon, sinasabi ni Dr. Young, "Sa kalalakihan, datapwa't, ang lingkod [si Hesus] ay nagpakitang gaya ng isang pasusuhin…Pinuputol ng mga kalalakihan ang mga pasusuhin, dahil inaalis nila ang

buhay mula sa puno at sa paningin ng kalalakihan dapat sila ay maitaboy" (Isinalin mula kay Edward J. Young, Ph.D., ***Ang Aklat ng Isaias [The Book of Isaiah],*** William B. Eerdmans Publishing Company, 1972, kabuuan 3, pp. 341-342).

Hindi ba iyan ang pangunahing dahilan na gustong mawala ng mga punong saserdote at mga Fariseo si Hesus? Sinabi nila,

> "Kung siya'y ating pabayaang gayon, ang lahat ng mga tao ay magsisisampalataya sa kaniya: at magsisiparito ang mga Romano at pagkukunin ang ating kinaroroonan at gayon din naman ang ating bansa" (Juan 11:48).

"Pinuputol ng kalalakihan ang mga pasusuhin, dahil inaalis nila ang buhay mula sa puno at sa paningin ng kalalakihan ay dapat maitaboy" (Isinalin mula kay Young, ibid.). Sila ay natakot na mawala nila ang kanilang pagkakilala bilang ang Judiong bansa kung sila ay maniwala sa Kanya. Gaya ng isang "sariwang pananim," isang pasusuhin, natakot sila na Siya ang "[magalis] […] [ng] buhay mula sa puno" ng kanilang bansa.

At hindi ba yan talaga ang *parehong* dahilan na tinanggihan mo Siya? Magisip ka ng mabuti ukol nyan! Hindi ba ito ay totoo rin sa iyo – na takot ka sa *pagkawala* ng bagay na mukhang importante sa iyo – kung lalapit ka sa Kanya at magtiwala sa Kanya? Hindi ba ito totoo na ikaw ay takot na si Kristo ay "[magalis] […] [ng] buhay mula sa puno," na hihigupin Niya ng palayo ang bagay na napaka-importante sa iyo?

Hiniling k okay Dr. Cagan na kuhan ako ng kopya ng isang artikulo na inilagay sa ***Ang Sabado ng Gabing Paskil [The Saturday Evening Post]*** noong Oktubre ng taon 1929. Ito'y isang panayam kasama ng isang dakilang pisisistang si Dr. Albert Einstein. Tinanong siya ng tagapakinayam, "Tinatanggap mo ba ang makasaysayang pagkabuhay ni Hesus?" Sumagot si Einstein, "Walang duda. Walang makababasa ng mga Ebanghelyo na hindi nararamdaman ang presensya ni Hesus. Ang Kanyang personalidad ay pumipintig sa bawat salita. Walang katha ang puno ng ganoong buhay" (Isinalin mula sa ***Ang Sabado ng Gabing Paskil [The Saturday Evening Post],*** Ika-26 ng Oktubre taon 1929, pah. 117). Si Einstein ay mayroong napaka taas na pananaw kay Kristo. Ngunit nakalulungkot na hindi siya kailan man napagbagong loob. Anong pumigil sa kanya? Ito'y tiyak na hindi isang intelektwal na problema. Si Einstein ay isang mapakiapid na lalake, at hindi niya gustong isuko ang kasalanang iyon. Ito'y kasing simple niyan. Kailangan mong sumuko ng mga bagay upang maging isang tunay na Kristiyano.

Ngayon, ako ay magiging huwad na guro kung sabihin ko sa iyo na yan ay hindi totoo. Kung sabihin ko sa iyo na maari kang lumapit kay Kristo nang hindi mawawalan ng kahit anoman nagpapangaral ako ng isang huwad na doktrina. Siyempre ito ay maghahalaga ng isang bagay upang makalapit kay Hesus! Ito ay maghahalaga ng iyong pinaka-buhay! Paano pa kaya ito nagawa ni Kristo ng mas simple? Sinabi Niya,

> "Kung ang sinomang tao ay ibig sumunod sa akin, ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin ang kaniyang krus, at sumunod sa akin Sapagka't ang sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito: at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin at sa evangelio ay maililigtas yaon. Sapagka't ano ang mapapakinabang ng tao, na makamtan ang buong sanglibutan, at mapapahamak ang kaniyang buhay? Sapagka't anong ibibigay ng tao na katumbas sa kaniyang buhay?" (Marcos 8:34-37).

Iyan ay simpleng husto, hindi ba? Upang makalapit kay Kristo dapat mong ikaila ang iyong sarili, kailangan mong isuko ang sarili mong mga kuro-kuro, ang sariling mong mga plano, ang sariling mong mga ambisyon. Kailangan mong isuko ang sarili mo sa

Kanya. Iyan ang ibig sabihin ng *pagtiwala* kay Kristo. Magtiwala ka sa *Kanya* – hindi ang *sarili* mo. Ibigay mo ang sarili mo sa Kanya – hindi sa sarili mong mga naiisip at mga pangarap. "Mawawala" mo ang iyong buhay sa pagsuko mo nito sa Kanya. Tanging sa pagkawala ng buhay mo, sa pagsusuko kay Kristo, na ang iyong buhay ay maliligtas sa pagkawalang hangan.

Sa gayon, ang salitang naibigay "sariwang pananim" nangangahulugang si Kristo ay isang taga-bigay buhay sa paningin ng Diyos. Ngunit Siya ay taga-kuha ng buhay sa paningin ng tao, at samakatwid karamihan ng tao ay tinangihan Siya. Hindi nila gustong "kunin" Niya ang kanilang buhay nang nangingibabaw! Takot silang bumitaw sa kanilang buhay at pabayaang Siya ang gumabay sa kanila.

## II. Pangalawa, si Kristo ay tinanggihan dahil Siya ay nagpakita sa tao gaya ng isang ugat sa tuyong lupa.

> "Sapagka't siya'y tumubo sa harap niya na gaya ng sariwang pananim, at gaya ng ugat sa tuyong lupa…" (Isaias 53:2).

Ubos na ang oras ko dahil nagtagal ako masyado sa unang punto. Ngunit madali nating makikita kung papaano si Kristo nagpakita ng gaya ng isang "ugat sa tuyong lupa." Sinabi ni Dr. Young,

> *Tuyong lupa* ay tumutukoy sa hamak na kalagayan at kaalamang buhat sa karanasan na alin ang lingkod [si Kristo] ay nagpakita. Iminumungkahi nito ang kahabag-habag na katangian ng mga kalagayan sa gitna ng alin ang buhay ng lingkod ay ibinuhay…Ang isang ugat sa tuyong nangalirang lupa ay dapat magpunyagi para maingatan ang buhay (Isinalin mula kay Young, ibid., p. 342).

Ang hulang ito ay tumutukoy sa kahirapang na sa alin si Kristo ay naipanganak. Ang ama Niyang umampon sa Kanya ay isa lamang karpintero. Ang tunay Niyang ina si Maria ay isa lamang mahirap na birheng babae. Siya ay ipinanganak sa isang kuwadra at lumaki sa gitna ng mahihirap, "gaya ng isang ugat sa tuyong lupa." Ginawa Niya ang tungkulin sa buhay sa gitna ng mga mahihirap at hamak. Ang Kanyang mga Disipolo ay mga mangingisda lamang. Tinanggihan Siya ni Haring Herodes, ng Taga Romang gobernor Pilato, ng mga natutong manunulat at Fariseo, "gaya ng isang ugat sa tuyong lupa." Pinaghahampas nila Siyang halos ikamatay Niya. At pagkatapos ipinako nila ang Kanyang mga kamay at paa sa krus. Inilagay nila ang Kanyang sirang, patay na katawan sa loob ng isang hiniram na libingan. Ang buong buhay Niya sa mundo, ang Kanyang paghihirap at Kanyang kamatayan, ay lahat binuhay, "gaya ng isang ugat sa tuyong lupa." Ngunit salamat sa Diyos, Siya ay bumangon mula sa pagkamatay sa pangatlong araw, *"gaya ng isang ugat sa tuyong lupa"*! Gaya ng sariwang suwi ng isang pananim tumutubong bigla pagkatapos ng isang hindi inaasahang bagyo, kaya si Kristo ay lumukso sa unahan, nabuhay mula sa pagkamatay, "gaya ng isang ugat sa tuyong lupa." Alleluya!

At sa kabila noon, karamihang tao ay hindi naniniwala sa Kanya. Iniisip nila Siya na gaya ng isang "nanghihigop ng buhay" at isang "patay na Judio."

> "Sinong naniwala sa aming balita? at kanino nahayag ang bisig ng Panginoon? Sapagka't siya'y tumubo sa harap niya na gaya ng sariwang pananim, at gaya ng ugat sa tuyong lupa…" (Isaias 53:1-2).

## III. Pangatlo, si Kristo ay tinanggihan dahil Siya ay walang anyo o kagandahan man, walang kagandahan na mananais tayo sa Kanya.

Magsitayo at basahin ang berso dalawa ng malakas.

> "Sapagka't siya'y tumubo sa harap niya na gaya ng sariwang pananim, at gaya ng ugat sa tuyong lupa: *walang anyo o kagandahan man; at pagka ating minamasdan siya ay walang kagandahan na mananais tayo sa kaniya"* (Isaias 53:2).

Maari na kayong magsiupo.

Si Hesus ay "walang anyo o kagandahan man," walang panlabas na kaanyoan ng karangalan at luwalhati. Sinabi ni Dr. Young, "Kapag makita natin ang lingkod [si Kristo] wala tayong mahanap na kagandahan na mananais tayo sa kanya. Ang ating hatol, sa ibang salita, ay alinsunod sa panlabas na kaanyoan at hindi ito makatwiran at tunay. Ito ay isang malungkot na larawan. Ang lingkod [si Kristo] ay tumahan sa gitna ng kanyang sariling mga tao, at sa likod ng kanyang pisikal na anyo ang mata ng pananampalataya ay dapat nakita ang totoong luwalhati; ngunit sa pagtinggin sa kanyang panlabas na kaanyoan, walang nahanap ang Israel na kagandahang malugod sa mata… ang kaanyoan ng lingkod [si Kristo] ay gayong tao, paghatol mula sa maling pananaw, ay lubos na maling paghatol sa kanya" (Isianlin mula kay Young, ibid.).

Sa panlabas si Hesus ay walang kagandahan o karangalan para maakit ang mundo. Hindi Niya handog ang mga bagay na nakakaakit ng karamihang tao. Hindi Niya handog ang tagumpay o kabantugan o pera o makamundong kaluguran. Pawang kabaligtaran.

> "Kung ang sinomang tao ay ibig sumunod sa akin, ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin ang kaniyang krus, at sumunod sa akin. Sapagka't ang sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito: at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin at sa evangelio ay maililigtas yaon. Sapagka't ano ang mapapakinabang ng tao, na makamtan ang buong sanglibutan, at mapapahamak ang kaniyang buhay? Sapagka't anong ibibigay ng tao na katumbas sa kaniyang buhay?" (Marcos 8:34-37).

Si Kristo ay naghahandog ng pagkakait ng sarili. Si Kristo ay naghahandog ng pagkawala ng panpigil sa ibabaw ng isang sariling buhay at tadhana. Si Kristo ay naghahandog ng kaligtasan ng kaluluwa, ang pagpapatawad ng mga kasalanan, at ng walang hangang buhay. Ito ay mga bagay na hindi mahipo, mga bagay na hindi mahawakan o makikita sa makataong pandama o paningin, mga bagay na ispiritwal ang katangian. Kung gayon si Kristo ay tinaggihan nila kung sinong ang mga mas naloloob na mata ay hindi pa nabubksan ng Diyos, dahil

> "ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios: sapagka't ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya; at hindi niya nauunawa, sapagka't ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa espiritu" (I Mga Taga Corinto 2:14).

Ngunit ako'y nagtataka, ngayong umaga, kung ang Diyos ay sakaling nakikipag-usap sa iyong puso. Ako'y nagtataka kung sakaling sinasabi sa iyo ng Diyos, "Bagama't *walang kagandahan na mananais tayo sa kanya,* sa kabila noon ika'y hinahatak ko sa aking Anak." Nadama mo na ba yan sa iyong puso? Nadama mo na ba ang mundo ay

walang maihandog na mashigit pa sa isang lumilipas na sandali ng kaligayahan o lumilipas na sandali ng tagumpay? Napag-isipan mo ba ang iyong kalululuwa? Napag-isipan mo na ba ang tungkol sa kung saan ang kaluluwa mo ay mananatili ng panghabang buhay kung hindi malinis ni Hesus ang iyong mga kasalanan gamit ang kanyang Dugo? Napag-isipan mo na ba ang mga patungkol sa mga bagay na ito? At, kung napag-isipan mo na, makakapunta ka ba sa pamamagitan ng iyong simpleng pananampalataya sa Kanyang "walang anyo o kagandahan man…walang kagandahan na mananais tayo sa kanya"? (Isaias 53:2). Ikaw ba ay luluhod sa harapan ni Hesus ng Nazaret, at magtiwala sa Kanya ng buong puso mo? Panalangin ko na yan ay gawin mo.

> Kunin ninyo ang mundo, ngunit ibigay ninyo sa akin si Hesus,
> Lahat ng kagalakan ay datapwa't isang pangalan;
> Ngunit ang Kanyang pagmamamahal ay nananahan kailanman,
> Sa buong walang hangang mga taon ay katulad.
>
> Kunin ninyo ang mundo, ngunit ibigay ninyo sa akin si Hesus,
> Sa Kanyang krus ang aking tiwala ay marapat maging;
> Hangang sa may masmalinaw, masmaliwanag na malas,
> Makaharap kong makita ang aking Panginoon.
> O, ang tayog at kalaliman ng habag!
> O, ang haba at luwang ng pagmamahal!
> O, ang kapuspusan ng katubusan,
> Panata ng walang katapusang buhay sa itass!
> ("Kunin ninyo ang Mundo, Ngunit Ibigay ninyo sa Akin si Hesus."
> Isinalin mula sa "Take the World, But Give Me Jesus"
> ni Fanny J. Crosby, 1820-1915).

Kung ang Diyos ay nakipag-usap sa iyong puso, at handa ka nang iwan ang kasiyahan ng lumilipas na mundong ito, at kung ikaw ay handa ng sumuko kay Hesu-Kristo at magpunta sa Kanya sa pananampalataya, at gusto mong malinis ang iyong mga kasalanan sa Kanyang Dugo, at kung gusto mong makipag-usap sa amin ukol dyan, maaring magpunta na ngayon sa likuran ng silid ngayon na? Gagabayan kayo ni Dr. Cagan sa isang tahimik na lugar kung saan atin itong mapag-usapan. Panalangin ko na ikaw ay lalapit at maligtas sa pamamagitan ng simpleng pananampalataya sa Tagapagligtas. Amen.

## ANG BALANGKAS NG

# SI KRISTO – TINANGGIHAN NG MASA

**(PANGARAL BILANG 3 SA ISAIAS 53)**

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

> "Sinong naniwala sa aming balita? at kanino nahayag ang bisig ng Panginoon? Sapagka't siya'y tumubo sa harap niya na gaya ng sariwang pananim, at gaya ng ugat sa tuyong lupa: walang anyo o kagandahan man; at pagka ating minamasdan siya ay walang kagandahan na mananais tayo sa kaniya" (Isaias 53:1-2).

(Juan 12:37-38; Mga Taga Roma 10:12, 16; Mateo 7:14;
Lucas 13:24; Mga Gawa 8:30-31; Juan 1:11)

I. Una, si Kristo ay tinanggihan dahil Siya ay nagpakita sa tao gaya ng isang sariwang pananim, isang pasusuhin Isaias 53:2a; Juan 11:48; Marcos 8:34-37.

II. Pangalawa, si Kristo ay tinanggihan dahil Siya ay nagpakita sa tao gaya ng isang ugat sa tuyong lupa, Isaias 53:2b.

III. Pangatlo, si Kristo ay tinanggihan dahil Siya ay walang anyo o kagandahan man, walang kagandahan na mananais tayo sa Kanya, Isaias 53:2c; Marcos 8:34-37; I Mga Taga Corinto 2:14.

# SI KRISTO – PANDAIGDIGANG HINDI PINAHAHALAGAHAN

**(PANGARAL BILANG 4 SA ISAIAS 53)**

## CHRIST – UNIVERSALLY DEVALUED

**(SERMON NUMBER 4 ON ISAIAH 53)**
(Tagalog)

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

Isang pangaral na ipinangaral sa Baptist Tabernacle ng Los Angeles
Sabado ng Gabi, ika-16 ng Marso taon 2013

> "Siya'y hinamak at itinakuwil ng mga tao; isang taong sa kapanglawan, at bihasa sa karamdaman: at gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao, na siya'y hinamak, at hindi natin hinalagahan siya" (Isaias 53:3).

Sinabi ni Dr. Edward J. Young,

> Ang kawalan ng pananampalataya na pinapakita dito ni Isaias ay ang parehong kawalan ng pananampalataya na mahahanap sa lahat ng tungkol sa atin ngayon. Ang mga tao ay nakakapagsabi ng mga kaaya-aya at mapagbigay-loob na mga bagay ukol kay [Kristo]. Kanilang pupurihin ang Kanyang mga prinsipiyong nauukol sa mabuti at matwíd na kaugalian, ang Kanyang pagtuturo, ay naghahayag na Siya ay isang mabuting tao at isang dakilang propeta, ang nag-iisang nakakalam ng mga sagot sa mga panlipunang mga problema na ngayo'y hinaharap ng mundo. Gayon man ay hindi nila, kikilalanin na sila ay makasalanan, na nararapat ng walang-hangang kaparusahan, at na ang pagkamatay ni Kristo ay kahalileng sakripisiyo, na nakapanukala para bigyang kasiyahan ang katarungan ng Diyos at mapagsundo ang isang agrabiadong Diyos sa mga makasalanan. Hindi tatanggapin ng tao ang anumang sabihin ng Diyos hinggil sa Kanyang Anak. Ngayon, rin, ang Lingkod [si Kristo] ay hinamak at tinanggihan ng mga tao, at ang mga tao ay hindi Siya pinahahalagahan. (Isinalin mula sa isinulat ni Edward J. Young, Ph.D., ***Ang Aklat ng Isaias [The Book of Isaiah],*** William B. Eerdmans Publishing Company, 1972, kabuuan 3, p. 344).

Sinabi ni Luther na ang ika-limampu't tatlong kapitulo ng Isaias ay ang pinaka-puso ng Bibliya. Naiisip ko na siya ay tama. Kung tanggap mo iyan, puwes ang ating teksto ay kumuha ng napakalaking kahalagahan. Naniniwala ako na ang bersong ito ay isa sa mga pinakamalinaw na salaysay tungkol sa kabuuang kasiraan ng katauhan na ibinigay sa Bibliya. Sa pag-gamit ng "kasiraan" ang aming ibig sabihin ay "kabulukan." Sa paggamit ng "kabuuan" ang aming ibig sabihin ay "lubos." Ang mga tao ay lubusang nabulok. Gaya ng paglagay nito ng Heidelberg Katekism, ang kasiraan ng likas na tao ay dumating "Mula sa pagbagsak at paglabag ng ating unang mga magulang, na sina Adan at si Eba, sa Paraiso. *Ang pagbagsak na ito ay taglay na nilason ang ating kalikasan na tayo ay ipinanganak na makasalanan* – nabulok mula sa pagkabatid" (Isinalin mula sa

***Ang Heidelberg Katekismo [The Heidelberg Catechism],*** Tanong bilang pito). Ang kasiraan ng tao ay naipapakita sa pamamagitan ng hamon patungo sa Diyos,

> "Sapagka't ang kaisipan ng laman ay pakikipagalit laban sa Dios" (Mga Taga Roma 8:7).

Ang pagkapoot na iyan ay umaabot kay Kristo, kung sino ay ang Diyos Anak. Ipinapaliwanag kabuuang kasiraan kung bakit ang mga taga Romang mga sundalo na dumakip sa Kanya ay

> "nilululuraan, at kinuha nila ang tambo at sinaktan siya sa ulo" (Mateo 27:30).

Ipinapaliwanag ng kabuuan kasiraan kung bakit nagawa ng taga Romang gobernador na si Pilato na

> "si Jesus ay hinampas at ibinigay upang ipako sa krus" (Mateo 27:26).

Ipinapaliwanag ng kabuuang kasiraan kung bakit ang mga tao ay tumili sa Kanya at inisulto Siya habang Siya ay nakabiting namamatay sa Krus.

Ipinapaliwanag kabuuang kasiraan kung bakit, kahit ngayon,

> "Siya'y hinamak at itinakuwil ng mga tao; isang taong sa kapanglawan, at bihasa sa karamdaman: at gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao, na siya'y hinamak, at hindi natin hinalagahan siya" (Isaias 53:3).

## I. Una, ang lubos na kasiraan ay nagsasanhi sa sangkatauhan para hamakin at tanggihan si Kristo.

> "Siya'y hinamak at itinakuwil ng mga tao …" (Isaias 53:3).

Inilalarawan nito ang karaniwang pagtanggi kay Kristo na nakikita natin sa lahat ng paligid natin ngayon. Makikita mo ito sa harapang takip ng mga Amerikanong magasin gaya ng ***Time*** at ***Newsweek*** sa Pasko at sa Pasko ng Pagkabuhay. Ang mga balitang peryodikong ito ay di-pabagobagong gumagawa ng isang pantakip na kwento kay Kristo sa panahon na iyan bawat Disyembre at bawat Abril. Ngunit asahan mo ako na sila ay hindi kailanman kapuri-puring mga kwento. Lagi nilang pipiliin ang isang kakaiba ang hitsurang medibal na dibuho para sa harapan ng magasin, isang larawan na gingawa si Kristong magmukhang kataka-taka at hindi napapanahon sa modernong isipan. Siyempre sadya nila itong ginagawa. Di-pabagobagong meron silang isang panakip na kwentong naisulat ng mga taong nagmula sa sukdulang gilid ng teolohikong liberalismo, mga taong tanggi si Kristo bilang ang kaisa-isang Anak ng Diyos, at ang kaisa-isang paraan ng kaligtasan. Ako'y sigurado na ang mga bagay na ito ay nakalimbag sa mga ukol sa Britanyang tabloyd, at sa mga magasin sa buong mundo. Si Kristo ay madalas bukas na tinutuligsa sa telebisyon at sa mga pelikula rin.

Sa inyong sekular na mataas na paaralan o kolehiyo, kayong mga mag-aaral na mahusay na nakakalam na ang iyong mga propesor ay hindi kailanman nagkaroon ng isang mabuting salita tungkol kay Hesus o sa Kristyanismo. Si Kristo at ang Kanyang pagtuturo ay palaging tinutuligsa at inilalagay sa baba noong mga propesor na iyon.

> "Siya'y hinamak at itinakuwil ng mga tao" (Isaias 53:3).

Ang inyong mga kaklase sa eskwelahan, at ang inyong mga katrabaho sa inyong mga pinagtratrabahuan, ay ginagamit ang pangalan ni Kristo bilang isang sinumpang salita, at nagsasalita ng kasamaan sa Kanya sa isang halos pangaraw-araw na batayan.

Kung ikaw ay nanggagaling mula sa isang hindi-Kristiyanong tahanan, hindi ka rin masayadong makahahanap ng silungan kahit doon! Alam mo nang husto na ang iyong mga hindi-Kristiyanong mga magulang ay hinahamak at tinatanggihan ang Tagapagligtas. Marami sa inyo ay nakakaalam kung gaano kahirap nitong pagtiisan ang paninirang puri at pag-aalipusta na kanilang tinatambak kay Kristo – at sa *iyo* dahil sa paniniwala mo sa Kanya at pagpupunta sa isang Baptist na simbahan. Lahat ng ito ay umaagos palabas ng nanghahamong, nasirang puso ng sangkatauhan.

> "Siya'y hinamak at itinakuwil ng mga tao" (Isaias 53:3).

## II. Pangalawa, ang lubos na kasiraan ay nagsasanhi ng kalungkutan at dalamhati ni Kristo.

> "Siya'y hinamak at itinakuwil ng mga tao; *isang taong sa kapanglawan, at bihasa sa karamdaman …"* (Isaias 53:3).

Anong nagsasanhi ng kalungkutan at dalamhati ni Kristo? Ano pa ba kundi ang hamon at pagtatanggi ng isang nawawalang mundo patungo sa Kanya?

Noong Siya ay nabubuhay sa mundo ang mga manunulat at mga Fariseo at mga mataas na saserdote ay napaka-nanghahamon sa Kanya, at kay tinding tinanggihan Siya, na sinigaw Niya sa dakilang hapis ng kaluluwa sa isang okasyon:

> "Oh Jerusalem, Jerusalem, na pumapatay sa mga propeta, at bumabato sa mga sinugo sa kaniya! Makailang inibig kong tipunin ang iyong mga anak, na gaya ng pagtitipon ng inahing manok sa kaniyang sariling mga sisiw sa ilalim ng kaniyang mga pakpak, *at ayaw kayo"* (Lucas 13:34).

Si Kristo ay talagang nasira na may kalungkutan at dalamhati, talagang pababang tinimbangan sa kasalanan ng kasiraan ng sangkatauhan, na sa Hardin ng Gethsemane, ang gabi bago nila dinakip at pinako Siya,

> "Ang Kaniyang pawis ay naging gaya ng malalaking patak ng dugo na nagsisitulo sa lupa" (Lucas 22:44).

> Doon dinala ng aking Diyos ang lahat ng aking sala;
>   Ito sa pamamagitan ng biyaya ay mapaniniwalaan;
> Ngunit ang mga takot na Kanyang naramdaman
>   Ay masyadong malaki upang maisip.
> Walang makatatagos sa iyo,
>   Mamanglaw, madilim na Gethsemani!
> Walang makatatagos sa iyo,
>   Mamanglaw, madilim na Gethsemani!
> ("Gethsemani." Isinalin mula sa "Gethsemane." ni Joseph Hart, 1712-1768;
>   binago ng Pastor; sa tono ng "Come, Ye Sinners").

Ano pa bang nagsanhi kay Kristo na maranasan ang hapis na ito sa Kanyang katawan at kaluluwa, kung hindi ang iyong kasalanan? Ano pa bang nagsanhi ng Kanyang kalungkutan at dalamhati, *kung hindi ang hamon at poot ng iyong nasirang kalikasan,*

*alin ay tinawag sa harap ang hatol ng Diyos sa Kanya,* ginagawa nitong kailanganin para sa Kanya para tuyain ang iyong mga kasalanan sa Krus?

> Isang Taong sa kapangwalan, anong pangalan
> Para sa Anak ng Diyos na pumarito
> Nasirang makasalanan para baguhin!
> Alleluya! Anong Tagapagligtas!
>
> Nagtataglay ng kahihiyan at tumutuyang basyos
> Sa aking lugar hinatulan Siya tumayo;
> Nakatatak ang aking kapatawaran sa Kanyang dugo;
> Anong Tagapagligtas!
> (“Alleluya! Anong Tagapagligtas.” Isinalin mula sa
> “Hallelujah! What a Saviour!” ni Philip P. Bliss, 1838-1876).

At ano itong nasa naloob mong kalikasan ngayon na nagsasanhi ng kalungkutan at dalamhati ni Hesus, habang Siya ay nakaupo sa kanang kamay ng Diyos sa Langit? Siya ay puno ng kalungkutan at dalamhati sa ibabaw ng bagay na ikaw, mismo, ay hinamak at tinanggihan Siya. Maari mong sabihin na iniibig mo Siya. Ngunit ang katunayan na tumatanggi kang magtiwala sa Kanya ay nagpapakita na tunay mo Siyang hinamak at tinanggihan. Maging tapat sa iyong sarili! Kung hindi mo Siya hinamak at tinanggihan, anong ibang posibleng dahilan ang naroon na pumipigil sa iyong magtiwala sa Kanya? Ang iyong pagtangging magtiwala sa Kanya ay nagsasahi sa Kanya ng matinding dalamhati at pagdurusa ngayong gabi.

> “Siya'y hinamak at itinakuwil ng mga tao; *isang taong sa kapanglawan, at bihasa sa karamdaman …*” (Isaias 53:3).

## III. Pangatlo, ang lubos na kasiraan ay nagsasanhing ikubli ng sangkatauhang ang mukha nito kay Kristo.

Tignan ang pangatlong pangkat ng teksto,

> “Siya'y hinamak at itinakuwil ng mga tao; isang taong sa kapanglawan, at bihasa sa karamdaman: *at gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao*” (Isaias 53:3).

Sinabi ni Dr. Gill, *“At gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao;* gaya ng isang kasuklamsuklam at nakaririmarim, gaya ng isang mayroong sama ng loob sa kanya, at poot sa kanya, gaya ng isang nangutyang tumingin sa kanya, sa paraang hamak sa kahit anong pansin” (isinalin mula sa aklat ni John Gill, D.D., ***Isang Pagpapaliwanag ng Lumang Tipan [An Exposition of the Old Testament],*** The Baptist Standard Bearer, 1989 inilimbag muli, kabuuan. I, pp. 311-312).

Sa kanilang angking kalagayan ng kasiraan, ang mga tao ay pinagkublihan ng kanilang mukha kay Kristo. Maari silang, gaya ng sinabi ni Dr. Young, “magsabi ng kasiya-siya at mapagbigay-loob na mga bagay tungkol sa Kanya…[Ngunit] hindi nila, sa gayon, kinikilala na sila ay makasalanang, karapatdapat ng walang hangang kaparusahan, at na ang kamatayan ni Kristo ay isang bikaryong sakripisyo, nakapanukala para mabigyang kasiyahan ang katarungan ng Diyos at mapagsundo ang isang agrabiadong Diyos sa mga makasalanan. Hindi nila tatanggapin kung anomang sabihin ng Diyos hinggil sa Kanyang Anak” (Isinalin mula sa Young, ibid.).

Ang mga hindi-Kristyanong relihiyon alin man ay tinatanggihan si Hesus ng lubos, o kaya pinapalayas Siya mula sa pwesto ng isang pulos na “propeta” o “guro.” Sa

ganitong paraan, tinatanggihan nila ang *tunay* na Kristo, gaya ng pagkalantad Niya sa Bibliya. Tinanggihan rin ng mga kulto ang tunay na Kristo. Tinanggihan nila ang tradisyonal na Kristyanismo at pinalit, sa lugar ng tunay na Kristo, "ibang Jesus, na hindi namin ipinangaral" (II Mga Taga Corinto 11:4). Hinulaan ni Hesus ito noong sinabi Niyang, "may magsisilitaw na mga bulaang Cristo" (Mateo 24:24). Ang nag-iisang tunay na Kristo ay ang isang inilantad sa Matanda at Bagong mga Tipan. Lahat ng ibang pagkabatid kay Kristo ay mga "bulaang Cristo," o, gaya nitong inilagay ng Apostol San Pablo, "ibang Jesus, na hindi namin ipinangaral." Ang mga Mormon ay mayroong bulaang Kristo. Ang mga Saksi ni Jehovah ay mayroong bulaan Kristo. Maraming mga ebanghelikal ay mayroon ring isang bulang "Espiritung-Kristo" ngayon, isang nostikong Kristo, gaya ng pagpapaliwanag ni Michael Horton sa kanyang aklat na ***Walang Kristong Kristiyanismo [Christless Christianity]*** (Baker Books, 2008). Sa pamamagitan ng paniniwala sa bulaang Kristo kinukubli nila ang kanilnang mga mukha mula sa tunay na Kristo na inilantad sa Banal na Kasulatan.

Kahapis-hapis, na ito ay madalas na totoo kahit sa halubilo ng mga ebanghelikong Kristyano. Si Dr. A. W. Tozer, isang mataas na pinahahalagahang ebanghelikong may-akda, ay ginawa iyang puntong napaka-simple noong sinabi niyang,

> Maraming mga dakilang mga huwad na Kristo sa halubilo natin [mga ebangheliko] sa mga panahong ito. Si John Owen, ang matandang Puritan, ay binalaan ang ang mga tao sa kanyang panahon: "Mayroon kayong Kristong sa isip lamang at kung ikaw ay nasisiyahan sa isang Kristong sa isip lamang baka nasisiyahan ka rin sa kaligtasang sa isip lamang"…Ngunit meron lamang nag-iisang tunay na Kristo, at ang Diyos ay nagsabi na Siya ay Kanyang Anak…Kahit sa halubilo noong mga kinilala ang kadyosan ng Kristo ay mayroong kadalasang isang kakulangan para kilalanin ang Kanyang pagkalalake. Tayo ay madaling umoo na kapag Siya ay naglakad sa mundo Siya ay *ang Diyos ng mga tao,* ngunit ating tinungo ang isang katotohanang kapantay lang ng kahalagahan, na kung saan Siya ngayon ay nakaupo sa Kanyang namamagitang trono [sa taas sa Langit] Siya ay *tao ng Diyos.* Ang mga tinuturo ng Bagong Tipan ay iyan ngayon, sa pinaka-oras na ito, mayroong isang tao sa langit na nagpapakita sa piling ng Diyos para sa atin. Siya ay kasing siguradong lalake kagaya nina Adan at Moises o Pablo. Siya ay isang lalakeng niluwalhatian, ngunit ang Kanyang pagkaluwalhati ay hindi Siya inalisan ng taglayin ng asal tao. Ngayon Siya ay isang tao, ng lahi ng sangkatauhan.
>
> Ang Kaligtasan ay hindi nanggagaling sa "pagtanggap ng tapos na gawa" o "pagpapasya para kay Kristo." [Ngunit] ito ay dumarating sa pamamagitan ng paniniwala sa Panginoong Hesu-Kristo, ang buong, nabubuhay, nagwawaging Panginoon, bilang Diyos at tao, nilabanan ang ating laban at nagwagi, tinanggap ang ating utang [ng kasalanan] at nagbayad nito, kinuha ang ating mga kasalanan at namatay sa ilalim ng mga ito at bumangong muli para palayain tayo. Ito ay ang tunay na Kristo, at wala nang iba pa ang maari. (Isinalin mula sa aklat ni A. W. Tozer, D.D., "Si Hesu-Kristo ay Panginoon" Isinalin mula sa "Jesus Christ is Lord," ***Mga Hiyas Mula kay Tozer*** [***Gems From Tozer],*** Christian Publications, 1969, by permission of Send the Light Trust, 1979, pp. 24, 25).

Ang angking kasiraan ng makataong puso ay nagsasanhing magkubli ng kanilang mukha ang mga hindi napagbagong loob mula sa tunay na Kristo.

> *"At gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao"* (Isaias 53:3).

## IV. Pang-apat, ang lubos na kasiraan ay nagsasanhing hindi pahalagahan ng sangkatauhan si Kristo.

Tignan ang hulihan ng ating teksto, sa berso tatlo. Magsitayo tayo at basahin ng malakas ang huling pangkat, nagsisimula sa mga salitang, "na siya'y hinamak…"

> "Na siya'y hinamak, at *hindi natin hinalagahan siya"* (Isaias 53:3).

Maari na kayong magsi-upo. Nagsasalita noong mga salitang iyon, "hindi natin siya pinahahalagahan," sinabi ni Spurgeon, "ang prinsipe ng mga nangangaral," ay nagsabing,

> Ito dapat ang pandaigdigang kumpisal ng lahi ng tao. Mula sa pinkamataas na puno patungo sa pinakahamak [pinaka mababa] na taong bukid, mula sa pinakamatayog na nakaaalam patungo sa pinaka pinababang isip, mula sa hinahangaan ng lahat ng tao patungo sa hindi kilala at hindi importante, itong isang kumpisal ay dapat dumating: "Hindi natin siya pinahahalagahan"…Kahit ang pinakabanal na mga santo…kahit sila ay minsang "hindi siya pinahalagahan"…ng isang bese "hindi siya pinahalagahan [bago sila napagbagong loob]" (Isinalin mula sa isinulat ni C. H. Spurgeon, "Bakit Si Kristo ay Hindi Hinahalagahan," ["Why Christ is Not Esteemed"], ***Ang Metropolitang Tabernakulong Pulpito [The Metropolitan Tabernacle Pulpit],*** Pilgrim Publications, 1978 inilimbag muli, kabuuan. LIII, p. 157).

Yaong katulad na pangaral, na pinamagatang, "Bakit si Kristo ay Hindi Pinahahalagahan" ["Why is Christ Not Esteemed"] nagbigay si Spurgeon ng apat na dahilan bakit itong nawalang mundo ay nagkulang sa pagpapahalaga kay Kristo, bakit ang mga taong hind napagbagong loob ay hindi nakikita ang halaga ni Kristo, hindi nag-iisip ng mataas sa Kanya, hindi pinahahahalagahan at sinasamba Siya. Sinabi ni Spurgeon na ang mga hindi ligtas na mga tao ay hindi Siya pinahahalagahan dahil rito sa mga apat na dahilan:

(4) Hindi mahalaga si Kristo sa mga tao dahil pinahahalagahan nila nang napakataas ang kanilang mga sarili. "Sariling-pagpahalaga," ang sabi niya, "ang nanatili kay Hesus sa labas…at mas mashigit na tumaas ang ating sariling-pagpahalaga, mashigit na matatag na ating ikakabit [sususian] ang pinto laban kay Kristo. Ang pagmamahal sa sarili ay pumipigil sa pagmamahal ng Tagapagligtas."

(5) Hindi mahalaga si Kristo sa mga tao dahil pinahahalagahan nila nang napakataas ang mundo. "Hindi namin Siya pinahahalagahan dahil mahal namin ang mundo at ang lahat nitong mga kahangalan."

(6) Hindi mahalaga si Kristo sa mga tao dahil hindi nila Siya kilala. "Mayroong dakilang pagkakaiba sa pagitan ng pagkakaalam tungkol kay Kristo at pagkikilala kay Kristo mismo…Yaong mga nag-iisip ng

mali tungkol kay Kristo ay kalianman hindi siya nakilala…'hindi namin siya pinahahalagahan'…dahil hindi namin siya kilala."

(7) Hindi mahalaga si Kristo sa mga tao dahil sila ay ispiritwal na patay. Sinabi ni Spurgeon "Hindi nakakagulat na hindi namin pinahahalagahan si Kristo, dahil kami ay ispiritwal na patay…kami ay 'namatay sa mga labag at kasalanan,' at, gaya ni Lazaro sa kanyang libingan, kami ay nagiging maslalong nabubulok habang ang bawat panahon ay dumaan."

Ang mga ito ngayon, ay mga dahilan na binigay ni Spurgeon dahil sa pagtanggi ng sangkatauhan ng Tagapagligtas, dahil sa bagay na hindi nila nakikita ang halaga Niya. Ako'y nagtataka, ang tekstong ito ba ay nasasabuhay sa iyo?

> "Siya'y hinamak at itinakuwil ng mga tao; isang taong sa kapanglawan, at bihasa sa karamdaman: at gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao, na siya'y hinamak, *at hindi natin hinalagahan siya"* (Isaias 53:3).

Ang mga salita ba ng pangaral na ito'y napaisip ka tungkol sa iyong kasiraan, ang mapagmatigas na paglaban ng iyong puso kay Hesus? Naramdama mo na ba ng kaunti ang kabulukan ng iyong puso, aling tumatanggi kay Kristo at hindi Siya pinahahalagahan? Kung nararamdaman mo ang kahit ano noong kakilakilabot na kabulukang iyon sa iyong sarili, maasahan mo ako na sa biyaya ng Diyos lamang na ito'y magawa mo. Gaya ng paglagay ng matandang si John Newton,

> Kamangha-manghang Biyaya! kay tamis ng tunog
> Na nagligtas ng isang abang katulad ko!
> Ako'y minsa'y nawala, ngunit ngayo'y nahanap na,
> Noo'y bulag ngunit ngayo'y nakakakita
>
> Ito'y biyaya ang nagturo sa aking pusong matakot,
> At biyaya ang nagpaginhawa sa aking takot;
> Napaka mahal na nagpakita ang biyayang iyon
> Sa oras na ako'y unang naniwala!
> ("Kamangha-manghang Biyaya." Insinalin mula sa
> "Amazing Grace" ni John Newton, 1725-1807).

Kung nakikita mong ang iyong mapagmatigas na puso ay hinarangan laban kay Kristo, at kung nadarama mo sa kahit anong antas ang iyong sariling kawawang kasiraan sa pagtatanggi kay Kristo, ma-isusuko mo na ba ngayon ang iyong sarili sa Kanya? Pagkakatiwalaan mo ba si Kristo na hinahamak at tinatanggihan ng mundo? Kapag iyong pagkakatiwalaan si Hesus ika'y agad-agad na maliligtas mula sa kasalanan at Impiyerno sa pamamagitan ng Kanyang Dugo at katuwiran. Amen.

ANG BALANGKAS NG

# SI KRISTO – PANDAIGDIGANG HINDI PINAHAHALAGAHAN

**(PANGARAL BILANG 4 SA ISAIAS 53)**

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

"Siya'y hinamak at itinakuwil ng mga tao; isang taong sa kapanglawan, at bihasa sa karamdaman: at gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao, na siya'y hinamak, at hindi natin hinalagahan siya" (Isaias 53:3).

(Mga Taga Roma 8:7; Mateo 27:30, 26)

I. Una, ang lubos na kasiraan ay nagsasanhi sa sangkatauhan para hamakin at tanggihan si Kristo, Isaias 53:3a.

II. Pangalawa, ang lubos na kasiraan ay nagsasanhi ng kalungkutan at dalamhati ni Kristo, Isaias 53:3b; Lucas 13:34; 22:44.

III. Pangatlo, ang lubos na kasiraan ay nagsasanhing ikubli ng sangkatauhang ang mukha nito kay Kristo, Isaias 53:3c; II Mga Taga Corinto 11:4; Mateo 24:24.

IV. Pang-apat, ang lubos na kasiraan ay nagsasanhing hindi pahalagahan ng sangkatauhan si Kristo, Isaias 53:3d.

# ANG PAGHIHIRAP NI KRISTO – ANG TUNAY AT ANG HUWAD

**(PANGARAL BILANG 5 SA ISAIAS 53)**

## CHRIST'S SUFFERING – THE TRUE AND THE FALSE

**(SERMON NUMBER 5 ON ISAIAH 53)**

(Tagalog)

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

Isang pangaral na ipinangaral sa Baptist Tabernacle ng Los Angeles
Umaga ng Araw ng Panginoon, ika-14 ng Marso taon 2013

> "Tunay na kaniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan; gayon ma'y ating pinalagay siya na hinampas, sinaktan ng Dios, at dinalamhati" (Isaias 53:4).

Ang unang bahagi ng ating teksto ay nagsasabi na si Hesus ay "dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan." Ang bahagi ng bersong ito ay isinipi sa Bagong Tipan, sa Mateo 8:17,

> "Upang matupad ang sinabi sa pamamagitan ng propeta Isaias, na nagsasabi, *Siya rin ang kumuha ng ating mga sakit, at nagdala ng ating mga karamdaman"* (Mateo 8:17).

Ang Mateo 8:17 ay mas higit na isang pagsasabuhay kaysa isang derektang siping ng Isaias 53:4. Sinabi ni Dr. Edward J. Young, "Ang pagtutukoy sa Mateo 8:17 ay angkop, dahil ang anyo rito ng karamdaman ay tumutukoy sa kasalanan mismo, ang berso ay nagsasama ng pag-iisip ng pag-aalis ng mga kinahihinatnan ng kasalanan. Karamdaman ay ang di mapaghihiwalay na kasamahan ng kasalanan" (Isinalin mula kay Edward J. Young, Ph.D., ***Ang Aklat ni Isaias [The Book of Isaiah],*** William B. Eerdmans Publishing Company, kabuuan 3, p. 345).

Sa Mateo 8:17 ang pagtatakip ng sala ay *maiaakma* sa paggaling ng sakit. Ngunit kailanngan nating tandaan na ito ay isa lamang *pag-aakmang* ibinigay ni Mateo, at hindi ito ang pangunahing kahulugan na ibinigay sa ating teksto. "Tamang-tama na sinabi ni propesor Hengstenberg na ang lingkod [si Kristo] ay nagtataglay ng kasalanan sa mga kinahinatnan nito, at kahalubilo nilang nagtatalaga ng tanghal na lugar ang mga karamdaman at mga kirot. Dapat tandaan na sinasadya ni Mateong lumihis mula [sa mga Hudyo sa Isaias 53:4]…para pahalagahan ang bagay na si Kristo ang totoong tumaglay ng ating karamdaman" (Isinalin mula sa isinipi kay Young, ibid., pahina 345, talababa 13).

Isang maingat na pagbabasa ng apat na Ebanghelyo ay magpapakita na si Kristo ay nagpagaling ng karamdaman bilang patunay na kaya Niyang pagalingin ang kaluluwa, sa pamamagitan ng pagliligtas nito sa pagbabagong loob. Isang halimbawa nito ay makikita sa sampung mga leproso na sumigaw kay Hesus, at nagsabing, "Guro, maawa ka sa amin" (Lucas 17:13). Pinadala sila ni Hesus sa Templo para ipakita nila ang mga sarili sa mga saserdote, "at samantalang sila'y nagsisiparoon, ay nangalinis sila" (Lucas 17:14). *Sila'y pisikal na nilinis ni sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Kristo, ngunit hindi sila naligtas.* Isa lamang sa kanila ang bumalik. Nakatanggap siya ng ispiritwal na

paggaling ng kanyang mga kasalanan, sa pagbabagong loob, noong bumalik siya kay Hesus, "at siya'y nagpatirapa sa kaniyang paanan, na nagpapasalamat sa kaniya" (Lucas 17:16). Pagkatapos ay sinabi ni Hesus sa kanya, "Magtindig ka, at yumaon ka sa iyong lakad: pinagaling ka ng iyong pananampalataya" (Lucas 17:19). Tapos ay napagaling siya ng *pa-ispiritwal* pati ng papisikal. Nakikita natin ito sa maraming mga kahimahimalang paggaling na ginampanan ni Kristo, gaya ng pagbubukas ng mga mata ng isang bulag na lalake sa Juan, kapitulo siyam. Una ay gumaling ang pagkabulag ng lalake, ngunit naisipan niyang si Hesus ay "isang propeta" (Juan 9:17). Maya-maya'y sinabi niyang,

> "Panginoon, sumasampalataya ako. At siya'y sinamba niya" (Juan 9:38).

Noon lamang na ang lalake ay naligtas.

Samakatuwid tinatapos ko na ang pisikal na paggaling ay *pumapangalawa*, at na ang *pangunahing diin* ng Isaias 53:4 ay sa ispiritwal na paggaling. Sinabi ni Dr. J. Vernon McGee,

> Ang siping ito mula sa Isaias ay malinaw na nagsasaad na tayo ay napagaling ng ating pagsasalansang at kasamaan [Isaias 53:5]. Sasabihin mo sa akin, "Sigurado ka ba diyan?" Alam kong ito ang sinasabi ng mga berso dahil sinabi ni Pedro, "Na siya rin ang nagdala ng ating mga *kasalanan* sa kaniyang katawan sa ibabaw ng kahoy, upang pagkamatay natin sa mga *kasalanan*, ay mangabuhay tayo sa katuwiran: na dahil sa kaniyang mga sugat ay nangagsigaling kayo" (I Ni Pedro 2:24). Napagaling ng ano? Ng mga "kasalanan." Gingawa ni Pedrong malinaw na tungkol sa *kasalanan* ang sinasabi niya (isinalin mula kay McGee, ibid., page 49).

Ang paliwanag na ito ay nagbabalik sa atin sa ating teksto,

> "Tunay na kaniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan; gayon ma'y ating pinalagay siya na hinampas, sinaktan ng Dios, at dinalamhati" (Isaias 53:4).

Ang berso ay angking nahihiwalay sa dalawang bahagi: (1) ang tunay na dahilan na si Kristo'y naghirap, na ibinigay sa Bibliya; at (2) ang huwad na dahilan na pinaniniwalaan ng mga nabulag na mga tao.

## I. Una, ang tunay na dahilan ng paghihirap ni Kristo, na ibinigay sa Banal na Kasulatan.

> "Tunay na kaniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan …" (Isaias 53:4).

Ang salitang "tunay" ay nagpapakilala ng pagkakaiba sa pagitan ng tunay na dahilan na si Kristo'y naghirap at ang huwad na dahilan na pinaniniwalaan ng mga nabulag na mga tao. Ang "tunay," kung gayon ay ang totoong salaysay; "gayon ma'y," kung gayon ay ang huwad na salaysay;

> *"Tunay* na kaniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan; *gayon ma'y* ating pinalagay siya na hinampas, sinaktan ng Dios, at dinalamhati" (Isaias 53:4).

Gayon din, ang mga salitang "karamdaman" at "kapangwalan" ay baka mali ang pagkaintindi. Ang Hudyong salita para sa mga "karamdaman" ay nangangahulugang mga "sakit." Ito ay ginagamit ni Isaias bilang isang kasingkahulugan ng "kasalanan" sa Isaias 1:5-6. Ito rin ay isang kasingkahulugan ng "kasalanan" rito. Ang mga karamdaman ay tumutukoy sa sakit at karamdaman ng kasalanan. "Kapangwalan" ay tumutukoy sa "pakikiramdam ng kirot, pighati." Kaya, "ang sakit, ang karamdaman," ng sakit, at ang "kapangwalan, kirot at pighati" na binubunga ng kasalanan, ay ang anumang kinahulugan – ang pinaka sakit ng kasalanan ay ang kirot nito.

Pagkatapos pansinin ang salitang "nagdala" Ang kahulugan nito ay "para buhatin." Ngunit ito ay "nangangahulugan ng mas higit pa kesa sa pagkuha [o pagbuhat] papalayo. Ang naisipan naman ay ng isang pagtataas at pagbubuhat" (Isinalin mula kay Young, ibid., p. 345). Itinataas ni Kristo ang kasalanan na maukol sa tao, itinataas ang mga ito sa sarili Niya mismo, at binubuhat ang mga kasalanang iyon papalayo. Gaya ng pagbuhat ni Kristo sa Kanyang Krus at pagbuhat nito patungo sa Kalbaryo, kaya pinupulot Niya ang kasalanan ng tao at binubuhat ito papalayo. Iyan ang ibigsabihin ng Apostol San Pedro noong sinabi niya, nauukol kay Kristo,

> "Na siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan sa kaniyang katawan sa ibabaw ng kahoy" (I Ni Pedro 2:24).

Gaya ng paglagay nito ng Keil at Delitzsch Kumentaryo,

> Ang kahulugan ay hindi pulosan na si [Kristo] ay pumasok sa samahan ng ating paghihirap, ngunit na kinuha Niya sa sarili Niya mismo ang paghihirap alin ay kinailangan nating dalhin at nararapat lang na dalhin, at samakatuwid hindi lamang kinuha papalayo…ngunit dinala ang mga ito sa Kanyang sariling pagkatao [ang sarili Niyang katawan], na sakaling mapalaya Niya tayo mula sa mga ito. Ngunit kapag ang isang tao ay kumukuha sa kanyang sarili mismo ng paghihirap alin ay ang iba ang kailangang magdala, at samakatuwid hindi lamang sa pagtitiis nito kasama siya, ngunit sa kanyang [lugar], ang tawag dito ay *pakikipagpalit* (Isinalin mula kay C. F. Keil and F. Delitzsch, ***Kumentaryo sa Lumang Tipan sa Sampung mga Kabuuan [Commentary on the Old Testament in Ten Volumes],*** William B. Eerdmans Publishing Company, 1973 inilimbag muli, kabuuan VII, p. 316).

Kinuha ni Kristo ang ating mga kasalanan sa Kanyang sariling katawan at binuhat ang mga ito papalayo, paakyat sa bundok ng Kalbaryo, sa Krus, at doon binayaran Niya ang halaga ng ating mga kasalanan. "Ang tawag rito ay pakikipagpalit"!!! Nagdadala ng kahihiyan at tumutuyang basyos." Kantahin ito!

> Nagdadala ng kahihiyan at tumutuyang basyos,
> Sa aking lugar hinatulan Siya'y tumayo;
> Tinatakan ang aking kapatawaran sa Kanyang dugo;
> Alleluya! Anong Tagapagligtas!
> ("Alleluya! Anong Tagapagligtas!" Isinalin mula sa
> "Hallelujah! What a Saviour!" ni Philip P. Bliss, 1838-1876).

> "Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, [siya'y] nabugbog dahil sa ating mga kasamaan" (Isaias 53:5).

> "Si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan" (I Mga Taga Corinto 15:3).

> "Tunay na kaniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan" (Isaias 53:4).

Sinabi ni Dr. W. A. Criswell,

> Ang pagkamatay ni Kristo sa krus ay ang bunga at resulta ng ating mga kasalanan. Sino ang pumatay sa Panginoong Hesus? Sino ang bumitay sa Prinsipe ng Luwalhati? Sino ang nagpako sa Kanya sa krus kung saan Siya ay naghirap at namatay? Sinong may sala iyon?...Kailangang masabi na lahat tayo ay mayroong ibinahagi. Ang aking mga kasalanan ay dumiin sa Kanyang kilay na korona ng mga tinik. Ang aking mga kasalanan ang naghatid ng mga bungi-bunging mga pako sa Kanyang mga kamay. Ang aking mga kasalanan ang tumulak sa sibat sa Kanyang puso. Ang aking mga kasalanan ang nagpako sa Panginoong Hesus sa puno. Iyan ang…kahulugan ng pagkamatay ng Panginoon (isinalin mula sa isinulat ni W. A. Criswell, Ph.D., "The Blood of the Cross," ***Messages From My Heart,*** REL Publications, 1994, pages 510-511).

> "Si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan" (I Mga Taga Corinto 15:3).

> "Tunay na kaniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan…" (Isaias 53:4).

*Iyan* ang *tunay* na dahilan ng paghihirap ni Kristo – para bayaran ang *iyong* mga kasalanan! Ngunit ang lahi ng tao, sa kabulagan at rebelyon, ay binaluktot ang kagandahang, nakaliligtas na katotohanan ng pakikipagpalit na pagkamatay ni Kristo sa isang kasinungalingan! Alin ay nagdadala sa atin sa punto bilang dalawa.

## II. Pangalawa, ang huwad na dahilan ng paghihirap ni Kristo, na ibingay ng mga nabulag na mga tao.

Tignan muli ang ating teksto. Magsitayo tayo at basahin ito ng sabay at malakas.

> "Tunay na kaniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan; *gayon ma'y ating pinalagay siya na hinampas, sinaktan ng Dios, at dinalamhati"* (Isaias 53:4).

Maari na kayong magsi-upo.

"Gayon ma'y *ating* [tayo] pinalagay siya na hinampas, sinaktan ng Diyos, at dinalamhati." "Tayong," mga taong angkan ni Adan. Nabulag ni Satanas mismo, *tayo'y* nagkulang na makita na ang paghihirap ni Kristo ay kahalile, na Siya ay namatay sa ating lugar, bilang ating kapalit. *Ating* naisipan na Siya ay isa lamang mahirap na hangal,

marahil ay loko-loko o nahihibang, o, gaya ng sinabi ng mga Fariseo, "tinaglay ng isang demonyo," kung sino ay nagdala sa Kanya sa sarili Niyang paghihirap sa pamamagitan ng pagpopoot at pag-iinit laban sa naitatag na ayos.

Gaya ng mga kaibigan ni Job, *ating* inakala na ang Kanyang sariling mga kasalanan at kahangalan ang nagbaba ng galit ng Diyos at ng tao laban sa Kanya. Ating inakala na Siya, sa kabutibutihan, ay isang martir na namatay para sa wala. Sa isang pagkakataon o iba pa, karamihan sa atin ay naisip na si Hesus ay masyadong radikal. Karamihan sa atin ay inaliw ang kaisipan na Kanyang pinagalit ang mga relihiyosong mga pinuno at dinala sa Kanyang sarili ang sarili Niyang kamatayan.

Hinampas? Oo, alam nating Siya ay hinampas! Sinaktan? Oo, alam nating Siya ay sinaktan! Dinalamhati? Oo, alam din natin iyan! Alam nating lahat na hinampas nila Siya sa mukha gamit ang kanilang mga kamao. Alam nating lahat na pinalo nila Siya gamit ang isang latigo. Alam nating lahat na Siya ay ipinako sa isang krus! Bawat lalake at babae at bata ay alam ang lahat ng mga bagay na iyon! Ngunit mali ang pangangatawan natin sa mga ito. Mali ang pagkatintindi natin sa mga ito. Hindi natin natanto na ang *ating* mga karamdaman, ay Kanyang dinala, ang *ating* mga kapangwalan ay Kanyang dinala! Kapag nakikita natin Siya sa ating mga isipan na nakapako sa Krus, ating naiisipan na Siya ay pinaparusahan para sa Kanyang sariling mga kasalanan at kahangalan at pagkakamali.

"Ngunit hindi! Ito ay para sa *ating* mga pagsasalangsang at *ating* mga kasamaan, nang sa gayon *tayo'y* sakaling magkaroon ng kapayapaan [sa Diyos], nang sa gayon *tayo'y* sakaling mapagaling [ng kasalanan]. Ang katotohanan ay *tayo* ang naligaw at ang naglakad papasok sa sariling-naisin, at ang [Diyos] ang naglugar ng ating kasamaan sa Kanya, ang walang-kasalanang kapalit" (Isinalin mula kay William MacDonald, ***Bibliya ng Mananampalataya Kumentaryo [Believer's Bible Commentary],*** Thomas Nelson Publishers, 1995, p. 979).

> Para sa ating sala binigyan Niya tayo ng kapayapaan,
> Mula sa ating pagkabihag binigyan ng laya,
> At sa Kanyang mga latay, at sa Kanyang mga latay,
> At sa Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo.
> ("Siya ay Nasugatan." Isinalin mula "He Was Wounded"
> ni Thomas O. Chisholm, 1866-1960).

> "Tunay na kaniyang dinala ang <u>ating</u> mga karamdaman, at dinala ang <u>ating</u> mga kapanglawan; <u>gayon ma'y ating pinalagay siya na hinampas, sinaktan ng Dios, at dinalamhati</u>" (Isaias 53:4).

Iyan ba ay naging totoo sa iyo? Naisipan mo na ba na namatay si Hesus sa Krus para sa iba pang dahilan kesa sa pagdala papalayo ng iyong mga kasalanan? Kung gayon, ngayong nalalaman mo na na si Kristo ay namatay sa iyong lugar para maalis ang multa ng iyong mga kasalanan, makalalapit ka na ba sa Kanya sa simpleng pananmpalataya? Makakapagtiwala ka na ba sa Anak ng Diyos at mahugasan ng malinis mula sa bawat kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang mahal at banal na Dugo?

Humihiling ako sa iyong alisan ang isipan mo ng bawat huwad na ideya na meron ka ukol sa Kanyang paghihirap at pagkamatay. Namatay Siya para bayaran ang multa ng iyong kasalanan. Bumangon Siya mula sa pagkamatay. Siya na ngayon ay nakaupo sa kanang kamay ng Diyos sa Langit. Humihiling ako sa iyong magtiwala sa Kanya at maligtas mula sa iyong mga kasalanan.

Ngunit ang pagka-alam ng mga bagay na ito ukol kay Hesus ay hindi sapat. Maari mong malaman ang lahat ng mga punto iyon tungkol sa Kanyang pagkamatay at

hindi pa rin maging isang Kristyano. Maari mong malaman ang katotohanan tungkol sa kahalileng pagkamatay ni Kristo sa Krus; maari mong malaman na Siya ay namatay sa lugar ng mga makasalanan, at hindi pa rin mapagbabagong loob. Kailangan kang magtiwala kay Hesu-Kristo, ang bumangong Panginoon. Dapat mo Siyang aktwal na pagkatiwalaan at sumuko sa Kanya. Siya ang daan ng kaligtasan. Siya ang pintuan ng walang hanggang buhay. Magtiwala sa Kanya ngayon, at ikaw ay agad-agad na mapatatawag at maliligtas mula sa iyong kasalanan. Kung gusto mong makipag-usap sa amin tungkol sa iyong kaligtasan, magpunta sa likuran ng silid habang siya'y kumakanta.

> Para sa ating sala binigyan Niya tayo ng kapayapaan,
> Mula sa ating pagkabihag binigyan ng laya,
> At sa Kanyang mga latay, at sa Kanyang mga latay,
> At sa Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo.

Amen.

## ANG BALANGKAS NG

## ANG PAGHIHIRAP NI KRISTO – ANG TUNAY AT ANG HUWAD

**(PANGARAL BILANG 5 SA ISAIAS 53)**

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

> "Tunay na kaniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan; gayon ma'y ating pinalagay siya na hinampas, sinaktan ng Dios, at dinalamhati" (Isaias 53:4).

(Mateo 8:17; Lucas 17:13, 14, 16, 19;
Juan 9:17, 38; I Ni Pedro 2:24)

I. Una, ang tunay na dahilan ng paghihirap ni Kristo, na ibinigay sa Banal na Kasulatan.Isaias 53:4a, 5; I Mga Taga Corinto 15:3.

II. Pangalawa, ang huwad na dahilan ng paghihirap ni Kristo, na ibingay ng mga nabulag na mga tao, Isaias 53:4b.

# HESUS NASUGATAN, NABUGBOG AT PINALO

**(PANGARAL BILANG 6 SA ISAIAS 53)**

## JESUS WOUNDED, BRUISED AND BEATEN

**(SERMON NUMBER 6 ON ISAIAH 53)**
(Tagalog)

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

Isang pangaral na ipinangaral sa Baptist Tabernacle ng Los Angeles
Sabado ng Gabi ika-23 ng Marso taon 2013

> "Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo" (Isaias 53:5).

Dalwang Griyegong salita sa Mga Taga Roma kapitulo isa ay maaring magamit para ipakita ang pagkakaiba sa pagitan ng pagkakaalam tungkol sa isang bagay at pagkakaroon ng lubos na karunungan nito. Tayo ay sinabihan sa Mga Taga Roma 1:21 na ang mga matatanda ay "alam ang Diyos." Ang Griyegong salita para sa "alam" ay "gnosis." Nangangahulugan itong alam nila ang *tungkol* sa Diyos. Ngunit ang Mga Taga Roma 1:28 ay nagsasabi na hindi nila "tinandaan ang Diyos sa kanilang dunong." Ang salitang para sa "dunong" rito ay "epignosis." Tinatandaan nito ang isang pinalakas na anyo ng gnosis [pagkakaalam], na nagpapahayag ng isang lubos na karunungan na may isang mas higit at makapangyarihang impluwensiya (isinalin mula sa W. E. Vine, ***Isang Pagpapaliwanag na Diksyonaryo ng Bagong Tipang mga Salita [An Expository Dictionary of New Testament Words],*** Revell, 1966, kabuuan II, p. 301). Bagaman ang mga matatandang tao ay alam ang tungkol sa Diyos [gnosis], hindi sila nagkaroon ng lubos na karunungan sa Kanya [epignosis]. Hindi nila personal na kilala ang Diyos.

Kapag ating inoobserbahan ang tuntunin ng Hapunan ng Panginoon, naiisip ko ang dalawang Griyegong salitang iyon sa unang kapitulo ng Mga Taga Roma ay naglalarawan ng iba sa inyong nanonood sa aming kunin ang tinapay at ang tasa, ngunit hindi makalahok mismo dahil ika'y di ligtas. Alam ninyo sa panlabas at sa kaisipan ang ibigsabihin ng Hapunan ng Panginoon, ngunit hindi ninyo alam sa karanasan kung ano kahulugan nito. Mayroon kang isang "karunungan" tungkol rito (isang "gnosis" tunkgol rito), ngunit wala kang lubos na karunungan (epignosis) ni Kristo. Hindi mo kilala si Kristo Mismo.

At gayon ito sa ating teksto. Maari mong malaman ang panlabas na anyo ng mga saliat ang mga kahulugan nito, ngunit hindi mo nahahawakan ang panloob na kahulugan nito, ang ganap na pagkakaintindi nito sa isang paraan na "makapangyarihang nakaiimpluwensiya" sa iyo (isinalin mula sa ibid.). Kung gayon, layunin kong batakin ang iyong atensiyon sa mas malalim na kahulugan ng teksto, na may pagnanais na ang iyong mental na karunungan ng mga salitang ito ay mapalalim sa isang personal na karanasan kay Hesu-Kristo.

> "Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo"
> (Isaias 53:5).

Ito ay isang berso na dapat ay kumapit ng mahigpit sa iyong puso kung umaasa kang mapagbagong loob. Ipinapanalangin ko na mapakilos ka nito mula sa ulong karunungan sa pagkakaroon ng isang tunay na pagtitiwala kay Hesu-Kristo – na namatay sa Krus upang bayaran ang multa ng iyong kasalanan. Mayroong tatlong pangunahing punto sa teksto.

## I. Una, si Kristo ay nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, nabugbog dahil sa ating mga kasamaan.

> "Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan…" (Isaias 53:5).

Ang unang salitang "ngunit" ay nagpapakita ng pagkakaiba sa pagitan ng *huwad na ideya* na inilarawan sa berso apat, na si Kristo ay namatay bilang resulta ng *Kanyang sariling* mga kasalanan at mga kahangalan, at ang *tunay na bagay* na Siya ay namatay para bayaran ang *ating* mga kasalanan. Si Dr. Edward J. Young ay isang Lumang Tipang eskolar. Siya ay isang personal na kaibigan ng aking Tsinong pastor, si Dr. Timothy Lin, siya rin ay isang dakilang Lumang Tipang eskolar. Sinabi ni Dr. Young, "Isa pang diin ay mahahanap roon sa panghalip na *siya* ay inilagay muna, sa ganito ay mapapakita na, ang pagkakaiba doon sa mga talagang karapatdapat ng kaparusahan, siya ang nagdala ng mga kasalanan ng mga may-sala" (isinalin mula sa isinulat ni Edward J. Young, Ph.D., ***Ang Aklat ni Isaias [The Book of Isaiah],*** William B. Eerdmans Publishing Company, 1972, kabuuan 3, p. 347).

> *"Nguni't siya'y* nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan…" (Isaias 53:5).

Ang salitang *"nasugatan" ay napaka mahalaga. Sinabi ni Dr. Young na ang Hebreong salita ay nangangahulugang "pinalagpasan sa,* at doon ay kasama nito ang kaisipang karaniwang isang pagpapalagpas tungo sa kamatayan" (isinalin mula kay Young, ibid.). Ang Hebreong salita ay nangangahulugang "pinalagpasan sa," "bumutas" (ibid.). Ang salitang iyan din ay lumalabas sa Zakarias 12:10,

> "Sila'y magsisitingin sa akin na kanilang *pinalagpasan*"
> (Zakarias 12:10).

Ito ay isang malinaw na hula ni Kristo, kaninong anit ay pinalagpasan ng isang korona ng mga tinik, kaninong mga kamay at paa ay pinalagpasan ng mga pako sa Krus, kaninong ang tagiliran ay pinalagpasan ng isang Romanong sibat. Gaya ng sinasabi sa ating ng Apostol na si Juan,

> "Gayon ma'y *pinalagpasan* ang kaniyang tagiliran ng isang sibat ng isa sa mga kawal, at pagdaka'y lumabas ang dugo at tubig…upang matupad ang kasulatan…[alin ay] sinabi […], Magsisitingin sila sa kaniya na kanilang *pinagulusanan"*
> (Juan 19:34, 36, 37).

*At, pagkatapos, sinasabi ng tekstong*, *"siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan"* (Isaias 53:5). Ang Hebreong salita para sa "nabugbog" ay nangangahulugang "napipi" (isinalin mula sa Young, ibid.). Ang pagpipi at pagbubugbog ni Kristo ay nagsimula sa Hardin ng Gethsemane, ang gabi bago Siya ipinako sa Krus, noong si Hesus ay,

> "nanglulumo…at ang kaniyang pawis ay naging gaya ng malalaking patak ng dugo na nagsisitulo sa lupa" (Lucas 22:44).

Sa Hardin ng Gethsemani, si Kristo ay napipi sa ilalim ng bigat ng ating kasalanan, na inilagay sa Kanya roon.

Ilang oras mayamaya, si Kristo ay nabugbog at naipipi sa pamamagitan ng mga pamamalo at paghahampas na Kanyang tinanggap ng tuwiran bago Siya ay ipinako sa Krus, at pagkatapos ay pinalagpasan ng isang sibat. Ngunit ang mas malalim na kahulugan ng pagpipipi ay na ito ay nagsasalita ng pasan ng ating mga kasalanang nailagay sa ibabaw Niya, gaya ng sinabi ni Apostol Pedro,

> "Na siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan sa kaniyang katawan sa ibabaw ng kahoy…" (I Ni Pedro 2:24).

> "Nguni't siya'y nasugatan *dahil sa ating mga pagsalangsang*, siya'y nabugbog *dahil sa ating mga kasamaan*…" (Isaias 53:5).

Ginawang malinaw iyan ni Isaac Watts sa kanyang tanyag na himnong,

> Ito ba ay dahil sa mga sala na aking nagawa
> Dumaing Siya sa ibabaw ng kahoy?
> Dakilang awa! biyayang hindi kilala!
> At pagmamahal sa dako pa roong antas!

> O sakaling ang araw sa kadiliman ay magtago,
> At sarhan ang kanyang mga luwalhati
> *Noong si Kristo, ang makapangyarihang*
> *May-gawa'y, namatay*
> *Dahil sa tao ang nilalang ng kasalanan.*
> ("Sa Aba! At Nagdugo Ang Aking Tagapagligtas."
> Isinalin mula sa "Alas! And Did My Saviour Bleed?"
> ni Isaac Watts, D.D., 1674-1748).

## II. Pangalawa, si Kristo naparusahan sa ating lugar.

Pansinin ang pangatlong pangkat sa ating teksto,

> "Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, *ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya*…" (Isaias 53:5).

Binasa ko ang bersong iyan ng maraming taon nang hindi nalalamang lubos kung ano ang ibigsabihin nito. Isinalin ito ni Dr. Delitzsch, "ang parusang alin ay nagdadala sa ating kapayapaan" (isinalin mula sa isinulat ni C. F. Keil and F. Delitzsch, ***Kumantaryo sa Lumang Tipan [Commentary on the Old Testament],*** Eerdmans Publishing Company, 1973 inilimbag muli, kab. VII, p. 319). "Ang ating kapayapaan…ang ating karaniwang kaginhawaan, ang ating pagkapalain, alin ay ang mga paghihirap…matiwasay" (ibid.). Ang salitang "parusa" ay nangangahulugang "dusa." Sinabi ni Dr. Young, "Ang isa ay hindi nagbabasa sa loob ng teksto kung kinakandili niya na ang parusa [ang dusa] na bumaksak kay [Kristo] ay dahil sa layuning pampalubagloob" (Young, ibid., p. 349). Ang katuwiran ng Diyos ay bumagsak sa ibabaw ni Kristo – pinapalubagloob at pinapatahimik ang poot ng Diyos laban sa kasalanan. Pumunta si Dr. Gill kung saan maraming mga

modernong taga-puna ay takot tumuntong, at ay tamang ginawa niya, noong sinabi niyang,

> *Ang parusa ng ating kapayapaan ay nasa ibabaw niya;* na, ang parusa ng ating mga kasalanan ay pinarusa sa kanya, bilang isang resulta ang ating kapayapaan at pagkakasundo sa Diyos ay ginawa sa pamamagitan niya…bilang isang resulta ang mainam na poot ay napatahimik, ang katuwiran ay nakumporme at ang kapayapaan ay nabuo (isinalin mula sa isinulat ni John Gill, D.D., ***Isang Pagpapaliwanag ng Lumang Tipan [An Exposition of the Old Testament],*** The Baptist Standard Bearer, 1989 inilimbag muli, kab. I, p. 312).

Ang Apostol na si Pablo ay nagsalita ng "pangpalubagloob" ni Kristo sa poot ng Diyos noong isinulat niyang,

> "Cristo Hesus: Na siyang inilagay ng Dios na maging pangpalubagloob, sa pamamagitan ng pananampalataya, sa kaniyang dugo" (Mga Taga Roma 3:24-25).

> Walang dila ang makasasabi ng poot na
> Kanyang dala, Ang poot na napaka rarapat sa akin;
> Ang matwid na disyerto ng kasalanan;
> Kanyang dinala itong lahat,
> Upang malagay ang makasalanan sa kalayaan
>
> Ngayon wala ni isang patak ang natitira;
> "'Tapos na," ay Kanyang sigaw;
> Sa isang mabisang lagok, Kanyang ininom
> Ang tasa ng poot na pawang tuyo
> ("Ang Tasa ng Poot." Isinalin mula sa
> "The Cup of Wrath" ni Albert Midlane, 1825-1909).

Si Kristo ay nagparusa sa iyong lugar, sa ganito ay pinapatahimik ang katuwiran ng poot ng Diyos laban sa iyong mga kasalanan.

> "Ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya"
> (Isaias 53:5).

## III. Pangatlo, nagpapagaling ng kasalanan si Kristo sa pamamagitan ng Kanyang mga latay.

Magsitayo at basahin ang teksto ng malakas, nagbibigay ng maingat na pansin sa huling pangkat, "At sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo."

> "Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; *at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo"*
> (Isaias 53:5).

Maari nang magsiupo.

"At sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo." Ang salitang "mga latay" sa Hebreo ay nangangahulugang mga "sugat" (***Strong***). Ang Apostol na si Pedro ay isinipi ang bersong ito sa I Pedro 2:24. Ang Griyegong salita, na ginamit ni Pedro, ay isinaling mga "latay." Ang ibigsabihin nito ay "suntok-na-mga-marka"

(***Strong***). Naniniwala ako na ang mga salitang, “sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo,” sa Isaias 53:5 at I Pedro 2:24 ay tumukoy unang-una sa panghahampas kay Hesus. Kumbinsido ako na ang mga salitang iyon ay partikular na tumutukoy sa paghahampas kay Kristo, na ginawa ng mga sundalo, sa utos ni Ponsiyo Pilato, ang taga Romang gobernador ng Hudea, sa maikling oras bago ipinako si Kristo. Sinsabi ng Bibliya,

> “Nang magkagayon nga'y tinangnan ni Pilato si Jesus, at siya'y *hinampas*” (Juan 19:1).

> “Nang magkagayo'y pinawalan niya sa kanila si Barrabas; nguni't si Jesus ay *hinampas* at ibinigay upang ipako sa krus” (Mateo 27:26).

Nagkukumento sa Griyegong salitang isinaling “hinampas,” sinabi ni W. E. Vine na ito ay nagsasalita ng “paghahampas na tiniis ni Kristo at isinagawa sa utos ni Pilato. Sa ilalim ng Romanong paraan ng paghahampas, ang tao ay hinuhubaran [nang hubad] at itinatali nang nakabaluktot na tayo sa isang haligi…Ang pamalo [ang latigo] ay gawa sa balat na panali, pinabibigat gamit ng mga matatalim na piraso ng mga buto o tinnga, alin ay pumupunit ng laman ng parehong likod at dibdib. Itinala ni Eusebius (Chronicles) ang kanyang pagkasaksi sa paghihirap ng mga martir na namatay sa ilalim ng pagtratong ito” (isinalin mula sa isinulat ni W. E. Vine, ***Isang Pagpapaliwanag ng Bagong Tiapng mga Salita [An Expository Dictionary of New Testament Words],*** Fleming H. Revell Company, 1966 inilimbag muli, kabuuan III, pp. 327, 328). Ang salitang “hinampas” ay ginamit rin ni Hesus sa Kanyang hula nauukol sa Kanyang darating na paghihirap, noong sinabi Niyang,

> “Narito, nagsisiahon tayo sa Jerusalem; at ibibigay ang Anak ng tao [si Kristo] sa mga pangulong saserdote at sa mga eskriba; at kanilang hahatulang siya'y patayin, At ibibigay siya sa mga Gentil upang siya'y kanilang alimurahin, *at hampasin* at ipako sa krus…” (Mateo 20:18-19).

Ibinigay ni Spurgeon ang mga punahing ito sa paghahampas kay Kristo:

> Tumayo ng tuwid, pagkatapos, at tignan [si Hesus] nakalapat [nakatali] sa [isang] Romanong haligi, at pinaglupitang hinampas. Pakinggan ang mga karumaldumal na tama [ng latigo], markahin ang dumudugong mga sugat, at tignan kung paano siya nagiging isang bunton ng kirot kahit na sa kanyang pinagpalang katawan. Tapos pansinin kung paano ang kanyang kaluluwa rin ay hinampas [nabugbog]. Tignan kung paano bumagsak sa ibabaw niya ang latigo sa kanyang ispiritu, hangang ang kanyang nakaloloob na puso ay masugatan ng mga paghihirap, lahat kundi hindi katiis-tiis, alin ay kanyang tiniis para sa atin…mamagitan sa ibabaw nitong taimtim na bagay nang walang isang nag-iisang gumagalang kaisipan, at pinapanalangin ko na ikaw at ako ay maaring makapag-isip nang sabay sa walang kapantay na paghihirap ni [Hesus] hangang ang sarili nating mga puso ay matunaw sa loob natin sa nangingilala ng utang na loob na pagmamahal sa kanya (isinalin mula sa isinulat ni C. H. Spurgeon, “Kristopatiya,” “Christopathy,” ***Ang Metropolitanong Tabernakulong Pulpito [The Metropolitan Tabernacle Pulpit],*** Pilgrim Publications, 1976 inilimbag muli, kabuuan XLIII, p. 13).

Muli, sinabi ni Spurgeon na ito ay para sa ating mga kasalanan kaya Siya ay naghirap sa pahahampas at pagpapako. Ito ay para sa iyo at sa akin na si Hesus ay nakaranas ng mga latay noong Siya ay hinampas, at noong ang mga pako ay idiniin sa Kanyang mga kamay at paa noong Siya ay ipinako sa Krus. Sinabi ni Spurgeon,

> Siguradong tayo ay mayroong parte sa kanyang mga pighati. O, kaya tayo ay pantay-pantay na siguradong "sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo." Pinalo mo siya, mahal na kaibigan, at sinugatan mo siya; samakatuwid, huwag kang magpapahinga hangang masabi mo nang, "sa pamamagitan ng kaniyang latay napagaling ako." Dapat tayong mayroong sariling [karunungan] nitong naghihirap na Isang [si Hesus] kung tayo ay papagalingin [mula sa kasalanan] sa pamamagitan ng kanyang mga latay. Dapat nating…ipatong ang ating sariling mga kamay sa ibabaw nitong dakilang sakripisyo, at kaya tanggapin ito bilang [ginawa para sa atin]; dahil ito ay magiging isang hamak [karumaldumal] na bagay na malaman na si Kristo ay [binugbog], ngunit hindi alam na "sa pamamagitan ng kanyang mga latay ay nagsigaling tayo"…Hindi na mangangailangan ng usapan ukol sa paggaling kung ang kasalanan ay hindi kinikilala ng Diyos bilang isang karamdaman (ibid., p. 14)… "Sa pamamagitan ng kanyang latay ay nagsiagaling tayo." Ito ay hindi isang pansamantalang lunas; ito ay isang gamot na alin ay [nagdadala] sa ganyang kalusugan na marapat na gawing ganap na [magaling] ang [iyong] kaluluwa, para sa wakas, sa gitna ng mga banal sa harap ng luklukan ng Diyos [sa Langit], na ang tao ay marapat na kakanta kasama [ang marami pang iba doon] "sa pamamagitan ng kaniyang latay ay nagsigaling tayo." Luwalhati sa nagdurugong Kristo! Lahat ng karangalan, at kadakilaan, at kapangyarihan, at papuri sa kanya magpakailanman at magpasawalang hangan. At pabayaan ang lahat [ng mga iyong nagsigaling mula sa kasalanan] na masabing, "Amen at amen" (isinalin mula sa ibid. p. 21).

> "Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo"
> (Isaias 53:5).

Ngunit pulos na pagkakaalam ng mga bagay na ito ay hindi makaliligtas sa iyo! *Maliban na ang mga katotohanan ng paghihirap ni Kristo sa tekstong ito ay kumapit ng mahigpit sa iyong puso ikaw ay hindi mapagbabagong loob!* Pabayaang ang teksto ay makakuha ng kapit sa iyong puso. Pabayaang ang mga salitang ito ay magpakilos ng iyong kaluluwa upang manabik para kay Kristo.

> "Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo"
> (Isaias 53:5).

*Naway ang mga salitang iyan ay makapagpakilos sa iyong magtiwala kay Kristo, at mapagaling mula sa bawat kasalanan,* upang masabi mong, "Sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ako ay napagaling mula sa pasakit ng kasalanan, ngayon at magpakailanman." Amen.

## ANG BALANGKAS NG

# HESUS NASUGATAN, NABUGBOG AT PINALO

**(PANGARAL BILANG 6 SA ISAIAS 53)**

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

> "Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo" (Isaias 53:5).

(Mga Taga Roma 1:21, 28)

I. Una, si Kristo ay nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, Isaias 53:5a; Zakarias 12:10; Juan 19:34, 36, 37; Lucas 22:44; I Ni Pedro 2:24.

II. Pangalawa, si Kristo naparusahan sa ating lugar, Isaias 53:5b; Mga Taga Roma 3:24-25.

III. Pangatlo, nagpapagaling ng kasalanan si Kristo sa pamamagitan ng Kanyang mga latay, Isaias 53:5c; Juan 19:1; Mateo 27:26; 20:18-19.

# ANG PANGKARANIWANG KASALANAN, ANG TANGING KASALANAN, AT ANG GAMOT SA KASALANAN

**(PANGARAL 7 SA ISAIAS 53)**

## UNIVERSAL SIN, PARTICULAR SIN, AND THE CURE FOR SIN

**(SERMON NUMBER 7 ON ISAIAH 53)**

(Tagalog)

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

Isang pangaral na ipinangaral sa Baptist Tabernacle ng Los Angeles ng Umaga sa Araw ng Panginoon, ika-24 ng Marso taon 2013

> "Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw; tayo ay tumungo bawa't isa sa kaniyang sariling daan; at ipinasan sa kaniya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat" (Isaias 53:6).

Si Dr. Richard Land ay ang pangulo ng Katimugang Kumbensyon ng Etika at Relihiyosong Kalayaang Komisyon [Southern Baptist Convention's Ethics and Religious Liberty Commission]. Alam ni Dr. Land na tayo ay nabubuhay sa isang kultura na kataka-takang ignorante ng saligang mga katunayan ng Kristiyanismo. Sinabi niya,

> Nakabasa ako ng isang artikulo sa Time magasin tungkol sa pagkakulang ng relihiyon sa…Amerika. Isang pares ay nagpunta upang makita [ang isang ministor] pagkatapos nilang nagpunta sa isang paglilingkod, sinabi nila, "Gustong malaman ng aming binatang anak kung sino ang lalakeng nakabitin sa pandagdag na tanda." Hindi nila alam na ito ay si Hesus at hindi nila alam na ito ay isang krus (isinalin mula sa "Ang Tao sa Pandagdag na Tanda" ["The Man on the Plus Sign"], ***World*** magasin, Ika-1 ng Agosto taon 2009, pah 24).

Nakapanlulumo na maraming mga tao ay napaka kaunti ang alam kung sino si Hesus at kung anong ginawa Niya. Karamihan sa sisi ay nakasalalay na napaka kaunting pangangaral kay Kristo Mismo sa karamihan sa ating mga simbahan. Ngunit hindi ka makapupunta sa aming simbahan kahit isang Linggo na hindi naririnig na si Hesus au namatay bilang isang kapalit para sa mga makasalanan sa Krus! Noong si Hesus ay namatay sa Krus, dinala Niya ang ating mga kasalanan at nagbayad para sa kanila. Ibinuhos Niya ang Kanyang Dugo sa Krus upang linisan tayo mula sa lahat ng kasalanan. Sinabi ni Spurgeon, "Mayroong mga mangangaral na hindi nagpapangaral tungkol sa dugo ni Hesu-Kristo, at mayroon akong isang bagay sa iyo patungkol sa kanila – *huwag kailan man magpunta upang pakinggan sila! Huwag kailan man makinig sa kanila!* Ang isang ministro na walang dugo ay walang buhay, at isang patay na ministro ay hindi mabuti para kahit sino" (Isinalin mula kay C. H. Spurgeon, "Kalayaan Sa Pamamagitan ng Dugo ni Kristo" ["Freedom Through Christ's Blood"], Ika-2 ng Agosto, taon 1874). Ang kaisipang dadalhin ni Kristo ang ating mga kasalanan ay nagaganap ng muli't muli sa ika-limampu't tatlong kapitulo ng Isaias.

> "Saniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan" (Isaias 53:4).

> "Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan" (Isaias 53:5).

> "Ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya" (Isaias 53:5).

> "At sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo" (Isaias 53:5).

> "Ipinasan sa kaniya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat" (Isaias 53:6).

> "Dahil sa pagsalangsang ng aking bayan ay nasaktan siya" (Isaias 53:8).

> "Pagka iyong gagawin ang kaniyang kaluluwa na pinakahandog dahil sa kasalanan" (Isaias 53:10).

> "Dadalhin niya ang kanilang mga kasamaan" (Isaias 53:11).

> "Dinala niya ang kasalanan ng marami" (Isaias 53:12).

Muli't muli sa Isaias 53 tayo ay sinabihan na kukunin ni Kristo sa Kanyang sarili mismo ang ating sala, naghihirap sa ating lugar upang magbayad ng buong multa para sa mga ito.

Ngunit ngayon, sa ating teksto, isang bagong kuro-kuro ay naibigay. Dito tayo ay sinabihan ng *dahilan na si Kristo ay nangailangang maghirap*, *bakit sa Kristo, kahit na inosente Mismo, ay kinalangang dalhin ang sala ng tao.*

> "Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw; tayo ay tumungo bawa't isa sa kaniyang sariling daan; at ipinasan sa kaniya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat" (Isaias 53:6).

Ang teksto ay likas na nakahati sa tatlong mga punto.

## I. Una, ang karaniwang kumpisal ng kasalanan ng buong sangkatauhan.

Sinabi ng propeta,

> "Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw…" (Isaias 53:6).

Dito mayroon tayong malinaw na salaysay hinggil sa pangkaraniwang pagkamakasalanan ng sangkatauhan. *"Tayong lahat* na gaya ng mga tupa ay naligaw." Ginawa iyang malinaw ni Apostol Pablo noong sinabi niyang,

> "Sapagka't ating kapuwa isinasakdal na muna ang mga Judio at ang mga Griego, na silang lahat ay nangasa ilalim ng kasalanan; Gaya ng nasusulat, Walang matuwid, wala, wala kahit isa; Walang nakatatalastas, Walang humahanap sa Dios" (Mga Taga Roma 3:9-11).

*"Tayong lahat* na gaya ng mga tupa ay naligaw," bawat isa sa atin!

Gaya ng tupa na tumakas sa bakuran ng kautusan ng Diyos, lahat tayo ay naligaw, lahat tayo'y lumaboy palayo mula sa Diyos. Sinabi ng Apostol Pedro,

> "Kayo'y gaya ng mga tupang nangaliligaw" (I Ni Pedro 2:25).

Ang kahulugan ng Griyegong salita na ginamit ni Pedro ay lumaboy palayo mula sa katiwayasan at katotohanan, upang dayain (***Strong***). Iyan ang karaniwang paglalarawan ng sangkatauhan sa Banal na Kasulatan.

> "Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw" (Isaias 53:6).

Ang tao ay kinukumpara sa isang hayop dahil binababa siya ng kasalanan – at siya ay nagiging katulad ng hayop. Ngunit tayo ay di kinukumpara sa isang matalinong hayop. Hindi, ang tao ay kinukumpara sa isang hangal na tupa.

Ikaw ay nakatira sa siyudad na ito, kaya marahil ay hindi mo alam masayado ang tungkol sa kahangalan ng isang tupa. Ngunit sa panahon ng Bibliya alam ng husto ng mga tao kung gaano kahangal ang mga tupa. Kailangan silang bantayan ng may pag-iingat ng pastol kung hindi sila ay lalaboy papalayo.

Ang mga tupa ay matalino lamang patungkol sa isang bagay – ang maligaw! Kung mayroon lamang isang butas sa bakod, mahahanap ito ng tupa at maglalaboy ito. At gayon man, sa oras na ang isang tupa ay makawala sa kulungan nito, hindi kailanman nitong susubukang makabalik. Ang tupa ay lalaboy palayo ng palayo malayo mula sa lugar ng katiwayasan. Ang tao ay pareho. Siya ay marunong kung patungkol sa paggawa ng kasamaan, ngunit hangal patungkol sa alin ay mabuti. Katulad ni Argus sa Griyegong mitolohia, ang tao ay may isang daang matang naghahanap ng kasalanan; ngunit siya ay kasing bulag ni Bartimaeus pagdating sa paghahanap sa Diyos!

Ang Apostol Pablo ay nagsalita ng karaniwang karamdaman ng kasalanan noong sinabi niyang,

> "Ay mga hiwalay kay Cristo, na mga di kabilang sa bansa ng Israel, at mga taga ibang lupa tungkol sa mga tipan ng pangako, na walang pagasa at walang Dios sa sanglibutan" (Mga Taga Efeso 2:12).

> "Na sa kadiliman ng kanilang pagiisip, ay nangahiwalay sa buhay ng Dios, dahil sa kahangalang nasa kanila, dahil sa pagmamatigas ng kanilang puso" (Mga Taga Efeso 4:18).

Ang mga bersong ito ay nagpapakita sa atin na ang sangkatauhan sa karaniwan ay naligaw mula sa Diyos.

> "Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw…" (Isaias 53:6).

Dito kung gayon, sa ating teksto, ay isang karaniwang kumpisal ng kasalanan ng buong sangkatauhan. Pinapakita nito na ang lahi ng tao ay naligaw palayo mula sa Diyos tungo sa daan-daang mga huwad na relihiyon at huwad na mga doktrina, nagsasamba ng mga idolo at mga huwad na mga diyos at huwad na mga Kristo, "Na sa kadiliman ng kanilang pagiisip, ay nangahiwalay sa buhay ng Dios, dahil sa kahangalang nasa kanila, dahil sa pagmamatigas ng kanilang puso" (Mga Taga Efeso 4:18).

## II. Pangalawa, ang personal na kumpisal ng tanging kasalanan ng bawat isa.

Nagpatuloy ang teksto,

> "Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw; *tayo ay tumungo bawa't isa sa kaniyang sariling daan…*" (Isaias 53:6).

Ang karaniwang kumpisal ng kasalanan ng lahi ng tao ay inaalalayan ng isang personal na kumpisal ng tanging kasalanan ng bawat tao. "Tayo ay tumungo bawa't isa *sa kaniyang sariling daan."* Wala pang sa sarili niyang kagustuhan ang nagtungo sa sarili niya sa daan ng Diyos. Sa lahat ng kalagayan ang bawat isang tao ay pumili ng "kaniyang sariling daan." Ang pinaka-puso ng kasalanan ay nakahimlay rito – *sa pamimili ng ating sariling daan, sa pagtututol sa kagustuhan ng Diyos.* Ginusto nating panghawakan ang sarili nating mga buhay. Ginusto nating sundin ang sarili nating mga plano. Hindi natin isusuko ang ating mga sarili sa Diyos. Hindi natin pagkakatiwalaan si Kristo at sumuko sa Kanya bilang ating Panginoon.

Ang tekstong ito ay nagpapakita na ang bawat isa ay mayroong sariling natatanging kasalanan, "kaniyang *sariling daan."* Bawat lalake at babae ay mayroong pangunahing kasalanang alin ay mas iba mula sa iba. Ang dalawang batang pinalaki ng parehong magulang, ay magkakaroon ng magkaibang, kinagawiang kumukubkob na mga kasalanan. Ang isa ay magkakasala ng kinagawian sa kanyang sariling daan, ang isa sa ibang daan. "Tayo ay tumungo bawa't isa sa *kaniyang sariling* daan." Ang isa ay liliko patungong kanan, at ang isa patungo sa kaliwa. Ngunit kapwang tanggi ang daan ng Diyos.

Sa panahon ni Kristo, mayroong mga maniningil ng buwis, na nabuhay sa matinding pagtutol sa kautusan ng Diyos. Mayroong mga makasalanang iniwan ang Diyos mula sa kanilang mga buhay at nagkamit ng mga kasalanan ng laman. Mayroong mga Fariseo, na hambog at banal ang tinggin sa sarili, na iniisip na masmagaling sila kaysa sa iba. Mayroon ding mga Saduseyo, na hindi naniniwala sa mga anghel o mga demonyo. Hindi sila nagkamit ng mga kasalanan ng laman. Hindi sila nabuhay ng kasing makasalanan ng mga maniningil ng buwis, o kasing mapahiin ng mga Fariseo, ngunit sila rin ay mga kalaban ng katotohanan ng Diyos *sa kanilang sariling daan.* Masasabi sa bawat isa sa kanilang,

> "Tayo ay tumungo bawa't isa sa kaniyang sariling daan" (Isaias 53:6).

Mga ilan sa inyo ay maaring pinalaki sa isang Kristyanong tahanan, at gayon man nagkasala ka sa pamamagitan ng pagtanggi sa ilaw ng Ebanghelyo. Iyan ang iyong "sariling daan." Ang iba ay marahil nag-iisip ng ilang natatanging kasalanan. Kapag naalala mo ito, ikaw ay malalim na nagugulo. Gayon man ilan sa inyo ay mananapa pang nasa ilalim ng isang matiyagang pakiramdam ng sala kaysa lumapit kay Kristo at maghanap ng kapatawaran at kapayapaan. Ang ilan ay nagpapatuloy at tinatanggihang magtiwala kay Kristo. "Tayo ay tumungo bawa't isa sa kaniyang sariling daan."

Isa pang tao ay maaring magsabing, "Aking napatigas ang aking puso. Dati ay nadama ko ang sariling paniniwala ng pagkakasala at ang pangangailangan kay Kristo, ngunit ngayon ay hindi ko na alam. Ngayon ay natatakot ako na isinumpa na ng Panginoon sa Kanyang poot na hindi na ako makapapasok sa Kanyang himlayan. Natatakot ako na sumuko na ang Diyos sa akin." Ngunit hindi mo pinaniwalaan ang ating natitirang teksto, dahil mayroong pangatlong pangkat ito. At, doon sa mga pansarang mga salita, mayroong pag-asa para sa iyo!

## III. Pangatlo, ang humahaliling, bikaryong pagkamatay ni Kristo para sa lahat ng kasalanan.

Magsitayo at basahin ang buong berso, nagbibigay ng espesyal na atensyon sa huling pangkat, "At ipinasan sa kaniya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat."

> "Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw; tayo ay tumungo bawa't isa sa kaniyang sariling daan; *at ipinasan sa kaniya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat*"
> (Isaias 53:6).

Maari ng magsiupo. Sinabi ni Dr. Edward J. Young,

> Ang unang hati ng berso ay naglalapat sa unahan ng dahilan ng paghihirap ng lingkod, at ang pangalawa'y umaalalay na ang Panginoon Mismo ang nagpahirap sa lingkod sa pamamagitan ng paglalagay sa kanya ng kasamaan nating lahat. Ang pandiwang ["ipinasan"] ay nangangahulugang *pumalo* o *hampasin ng mabagsik.* Ang kasamaan ng alin atin ay pinagsala ay hindi babalik para hampasin tayo gaya ng ating baka sakaling inaasahan na tama naman, ngunit manapang hampasin siya sa ating [lugar]. Ang Panginoon [Diyos] ang nagsanhi ng ating sala na humampas sa kanya…Ang sala na nauukol sa atin ang Diyos ay nagsanhing hampasin siya [iyan ay] siya ang ating kahaliling nagdala ng kaparusahan ng sala ng ating kasalanan na kinailangan...ibinigay ng pastol ang kanyang buhay para sa tupa (isinalin mula sa isinulat ni Edward J. Young, Ph.D., ***Ang Aklat ni Isaias [The Book of Isaiah],*** Eerdmans, 1972, kabuuan 3, pp. 349-350).

> "Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw; tayo ay tumungo bawa't isa sa kaniyang sariling daan; *at ipinasan sa kaniya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat"*
> (Isaias 53:6).

Sa isang pangaral na pinamagatang "Ang Indibidwal na Kasalanan Inilagay kay Hesus" [Individual Sin Laid on Jesus], Sinabi ni Spurgeon,

> Ito ay ang mga kasalanan ni Lot, mahalay na mga kasalanan. Hindi ko mabanggit ang mga ito, naiiba sila sa mga kasalanan ni David. Itim na mga kasalanan, eskarlatang mga kasalanan, ay yoong mga kay David, ngunit ang mga kasalanan ni David ay hindi pulos katulad ng kay Manasseh; ang mga kasalanan ni Manasseh ay hindi kapareho ng kay Pedro – nagkasala si Pedro sa pawang isang kakaibang [paraan]; at ang babae na isang makasalanan, hindi mo siya maitutulad kay Pedro, kahit na kung tignan mo ang kanyang pag-uugali ay [makukumpara] mo siya kay Lydia; maging kung maisip mo si Lydia, nakikita mo ba siyang walang [pagkakasituparan ng pakakaiba] sa pagitan niya at ang Filipong tagapamahala sa bilanggo. Lahat sila ay magkakatulad, lahat sila ay naligaw, ngunit lahat sila magkakaiba, lahat sila lumiko bawat isa sa kanyang sariling daan; ngunit…ang Panginoon ["[ay] [nagpasan] sa kaniya ng […] kasamaan nating" lahat]…Kapag ikaw ay lumapit sa

> dakilang ebanghelyo ng medisina, ang mahalagang dugo ni Hesu-Kristo, mayroon ka roong…kung ano dati ang tawag ng mga matatandang doktor na isang *katolikon,* isang pangkaraniwang medisina na alin ay tumatagpo sa lahat ng pangyayari…at naglalayo sa kasalanan sa lahat pagkakahiwalay nito ng sala na parang ito ay ginawa para sa kasalanan, at para sa kasalanang iyon lamang (isinalin mula sa isinulat ni C. H. Spurgeon, "Individual Sin Laid on Jesus," ***The Metropolitan Tabernacle Pulpit,*** Pilgrim Publications, 1977 reprint, volume XVI, pp. 213-214).

Magtiwala kay Kristo. Sumuko kay Kristo. Magtiwala sa Kanya at ika'y di kailan man mahihiya, dahil "ipinasan sa kaniya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat."

> May-sala, hamak at walang tulong, ay tayo
> Walang-dungis na Tupa ng Diyos, ay Siya;
> "Lubos na pananakip ng sala," maari ba?
> Alleluya! O anong Tagapagligtas!
> ("Alleluya! O anong Tagapagligtas!" Isinalin mula sa
> "Hallelujah! What a Saviour!" ni Philip P. Bliss, 1838-1876).

Magsitayo po at kantahin ang unang berso ng himno bilang 7 sa inyong piraso ng himig.

> Aking naririnig ang Iyong bumabating tinig,
> Na tumatawag sa akin, Panginoon, sa Iyo
> Para sa paglilinis sa Iyong mahalgang dugo
> Na dumaloy sa Kalbaryo.
> Ako'y palapit na, Panginoon! Palapit na ngayon sa Iyo!
> Hugasan mo ako, linisan mo ako sa dugo
> Na dumaloy sa Kalbaryo.
> ("Ako'y palapit na, Panginoon." Isinalin mula sa
> "I Am Coming, Lord" ni Lewis Hartsough, 1828-1919).

Magtitiwala ka ba kay Hesus? Isusuko mo ba ang iyong sarili sa Kanya, sumuko sa Kanya, at magtiwala sa Kanya? Malilinis ka mula sa kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang Dugo, at maliligtas mula sa paghahatol sa pamamagitan ng Kanyang nakikipagpalit na sakripisyo sa Krus? Naway ipagkaloob sa iyo ng Diyos ang pananampalataya upang umasa kahy Kristo mismo, upang sumuko sa Kanya at maligtas!

Magsitayo tayong sabay-sabay. Kung gusto mong maka-usap kami tungkol sa pagtitiwala kay Hesus, iwanan ang iyong upuan ngayon at lumakad patungo sa likuran ng awditoryum. Dadalhin ka ni Dr. Cagan sa isang tahimik na silid kung saan makakausap ka namin tungkol sa pagsuko kay Kristo at pagiging mahugasang malinis mula sa iyong mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang banal na Dugo! Amen.

ANG BALANGKAS NG

# ANG PANGKARANIWANG KASALANAN, ANG TANGING KASALANAN, AT ANG GAMOT SA KASALANAN

**(PANGARAL 7 SA ISAIAS 53)**

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

> "Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw; tayo ay tumungo bawa't isa sa kaniyang sariling daan; at ipinasan sa kaniya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat." (Isaias 53:6).

(Isaias 53:4, 5, 6, 8, 10, 11, 12)

I. Una, ang karaniwang kumpisal ng kasalanan ng buong sangdatauhan, Isaias 53:6a; Mga Taga Roma 3:9-11; I Pedro 2:25; Mga Taga Efeso 2:12; 4:18.

II. Pangalawa, ang personal na kumpisal ng tanging kasalanan ng bawat isa, Isaias 53:6b.

III. Pangatlo, ang humahaliling, bikaryong pagkamatay ni Kristo para sa lahat ng kasalanan, Isaias 53:6c.

# ANG KATAHIMIKAN NG TUPA

**(PANGARAL BILANG 8 SA ISAIAS 53)**

# THE SILENCE OF THE LAMB

**(SERMON NUMBER 8 ON ISAIAH 53)**

(Tagalog)

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

Isang pangaral na ipinangaral sa Baptist Tabernacle ng Los Angeles
ng Gabi Araw ng Panginoon, Ika-24 ng Marso taon 2013

> "Siya'y napighati, gayon man nang siya'y dinalamhati ay hindi nagbuka ng kaniyang bibig; gaya ng kordero na dinadala sa patayan, at gaya ng tupang nasa harap ng mga manggugupit sa kaniya ay pipi, gayon ma'y hindi niya binuka ang kaniyang bibig" (Isaias 53:7).

Laging nakakasayang marinig ang mga huling salita ng mga Kristiyanong martir. Naitataas ang ating mga pusong madinig ang kanilang mga salita habang namamatay. Si Polycarp ay isang mangangaral noong pangalawang siglo. Sa Ingles ang kanyang pangalan ay Polycarp, sa Latin ito ay Polycarpus. Si Polycarp ay isang estudyante ni Apostol Juan. Maraming taon maya-maya siya ay tumayo sa harap ng isang paganong hukom, na nagsabing, "Ikaw ay isang matandang lalake. Hindi kailangan na ikaw ay mamatay…Sumumpa ka at ika'y aking pakakawalan. Ano bang mawawala sa iyo kung sasabihin mo ang 'Panginoong Caesar,' at mag-alay ng insenso? Sumumpa ka kay Caesar at maligaya kitang pakakawalan. Ikaila mo si Kristo at ikaw ay mabubuhay."

Sumagot si Polycarpus, "Walongpu't- anim na taon ko Siyang pinaglingkuran, at hindi Niya ko kailanman ginawan ng masama. Paano ko manunungayaw ang Hari kong nagligtas sa akin?" Sinabi ng hukom, "Ipapakain kita sa apoy." Sumagot si Polycarpus, "Ang apoy na iyong ipinanakot ay nakakasunog ngunit isang oras ay nakapapawi. Hindi mo ba alam na ang apoy na darating sa hatol ay panghabang-buhay na kaparusahan na inilapag para sa mga masasama [nawawala]? Ngunit bakit mo ipinapatagal? Halina, at gawin mo ang gustohin mo."

Dito ipinadala ng gobernador ng lalawigan ang kanyang tagapagpauna sa arena upang ihayag ng malakas sa madla, "Kinumpisal ni Polycarp ang sarili bilang isang Kristyano!" "Sunugin siya ng buhay!" hiniyaw ng paganong karamihan. Isang apoy ay inihanda. Nilapitan ng tagabitay si Polycarp upang ipako siya sa tulusan. Mahinahong sinabi ng biktima, "Iwan mo ako bilang ako. Siya kung sinong magtutupad sa aking magtiis sa apoy ay mahahayaan akong manatili sa siga ng hindi nagagalaw, ng walang katibayang inaasahan ninyo mula sa mga pako."

Pagkatapos itinaas ng mangangaral ang kanyang boses sa dasal, pinupuri ang Diyos na "dahilan niya ng pagkarapat na ikamatay." Ang apoy ay sinindihan at isang pliyego ng apoy ang sumiklab pataas sa kanya. Noong hindi nalagas ang kanyang katawan sa mga liyab, isang tagabitay ang sumaksak sa kanya gamit ang isang panaksak. Kaya natapos ang buhay ni Polycarpos, pastor sa Smyrna at mag-aaral ni Apostol Juan (tignan ang pinagsalinang isinulat ni James C. Hefley, ***Mga Bayani ng Pananampalataya [Heroes of the Faith],*** Moody Press, 1963, pp. 12-14).

Nagpahayag si Spurgeon ng tungkol kay "Jane Bouchier, ang ating malwalhating Bautismong martir…noong siya ay dinala sa harap nina Cranmer at Ridley," dalawang

obispo ng Simbahan ng Inglatera, kung sino ay kinondena ang Bautismong ito na sunugin sa tulusan, na sinasabi sa kanya na ang pagsusunog ay isang madaling kamatayan. Sinabi niya sa kanila, "Ako ay isang tunay na lingkod ni Kristo gaya ninyo; at kung ilalagay ninyo ang abang kapatid sa kamatayan, mag-ingat at baka pakawalan ng Diyos ang lobo ng Roma sa inyo, at kailanganin din ninyong magdusa para sa Diyos." Siya ay tumama, dahil parehong lalake ay minartir hindi katagalan ang lumipas! (tignan ang isinaling isinulat ni C. H. Spurgeon, "Lahat ng Kasapatan Pinalaki ["All-Sufficiency Magnified"], ***The New Park Street Pulpit,*** kabuuan VI, pp. 481-482).

Kahit na magkalayo ng maraming siglo, si Polycarp at Jane Bouchier ay gumawa ng matitinding mga salaysay ng pananampalataya noong sila ay sinunog sa tulusan. *Gayon man hindi ito ginawa ng Panginoong Hesu-Kristo noong siya ay tinakot sa pamamagitan ng pagpapahirap at kamatayan!* Oo, nakausap Niya ang mataas na saserdote. Oo, nakausap Niya ang Romanong gobernador na si Pilato. Ngunit noong dumating ang oras sa Kanya na hampasin halos sa kamatayan at pagkatapos ay ipinako sa isang Krus, ang mga salita ng propeta Isaias na naglalarawan sa kamangha-manghang bagay na Siya noon ay tahimik!

> "Siya'y napighati, gayon man nang siya'y dinalamhati ay hindi nagbuka ng kaniyang bibig; gaya ng kordero na dinadala sa patayan, at gaya ng tupang nasa harap ng mga manggugupit sa kaniya ay pipi, gayon ma'y hindi niya binuka ang kaniyang bibig" (Isaias 53:7).

*Wala ni isang salita ang binigkas niya habang binubugbog Siya! Wala ni isang salita ang binigkas Niya habang ipinapako Siya sa Krus!* Tayo na at magpunta sa ating teksto at uminom ng malalim mula rito sa pamamagitan ng pagtatanong ng tatlong tanong at pagsagot sa mga ito.

## I. Una, sino itong taong tinatawag na Hesus?

Sino itong binanggit ng propetang, sinasabing,

> "Siya'y napighati, gayon man nang siya'y dinalamhati ay hindi nagbuka ng kaniyang bibig …"? (Isaias 53:7).

Sinasabi sa atin ng Bibliya na Siya ay ang Panginoon ng luwalhati, ang Pangalawang Tao ng Banal na Santisima Trinidad, Diyos Anak sa katawang tao! Gaya ng sinasabi ng kredo, "pinka Diyos ng pinaka Diyos." Hindi kailanman dapat nating isipin na si Hesus ay isang pulos na taong guro o isang pulos na propeta! Hindi Siya nag-iwan ng puwang na isipin natin Siya sa ganitong hanganan, dahil sinabi Niya,

> "Ako at ang Ama ay iisa" (Juan 10:30).

Muli sinabi ni Hesus,

> "Ako ang pagkabuhay na maguli, at ang kabuhayan: ang sumasampalataya sa akin, bagama't siya'y mamatay, gayon ma'y mabubuhay siya" (Juan 11:25).

Kung ibang tao ang nagsabi ng mga bagay na iyan tatawagin natin siyang dilusiyonal, sinapian ng demonyo, nalinang, nagdedeliryo o nababaliw! Ngunit noong sinabi ni Hesus na Siya at ang Diyos Ama ay iisa, at noong sinabi Niya, "Ako ang pagkabuhay na magmuli at ang kabuhayan," at mga salitang tulad niyan, tayo'y napapatigil at, masmalala kesa sa atin, nakakapagtaka kung *hindi pala Siya tama pagkatapos ng lahat!*

Kahit na hindi ako palaging sumasang-ayon kay C. S. Lewis, paanong kahit sino sa atin ang hindi sasang-ayon sa kanyang tanyag na pahayag tungkol kay Hesu-Kristo? Sinabi ni C. S. Lewis,

> Sinusubukan ko ritong pigilan ang sino mang nagsasabi ng hangal na bagay na madalas sabihin ng tao tungkol sa Kanya: "Handa na akong tanggapin si Hesus bilang isang dakilang guro ng kabutihan, ngunit hindi ko tanggap ang pag-aangkin Niyang Siya ay Diyos." Iyan ang isang bagay na hindi dapat natin sasabihin. Ang isang tao na pulos na isang tao at nagsabi ng ganoong mga bagay ay sinabi ni Hesus na hindi maging isang dakilang guro ng gawang kabutihan. Siya man ay maging isang luko-luko – sa antas ng isang taong nagsasabing siya ay isang minamalasadong itlog – kung hindi Siya ay isang Diablo ng Imperyno. Kailangan kang pumili. Maging ang taong ito ay naging, at ay, ang Anak ng Diyos: o isang baliw o mas malala pa. Maari mo Siyang sarhan bilang isang ulol, o maari mo Siyang luraan at patayin bilang isang demonyo; o maari kang bumagsak sa Kanyang paa at tawagin Siyang Panginoon at Diyos. Ngunit huwag tayong pumunta sa kahit na anong pagkakandili kabalastugan tungkol sa Kanyang pagiging isang dakilang taong guro. Hindi Niya iyan iniwang bukas sa atin. Hindi Niya ito tinangkang gawin (isinalin mula sa isinulat ni C. S. Lewis, Ph.D., ***Simpleng Kristiyanismo [Mere Christianit]y,*** Harper Collins, 2001, p. 52).

"Maari mo Siyang luraan at patayin bilang isang demonyo; o maari kang bumagsak sa Kanyang paa at tawagin Siyang Panginoon at Diyos…Kailangan kang pumili."
Dahil sinabi ni Hesus,

> "Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko" (Juan 14:6).

Iyan na! Hindi mo maaring paghaluin si Hesus sa Budismo o Hindoismo o Islam sa simpleng dahilan na "hindi […] iyan iniwan ni [Hesus] na bukas sa atin. Hindi Niya ito tinangkang gawin." Iniwan tayo ni Kristo ng walang mga pagpipilian. Sinabi Niya, "Sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko." "Maari mo Siyang luraan at patayin…o maari kang bumagsak sa Kanyang paa at tawagin Siyang Panginoon at Diyos…Kailangan kang pumili." Ito'y isa o ang iba. Walang *tunay* na walang pinapanigan patungkol rito! Maari kang magkunwari, ngunit hindi sila kailan man walang pinapanigan. "hindi […] iyan iniwan niyang bukas sa atin."

## II. Pangalawa, bakit nakaligtaan nitong taong si Hesus na ipagtanggol ang Sarili sa harap noong mga nagpahirap at pumatay sa Kanya?

Bakit

> "Siya'y napighati, gayon man nang siya'y dinalamhati ay hindi nagbuka ng kaniyang bibig"? (Isaias 53:7).

Sinabi ng dakilang siyentipikong si Albert Einstein, kahit na hindi isang Kristiyano,

> Walang makababasa ng [apat] na mga Ebanghelyo ng walang pagdarama ng tunay na piling ni Hesus. Ang kanyang

> katauhan ay tumitibok sa bawat salita. Walang kathang isip ang puno ng ganyang buhay (isinalin mula sa isinulat ni Albert Einstein, Ph.D., ***Ang Sabado ng Gabing Paskil [The Saturday Evening Post],*** Ika-26 ng Oktuber taon 1929).

Gayon man noong Siya ay hinampas at ipinako wala Siyang sinabi! Bakit nakaligtaang iligtas ni Kristo ang Kanyang Sarili doon sa mga bumugbog sa Kanya at pumatay sa Kanya? Ang ateistang Pranses na pilosopong si Rousseau ay nakalapit sa sagot sa tanong na iyan noong sinabi niyang,

> Kung si Sokratis ay nabuhay at namatay gaya ng isang pilosopo, si Hesus at nabuhay at namatay gaya ng isang Diyos (isinalin mula sa isinulat ni Jean-Jacques Rousseau, Pranses na pilosopo, 1712-1778).

*Hindi ipinagtanggol ni Hesus ang Sarili dahil ang pinaka layunin Niya sa pagbaba sa lupa ay ang maghirap at mamatay*. Isang taon bago Siya ipinako ginawa Niya itong malinaw.

> "Mula ng panahong yao'y nagpasimulang ipinakilala ni Jesus sa kaniyang mga alagad, na kinakailangang siya'y pumaroon sa Jerusalem, at magbata ng maraming bagay sa matatanda at sa mga pangulong saserdote at sa mga eskriba, at siya'y patayin, at muling ibangon sa ikatlong araw" (Mateo 16:21).

Sinasabi ng ***Ang Bagong Tipang Isinabuhay na Kumentaryo*** [***The Applied New Testament Commentary]***,

> Kakukumpisal lang ni Pedro na si Hesus ay ang Kristo, ang Mesias, ang Anak ng buhay na Diyos [Marcos 8:29]. Ngunit hindi naintindihan ni [Pedro] kung ano ang ipinunta ni Kristo sa lupa. Nag-isip siya katulad ng ibang mga Hudyo, sa makatuwid, na si Kristo ay dumating upang maging isang haring lupa. Samakatuwid, noong sinabi ni Hesus na kailangan [Niyang] maghirap ng maraming bagay at… mamatay, hindi ito matanggap ni Pedro. Sinaway niya si Hesus sa pagsasabi ng bagay na iyon. Sinabi rin ni Hesus na pagkatapos ng tatlong araw [Siya] ay babangong muli. Alam ni Hesus na, hindi lang Siya mamamatay, ngunit Siya na rin ay babangon mula sa kamatayan sa pangatlong araw. Hindi ito naintindihan ng mga disipolo (isinalin mula sa isinulat ni Thomas Hale, ***Ang Bagong Tipang Isinabuhay na Kumentaryo*** [***The Applied New Testament Commentary],*** Kingsway Publications, 1996, pp. 260-261).

Ngunit dapat *nating* intindihin na. Sinabi ng Bibliya,

> "Si Cristo Jesus ay naparito sa sanglibutan upang iligtas ang mga makasalanan" (I Timoteo 1:15)

sa pamamagitan ng Kanyang kamatayn para sa ating mga kasalanan sa Krus, at sa pamamgitan ng Kanyang pagbubuhay ng muli, na nagbibigay sa atin ng buhay. Hindi nagsalita si Hesus at ipinagtanggol ang Sarili noong Siya ay hinampas at ipinako dahil gaya ng sinabi Niya kay Pilato, "Ako'y ipinanganak dahil dito, dahil dito ako naparito sa sanglibutan" (Juan 18:37).

## III. Pangatlo, ano ang sinasbi ng teksto sa atin tungkol sa tahimik na paghihirap ni Hesus?

Maaring magsitayo at basahin ang Isaias 53:7 ng malakas ng isa pang beses.

> "Siya'y napighati, gayon man nang siya'y dinalamhati ay hindi nagbuka ng kaniyang bibig; gaya ng kordero na dinadala sa patayan, at gaya ng tupang nasa harap ng mga manggugupit sa kaniya ay pipi, gayon ma'y hindi niya binuka ang kaniyang bibig" (Isaias 53:7).

Maari ng magsiupo.

"Siya'y napighati." Sinabi ni Dr. Young na ito ay maisasalin na, "[Pinabayaan] niya ang sariling mapighati." "Sa pagiging pighati siya ay kusang-loob na naghihirap…Walang pagtatanggol sa sarili o protesta ang lumabas sa kanyang bibig. Hindi maaring mabasa ng sinuman ang [hulang ito] ng walang pag-iisip ng katuparan, noong bago ng hatol ni Pilato ang tunay na Lingkod ay hindi sumagot ni isang salita. 'Noong siya ay nilait, nilait siyang muli' [Noong siya ay naghirap hindi siya nagtangka]" (isinalin mula sa isinulat ni Edward J. Young, Ph.D., ***Ang Aklat ni Isaias [The Book of Isaiah],*** Eerdmans, 1972, kabuuan 3, pp. 348-349).

> "Nang magkagayo'y sinabi sa kaniya ni Pilato, Hindi mo baga naririnig kung gaano karaming bagay ang kanilang sinasaksihang laban sa iyo? *At hindi siya sinagot niya, ng kahit isang salita man lamang:* ano pa't nanggilalas na mainam ang gobernador [ay nagulat ng matindi]" (Mateo 27:13-14).

> "At isinakdal siya sa maraming bagay ng mga pangulong saserdote. At muling tinanong siya ni Pilato, na sinasabi, Hindi ka sumasagot ng anoman? tingnan mo kung gaano karaming bagay ang kanilang isinasakdal laban sa iyo. *Datapuwa't si Jesus ay hindi na sumagot ng anoman;* ano pa't nanggilalas si Pilato [ay nagulat at namangha]" (Marcos 15:3-5).

> "Siya'y napighati, gayon man nang siya'y dinalamhati ay hindi nagbuka ng kaniyang bibig; gaya ng kordero na dinadala sa patayan, at gaya ng tupang nasa harap ng mga manggugupit sa kaniya ay pipi, gayon ma'y hindi niya binuka ang kaniyang bibig" (Isaias 53:7).

Sa Isaias 53:7 si Kristo ay kinumpara sa isang tupa. Sa Lumang Tipan, nagdala ang mga tao ng mga tupa upang katayin para iaalay sa Diyos. Upang maihanda ang isang tupa para sa pag-aalay kailangang kulasin ito, ginugupit ang lahat ng lana. Ang tupa ay nakatayong tahimik habang ito ay kinukulasan. Gaya ng pang-alay na tupa ay tahimik noong ito ay kinulas at kinatay, "gayon ma'y hindi niya binuka ang kaniyang bibig" (Isaias 53:7).

Kimupara rin ni Juan Bautista si Hesus sa isang pang-alay na tupa noong sinabi niyang,

> "Narito, ang Cordero ng Dios, na nagaalis ng kasalanan ng sanglibutan!" (Juan 1:29).

Kapag lumapit ka kay Hesus sa pananampalataya, ang Kanyang alay sa Krus ang nagbabayad sa lahat ng iyong mga kasalanan, at ikaw ay tatayo ng walang sala sa harap ng Diyos. Ang sala mo ay naalis sa pamamagitan ng Kanyang pagkamtay sa Krus.

Si David Brainerd, ang tanyag na misyonaryo sa mga American Indian, ay ipinahayag ang katotohanang ito sa lahat nga dako ng kanyang pangangasiwa. Habang nangaral siya sa mga Indian, sinabi niya, "Hindi ako kailanman nakalayo mula kay Hesus at Siyang ipinako. Natuklasan ko na minsan na ang mga taong ito ay kinapitan ng dakilang…kahulugan ng alay ni Kristo sa ating pakandili, hindi ko kinailangang bigyan sila ng maraming tagubilin tungkol sa pagbabago ng kanilang asal" (isinalin mula sa isinulat ni Paul Lee Tan, Th.D., ***Ensiklopediya ng 7,700 ng mga Ilustrasyon [Encyclopedia of 7,700 Illustrations],*** Assurance Publishers, 1979, p. 238).

Alam ko na iyan ay totoo rin ngayon. Minsang makita mo na

> "Si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan" (I Mga Taga Corinto 15:3),

at minsang ikaw ay makakuha ng kapitan sa ipinako at bumangong Tagapagligtas sa pananampalataya, ikaw ay isang Kristyano. Ang natititra ay medyo madali ng maipaliwanag at maintindihan. *Kumuha ka ng kapitan kay Kristo sa pamamgitan ng pananampalataya at ikaw ay maliligtas!*

Habang siya ay namamatay, sinabi ni Spurgeon na, "Ang teyolohia ko ay mahahanap sa apat na maliliit na salita – *'Si Hesus* ay namatay para sa *akin.'* Hindi ko sinasabing ito lang ang lahat na ipangangaral ko kung ako ay maibabangong muli, ngunit ito ay higit pa sa sapat na ikamatay. *Si Hesus* ay namatay para sa *akin"* (isinalin mula sa Tan, ibid.) Masasabi *mo* ba iyan? Kung hindi, susuko ka ba sa bumangong Tagapagligtas at magtiwala sa Kanya ngayong gabi? Masasabi mo bang, "Si Hesus ay namatay para sa akin, at sumusuko ako sa Kanya at nagtitiwala sa Kanya para sa lubos na kaligtasan sa Kanyang Dugo at katuwiran"? Naway ipakaloob ka ng Diyos ng simpleng pananamapalataya upang magawa ito ngayong gabi! Amen.

Maaring magsitayo at kantahin ang himno bilang 8 sa pliyego ng kantahin, "At Maari Kaya Ito?" ( isinalin mula sa "And Can It Be?" ni Charles Wesley).

> At maari kaya ito na ako'y makatamo
> Ng isang hangarin sa dugo ng Tagapagligtas?
> Namatay Siya para sa akin, na nagsanhi ng Kanyang kirot?
> Para sa akin, na Siyang kamatayan ang humabol?
> Nakamamanghang pag-ibig! Papano kaya ito,
> Na ang, aking Diyos, ay mamatay para sa akin?
> Nakamamanghang pag-ibig! Papano kaya ito,
> Na ang, aking Diyos, ay mamatay para sa akin?
> ("At Maari Kaya Ito." Isinalin mula sa
> "And Can It Be?" ni Charles Wesley, 1707-1788).

Kung ika'y nakumbinsi na mapapatawad ni Hesus ang iyong kasalanan at maligtas ang iyong kaluluwa, gusto ka naming makausap tungkol sa pagiging isang Kristiyano. Iwanan ang iyong upuan at maglakad papunta sa likuran ng silid. Dadalhin ka ni Dr. Cagan sa isang tahimik na silid kung saan makakausap ka naming. Magpunta sa likuran ng awditoriyum. Amen.

## ANG BALANGKAS NG

# ANG KATAHIMIKAN NG TUPA

**(PANGARAL BILANG 8 SA ISAIAS 53)**

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

> "Siya'y napighati, gayon man nang siya'y dinalamhati ay hindi nagbuka ng kaniyang bibig; gaya ng kordero na dinadala sa patayan, at gaya ng tupang nasa harap ng mga manggugupit sa kaniya ay pipi, gayon ma'y hindi niya binuka ang kaniyang bibig" (Isaias 53:7).

I. Una, sino itong taong tinatawag na Hesus? Juan 10:30; 11:25; Juan 14:6.

II. Pangalawa, bakit nakaligtaan nitong taong si Hesus na ipagtanggol ang Sarili sa harap noong mga nagpahirap at pumatay sa Kanya? Mateo 16:21; I Timoteo 1:15; Juan 18:37.

III. Pangatlo, ano ang sinasabi ng teksto sa atin tungkol sa tahimik na paghihirap ni Hesus? Mateo 27:13-14; Marcos 15:3-5; Juan 1:29; I Mga Taga Corinto 15:3.

# ISANG PAGLALARAWAN NG PAGBABAYAD

**(PANGARAL BILANG 9 SA ISAIAS 53)**

# A DESCRIPTION OF THE ATONEMENT

**(SERMON NUMBER 9 ON ISAIAH 53)**
(Tagalog)

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

Isang pangaral na ipinangaral sa Baptist Tabernacle ng Los Angeles
Umaga ng Araw ng Panginoon, Ika-7 ng Abril taon 2013

> "Sa pamamagitan ng kapighatian at kahatulan ay dinala siya: at tungkol sa kaniyang lahi, sino sa kanila ang gumunita na siya'y nahiwalay sa lupain ng buhay? dahil sa pagsalangsang ng aking bayan ay nasaktan siya" (Isaias 53:8).

Sa mas naunang berso sinabi sa atin ni Isaias ang tungkol sa pagkatahimik ni Kristo,

> "Siya'y napighati, gayon man nang siya'y dinalamhati ay hindi nagbuka ng kaniyang bibig; gaya ng kordero na dinadala sa patayan, at gaya ng tupang nasa harap ng mga manggugupit sa kaniya ay pipi, gayon ma'y hindi niya binuka ang kaniyang bibig" (Isaias 53:7).

Sinabi ni Dr. Edward J. Young, "Sa pagdidiin ng pagkatahimik ni Kristo sa Kanyang paghihirap, ang propeta ay nagbibigay ng isang mas detalyeng paglalarawan ng paghihirap na iyon" (isinalin mula kay Edward J. Young, Ph.D., ***Ang Aklat ni Isaias [The Book of Isaiah],*** Eerdmans, 1972, kabuuan 3, p. 351).

> "Sa pamamagitan ng kapighatian at kahatulan ay dinala siya: at tungkol sa kaniyang lahi, sino sa kanila ang gumunita na siya'y nahiwalay sa lupain ng buhay? dahil sa pagsalangsang ng aking bayan ay nasaktan siya" (Isaias 53:8).

Ang berso ay natural na naghihiwalay sa tatlong mga punto nilalarawan ang (1) Paghihirap ni Kristo (2) Ang henerasyon ni Kristo, at (3) Ang bikaryong pagbabayad ni Kristo para sa ating mga kasalanan.

## I. Una, ang berso ay nagbibigay ng isang paglalarawan paghihirap ni Kristo.

> "Sa pamamagitan ng kapighatian at kahatulan ay dinala siya … na siya'y nahiwalay sa lupain ng buhay" (Isaias 53:8).

Si Kristo ay nadakip sa Hardin ng Gethsemani. Siya ay dinakip ng mga kawal ng templo sa punong saserdote. Dinala nila Siya sa harap ni Caiaphas, ang mataas na saserdote, at sa harap ng Sanhedrin, ang Hudyong mataas na korte. Siya ay isinumpa sa korteng ito ng mga huwad na mga saksi. Sinabi ni Hesus,

> "Buhat ngayon ay inyong makikita ang Anak ng tao na nakaupo sa kanan ng Kapangyarihan, at pumaparitong nasa mga alapaap ng langit" (Mateo 26:64).

Tapos sinabi ng mataas na saserdote,

> "Ano ang akala ninyo? Nagsisagot sila [ng Sanhedrin] at kanilang sinabi, Karapatdapat siya sa kamatayan. Nang magkagayo'y niluraan nila ang kaniyang mukha at siya'y kanilang pinagsusuntok: at tinatampal siya ng mga iba" (Mateo 26:66-67).

> "Pagka umaga nga, ang lahat ng mga pangulong saserdote at ang matatanda sa bayan ay nangagsanggunian laban kay Jesus upang siya'y ipapatay" (Mateo 27:1).

Ngunit wala silang legal na kapangyarihan sa ilalim ng Romanong batas upang gawin ito, at kaya,

> "siya'y inilabas, at kanilang ibinigay siya kay Pilato na [Romanong] gobernador" (Mateo 27:2).

Kwinestyon ni Pilato si Hesus,

> "nguni't si Jesus ay hinampas at ibinigay upang ipako sa krus" (Mateo 27:26).

Gayon,ang bahaging ito ng ating teksto ay natupad,

> "Sa pamamagitan ng kapighatian at kahatulan ay dinala siya [sa harap ng mataas na saserdote, at tapos sa harap ni Pilato]… siya'y nahiwalay sa lupain ng buhay? [sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan sa Krus]" (Isaias 53:8).

Ang pagkabilanggo ni Hesus ng Hudyong Sanhedrin at ni Pilato ay tumupad sa mga salitang, "Dinala siya." Ang mga paglilitis sa harap ni Caiaphas, at tapos sa harap ni Pilato, ay tumupad sa pariralang, "at kahatulan." Siya'y dinala sa kapighatian at kahatulan sa isang burol na tinawag na Kalbaryo, kung saan Siya ay ipinako at namatay sa Krus, kung gayon tinutupad ang pariralang, "Siya'y nahiwalay sa lupain ng buhay."

Sinabi ni Dr. John Gill (1697-1771),

> *Siya'y dinala sa pamamagitan ng kapighatian at paghahatol;* iyan ay, na ang kanyang buhay ay kinuha sa isang biyolenteng ayos, sa ilalim ng isang pagkukunwari ng hustisya; habang [tunay] ang [pinaka malubhang] kawalan ng katarungan ay ginawa sa kanya; isang maling pagsakdal ay dinala laban sa kanya, mga huwad na mga saksi ay [sinulsulan upang gumawa ng isang huwad na panunumpa, kung gayon nagkakamit ng pagsira ng banal na pangako laban sa Kanya], at ang kanyang buhay ay kinuha ng malulupit na mga kamay [gaya ng pagkabigay] sa Mga Gawa 8:32, ["Siya'y gaya ng tupa na dinala sa patayan; At kung paanong hindi umimik ang kordero sa harap ng manggugupit sa kaniya, Gayon din hindi niya binubuka ang kaniyang bibig"]. *Sa kanyang pagkahiya ang kanyang kahatulan ay kinuha*: [hindi] siya [tumanggap] ng karaniwang hustisiya (isinalin mula kay John Gill, D.D., ***Isang Pagpapaliwanag ng Lumang Tipan [An Exposition of the***

> ***Old Testament],*** The Baptist Standard Bearer, 1989 inilimbag muli, kabuuan V, pah. 314).

Gaya ng sinasabi ng ating teksto,

> "Sa pamamagitan ng kapighatian at kahatulan ay dinala siya … siya'y nahiwalay sa lupain ng buhay …" (Isaias 53:8).

## II. Pangalawa, ang teksto ay nagbibigay ng isang paglalarawn ng henerasyon ni Kristo.

Sa gitna ng teksto ay isang sugnay alin ay medyo mahirap ipaliwanag,

> "Sa pamamagitan ng kapighatian at kahatulan ay dinala siya: *at tungkol sa kaniyang lahi, sino sa kanila ang gumunita* na siya'y nahiwalay sa lupain ng buhay…" (Isaias 53:8).

"Tungkol sa kaniyang lahi, sino sa kanila ang gumunita?" Sinabi ni Dr. Gill na ang pariralang ito ay tumutukoy sa "panahon [o henerasyon kung saan Siya ay nabuhay], at ang mga tao nito kung saan nabuhay siya, na ang kanilang kabangisan sa kanya, at kalupitan sila ay nagkasala, ay mga ganoon na gaya ng hindi madeklarang [lubos] sa pamamagitan ng bibig, o [lubos] na inilarawan sa pamamagitan ng panulat ng tao" (Isinalin mula kay Gill, ibid.). Nagdadala ito ng luha sa ating mga puso, kapag ating nababasa ang kalupitan at kawalan ng katarungan nila sa hindi nakapipinsalang Anak ng Diyos! Gaya ng paglagay nito ni Jospeh Hart (1712-1768) sa kanyang nakalulungkot na himno,

> Tignan kung gaano ka pasensya ni Hesus na nakatayo!
> Na-insulto sa teribleng lugar na ito!
> Ginapos ng mga makasalanan ang
> Makapangyarihang mga kamay,
> At dumura sa mukha ng kanilang Tagapagligtas..
>
> Ang Kanyang sentido dumadanak ng dugo
> At nalaslas ng mga tinik,
> Nagpapadala ng pagdaloy ng dugo sa lahat ng bahago;
> Ang Kanyang likuran nalatigo
> Dahil sa mabigat na paghahampas,
> Ngunit mas matulis na paghahampas
> Ng pumunit sa Kanyang puso.
>
> Naipakong nakahubad sa isinumpang kahoy,
> Nakalatay sa lupa at langit sa itaas,
> Isang palabas ng mga sugat at dugo,
> Isang malungkot na pagpapakita ng nasugatang pag-ibig!
> ("Ang Kanyang Pasyon." Isinalin mula sa "His Passion"
> ni Joseph Hart, 1712-1768; binago ng Pastor sa tono ng
> "'Tis Midnight, and on Olive's Brow").

Sinabi ni John Trapp (1601-1669) "Sinong makapaghayag o larawan ng kanyang henerasyon? [Sinong makalalarawan] ng kalupitan ng tao noong mga panahon na iyon na nabuhay siya?" (isinalin mula kay John Trapp, ***Isang Kumentaryo sa Lumang Tipan at Bagong Tipan [A Commentary on the Old and New Testaments],*** Transki Publications, 1997 inilimbag muli, kabuuan 3, p. 410).

Mahirap ipaliwanag, sa makataong kondisyon, bakit ang mga Hudyong mga pinuno ay gustong ipako sa krus si Hesus, at kung bakit ang mga Romanong kawal ay, "sinaktan […] ang kaniyang ulo ng isang tambo, at siya'y niluluraan…at siya'y kanilang inilabas upang ipako siya sa krus" (Marcos 15:19-20).

> "At bagaman hindi sila nakasumpong sa kaniya ng anomang kadahilanang sukat ipatay, gayon ma'y kanilang hiningi kay Pilato na siya'y patayin" (Mga Gawa 13:28).

Gaya ng pagkalagay nito ni John Trapp, "Sinong makapaghayag o larawan ng kanyang henerasyon?... ang kalupitan ng tao noong mga panahon iyon na nabuhay siya."

> "Sa pamamagitan ng kapighatian at kahatulan ay *dinala siya: at tungkol sa kaniyang lahi,* sino sa kanila ang *gumunita* na siya'y nahiwalay sa lupain ng buhay…" (Isaias 53:8).

Sinabi ni Dr. Young, "Ang pandiwang [gumunita] ay nagpapahiwatig ng meditasyon o pagbibigay ng seryosong pag-iisip sa isang bagay…Dapat nilang isinaalang alang [ang ibig sabihn ng Kanyang kamatayan], ngunit hindi nila ito ginawa" (isinalin mula kay Young, ibid., pah. 352).

Paano itong mas iba ngayon? Milyon milyong mga tao ay narinig ang kamatayan ni Hesus sa Krus na hindi nagbibigay ng seryosong pag-iisip nito. "Dapat nilang isinaalang-alang, ngunit hindi nila ito ginawa." Sinong nag-iisip ng malalim patungkol sa pagpapako sa krus ni Kristo? Paano *ikaw?* Gumugugol ka ban g oras nag-iisip patungkol sa kamatayan ni Kristo at anong ibig nitong sabihin sa iyo?

"Sino sa kanila…ang gumunita […] tungkol sa kaniyang lahi?...ang kalupitan ng tao noong mga panahong iyon na nabuhay siya," sabi ni John Trapp. At gayon ang mga taong nagpako sa krus kay Hesus ay tunay na napaka pareho sa di napagbagong loob na mga tao ngayon. Ang mga tao ngayon ay hindi gustong mag-isip ng seryoso tungkol sa kahalagahan ng kamatayan ni Kristo. Noong ang "Pasyon ni Kristo" ["The Passion of the Christ"] ay unang lumabas sa mga teatro maraming mga tagakumento ay nagsabi na ang pelikula ay magkakaroon ng malalim na epekto doon sa mga nakakita nito. Sinabi nila na ito'y magsisiklab ng isang muling pagkabuhay ng interes sa Ebanghelyo. Ang ilan sa kanila ay nagsabi na ito'y magsasanhi ng malalaking pulong ng mga kabataan na magpunta sa mga simbahan.

Ang pelikula ay lumabas noong 2004. Iyan ay siyam na taon nakalipas. Nagkaroon tayo ng maraming oras upang makita kung ang mga taga kumento ay tama. Ang teribleng katotohanan ng paghihirap ni Kristo na ipinakita sa pelikula ay nagkaroon ng psikolohikal na epekto sa maraming nakakita nito. Ngunit makikita na natin ngayon na hindi ito gumawa ng nagtatagal na impresyon doon sa mga nakakita nito. Sila'y bumalik agad sa kanilang makasarili at makasalanang buhay.

Kita mo, iyan ang pinaka diwa ng kasalanan. Ang mga di napagbagong loob ay makararanas lamang ng maliit na kalungkutan sa paghihirap ni Kristo. Ngunit sa kabutihang palad, ito'y isa lamang bahagyang pagdadalang sisi. Sila'y bumabalik agad sa "pagsasaliksik ng internet" ng maraming oras, sa kanilang kasakiman para sa mas maraming pera, ang kanilang walang diyos na buhay, ang kanilang walang katapusang paglalaro ng videyo, di nagpupunta sa simbahan tuwing Linggo, nag-iisip ng napaka kaunti patungkol sa Diyos na gumawa sa kanila, at ang Kristong nagdusa sa Krus upang iligtas sila. "Sinong makapaglalarawan ng kanyang henerasyon?" Bakit, ang henerasyon na nabuhay noong si Kristo ay napako sa krus ay ang kapareho ng iyong henerasyon! Sila'y isang kumpol ng mga nagmamahal sa sariling, walang diyos na mga kasumpa-

sumpa, na nabuhay para sa walang mas tataas kaysa makasalanang kasiyahan. At hindi ba iyan isang ganap na larawan ng iyong henerasyon rin? At, kung ika'y tunay na tapat sa iyong sarili, hindi ba iyan rin ay isang ganap na paglalarawan mo? Gaano karaming oras ang iyong ginugugol sa pag-iisip patungkol sa Diyos?

Gaano karaming oras ang iyong ginugugol sa pagdadasal bawat araw? Gaano naapektuhan ang iyong buhay ng dumurugong pagpapako sa krus ni Kristo? Kung ika'y tapat sa iyong sarili, iniisip ko na dapat mong sabihin na ika'y di masyadong iba mula sa henerasyon na tumangi kay Kristo, ipinako Siya, at lumakad upang dalhin ang sarili nilang makasariling buhay. Iyan ang diwa ng kasalanan. Iyan ang pinaka kalikasan ng kasalanan. Iyan ay nagpapatunay na ikaw ay isang makasalanan, at na ikaw ay sa kashing nagkasala noong mga sa panahon ni Kristo. Kahit na ika'y nagpupunta rito sa simbahan kada Linggo, mayrong ka lamang "na may anyo ng kabanalan" (II Ni Timoteo 3:5). Hindi ba iyan totoo sa iyo? Hindi ba iyan totoo na ika'y "ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios"? (Mga Taga Roma 3:23). At dahil ang lahat ng mga bagay na iyan ay totoo sa iyo, paano ka makatatakas mula sa poot at paghahatol ng Makapangyarihang Diyos? Sinabi ni Rev. Iain H. Murray sa kanyang aklat sa buhay ni Dr. Matryn Lloyd-Jones,

> Para kay Dr. Lloyd-Jones na ipangaral ang tunay na panganib ng kasalanan ng tao sa harap ng Diyos ay nangangahulugang ipangaral ang katiyakan ng banal na poot, poot na nasa di napagbagong loob at darating palang upang parusahan ang kasalanan sa impiyerno…ang lugar na iyon kung saan 'Na doo'y hindi namamatay ang kanilang uod, at hindi namamatay ang apoy' (isinalin mula kay Iain H. Murray, ***Ang Buhay ni Martyn Lloyd-Jones [The Life of Martyn Lloyd-Jones],*** The Banner of Truth Trust, 2013, p. 317).

## III. Pangatlo, inilalarawan ng teksto ang mas malalim na kahulugan ng paghihirap ni Kristo.

Mag-sitayo at basahin ang Isais 53:8 ng malakas, nagbibigay ng mainam na atensyon sa huling sugnay, "dahil sa pagsalangsang ng aking bayan ay nasaktan siya."

> "Sa pamamagitan ng kapighatian at kahatulan ay dinala siya: at tungkol sa kaniyang lahi, sino sa kanila ang gumunita na siya'y nahiwalay sa lupain ng buhay? *dahil sa pagsalangsang ng aking bayan ay nasaktan siya"* (Isaias 53:8).

Maari nang magsi-upo.

Sinabi ni Dr. Merrill F. Unger,

> Sa loob ng labin pitong siglo [ang Mesiyanikong interpretasyon ng Isaias 53] ang *nag-iisang* interpretasyon sa mga Kristiyano [at] mga Hudyong may kapangyarihan. [Maya-maya ang mga Hudyo] ay sadyang inabanduna ang pananw na iyan ng kapitulo dahil sa kamangha-manghang katuparan nito kay Kristo (isinalin mula kay Unger, ibid., p. 1293).

Ngayon maraming mga Hudyong eskolar ang nagsasabi na ang buong limampu't tatlong kapitulo ng Isaias ay tumutukoy sa paghihirap ng Hudyong mga tao, hindi ni Kristo. Kahit na ang mga Hudyo ay naghirap ng lubos sa kamay ng mga huwad na mga Kristiyano , hindi ito maaring ang tunay na kahulugan ng ating teksto, dahil simple nitong

sinasabi, "Dahil sa pagsalangsang [ang kasalanan] ng aking bayan ay nasaktan siya" (Isaias 53:8). Patungkol sa sugnay na ito, "Dahil sa pagsalangsang ng aking bayan ay nasaktan siya," sinabi ni Dr. Henry M. Morris, "Namatay siya para sa *'aking mga tao'* – iyan ay Israel – ipinapakita na [si Kristo] sa pasaheng ito ay hindi Israel, gaya ng pinanindigan ng maraming" (isinalin mula kay Henry M. Morris, Ph.D., ***Ang Tagapagtanggol ng Pang-aral ng Bibliya [The Defender's Study Bible],*** Word Publishing, 1995, p. 767). Gayon ang tunay na kahulugan ay hindi ang Hudyong mga tao ay nasaktan, kundi si Kristo ay nasaktan sa kanilang lugar, para sa kanilang kasalanan, upang bayaran ang multa para sa kanilang kasalanan, *at para sa atin.* Siya ay ipinako sa krus upang bayaran ang multa ng ating mga kasalanan! Sinabi ni Dr. John Gill, "Dahil sa pagsalangsang ng aking bayan ay nasaktan siya," ay maisasabuhay sa mga Hudyo at sa mga napiling mga Kristiyano – nagpapakita na si Kristo ay nasaktan ng pareho para sa mga kasalanan ng Israel at para sa mga kasalanan ng "kanyang mga tao" na mga Kristiyano (Isinalin mula kay Gill, ibid., p. 314). Sa palagay ko inilalabas ni Dr. Gill ang tunay na ibig sabihin ng mga salitang iyon,

> "Dahil sa pagsalangsang ng aking bayan ay nasaktan siya"
> (Isaias 53:8).

Si Kristo ay "nasaktan" sa Krus upang magbayad ng mga kasalanan ng Kanyang mga tao, sila man ay Hudyo o Gentil. Ang kanyang kamatayan ay pakikipagpalit, ang pagkamatay ni Kristo upang magbayad para sa ating mga kasalanan. Ito'y pakikipagsuyo, tinatalikod ang galit ng Diyos mula sa makasalanan.

Ngunit mayroong isang kondisyon. Para kay Kristong maging epektwal na magbayan para sa iyong kasalanan, dapat kang magtiwala sa Kanya sa pananampalataya. Ang kasalanang pagbabayad ni Kristo sa Krus ay hindi magliligtas sa kahit sino na nabibigong magtiwala kay Hesus. Ito lamang ay kapag ika'y sumuko kay Hesus na ang iyong mga kasalanan ay naiaalis mula sa talaan ng Diyos sa pamamagitan ng Dugo ng Tagapagligtas.

Maari mong malaman ang lahat ng mga katunayan sa bersong ito at maging nawawala pa rin. Ang mga demonyo ay mayroong lubos na kaalaman ng mga bagay na ito, ngunit hindi ito nagliligtas sa kanila. Sinabi ng Apostol Santiago, "ang mga demonio man ay nagsisisampalataya, at nagsisipanginig" (Santiago 2:19). Ang mga demonyo ay mayroong lamang "pang ulong kaalaman" tungkol sa pagbabayad ni Kristong kamatayan. Dapat kang lumayo pa kung gusto mong maligtas. Dapat mong aktwal na sumuko kay Kristo at magtiwala sa Kanya. Dapat kang mapagbagong loob sa pamamagitan ng pagkilos ng biyaya ng Diyos, o ika'y mapupunta sa Impiyerno kasama ng iyong mga namemoryang mga kaisipan tungkol sa Kanyang pagpapako sa Krus.

Pakinggan si Dr. A. W. Tozer habang siya'y magsalita laban sa "desisyonismo," at sumasang-ayon sa tunay na pagbabgong loob. Sinabi ni Dr. Tozer,

> Ang buong transaksyon ng relihiyosong pagbabagong loob ay ginawang mekanikal at walang espiritu. Ang pananampalataya ay ngayon magagamit na hindi bahagyang bukas sa moral na buhay at na walang kahihiyan sa Adamikong sarili. Maari "tanggapin" si Kristo na hindi lumilikha ng espesyal na pag-ibig para sa Kanya sa kaluluwa ng tumatanggap (isinalin mula kay A. W. Tozer, D.D., ***Ang Pinakamagaling ni A. W. Tozer*** [***The Best of A. W. Tozer],*** Baker Book House, 1979, pahina 14).

"Ang buong transaksyon ng relihiyosong pagbabagong loob ay ginawang mekanikal at walang espiritu" – *at,* aking idag-dag ito'y madalas na walang Kristo! Ang mga "desisyonita" ay simpleng gusto kang magsabi ng isang madaliang panalangin, mabinyagan, at matapos na. Madalas ang kamatayan ni Kristo at muling pagkabuhay ay hindi halos nababanggit. Madalas ang mga ito'y naiiwang lubos! *Hindi* iyan ang itinuturo ng Bibliya. Ang itinuturo ng Bibliya ay na dapat mong maramdaman ang pagkakasala ng kasalanan, at mahanap na wala kang daan palabas mula sa kasalanan at ang mga kinahihinatnan nito imbes na pagpupunta kay Kristo, inilalatag ang iyong sariling walang magawa sa harap niya, at pagtitiwala sa Kanya mula sa pinaka loob na kailaliman ng iyong katauhan. Tapos, at tapos lamang, na iyong malalaman sa karanasan na ibig sabihin ng propetang Isaias noong sinabi niya,

> "Dahil sa pagsalangsang ng aking bayan ay nasaktan siya"
> (Isaias 53:8)

Kapag ika'y magtitiwala kay Hesu-Kristo sa pananampalataya, ang Kanyang Dugo ay maglilinis ng lahat ng iyong kasalanan at ika'y mapagbabagong loob – ngunit hindi bago nito na ito'y mangyayari. Hindi, *hindi kailan man* bago ito mangyari! Dapat kang magtiwala kay Hesu-Kristo kung gusto mong maligtas!

Magsitayo tayong lahat. Kung gusto mong makipag-usap sa amin patungkol sa pagtitiwala kay Hesus, iwanan ang iyong upuan ngayon na at magpunta sa likuran ng awditoryum. Dadalhin ka ni Dr. Cagan sa isang tahimik na silid kung saan makakausap ka namin tungkol sa pagsusuko kay Kristo at pagiging nahugasan mula sa iyong kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang banal na Dugo! Amen.

## ANG BALANGKAS NG

# ISANG PAGLALARAWAN NG PAGBABAYAD

**(PANGARAL BILANG 9 SA ISAIAS 53)**

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

> "Sa pamamagitan ng kapighatian at kahatulan ay dinala siya: at tungkol sa kaniyang lahi, sino sa kanila ang gumunita na siya'y nahiwalay sa lupain ng buhay? dahil sa pagsalangsang ng aking bayan ay nasaktan siya" (Isaias 53:8).

(Isaias 53:7)

I. Una, ang berso ay nagbibigay ng isang paglalarawan paghihirap ni Kristo, Isaias 53:8a; Mateo 26:64, 66-67; 27:1-2, 26; Mga Gawa 8:32.

II. Pangalawa, ang teksto ay nagbibigay ng isang paglalarawn ng henerasyon ni Kristo, Isaias 53:8b; Marcos 15:19-20; Mga Gawa 13:28; II Ni Timoteo 3:5; Mga Taga Roma 3:23.

III. Pangatlo, inilalarawan ng teksto ang mas malalim na kahulugan ng paghihirap ni Kristo, Isaias 53:8c; Santiago 2:19.

# ANG KABALINTUNAAN NG LIBING NI KRISTO
**(PANGARAL BILANG 10 SA ISAIAS 53)**

## THE PARADOX OF CHRIST'S BURIAL
**(SERMON NUMBER 10 ON ISAIAH 53)**
(Tagalog)

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

Isang pangaral na ipinangaral sa Baptist Tabernacle ng Los Angeles
Gabi ng Araw ng Panginoon, Ika-7 ng Abril taon 2013

> "At ginawa nila ang kaniyang libingan na kasama ng mga masama, at kasama ng isang lalaking mayaman sa kaniyang kamatayan; bagaman hindi siya gumawa ng pangdadahas, o wala mang anomang karayaan sa kaniyang bibig" (Isaias 53:9).

Ilang mga pangaral ang iyong narinig tungkol sa libing ni Kristo? Hindi pa ko nakarinig ng *kahit isa*, kahit na nangangaral na ako ng 55 mga taon at nasa simbahan ng 59 mga taon. Hindi ko matandaan kailan man nagbabasa ng isang sermon patungkol sa libing ni Kristo! Dapat ay nakarinig tayo ng mas higit pa. Sa katapusan, ang kanyang libing ay hindi di importante. Sa katunayan ito ang pangalawang punto ng Ebanghelyo!

> "Si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan" (I Mga Taga Corinto 15:3).

Iyan ang unang punto ng Ebanghelyo.

> "At siya'y inilibing" (I Mga Taga Corinto 15:4).

Iyan ang pangalawang punto ng Ebanghelyo.

Paano natin maipapangaral ang Ebanghelyo kung hindi natin kailan nababanggit ang pangalawang punto nito? Ngunit, gayon, ngayon mayroong ilang kaunting buong mga pangaral na naka sentro sa una o pangatlong punto alin man sa dalawa! Iyan ang isa sa pinaka matinding kahinaan ng makabagong pangangaral. Dapat nating gawin ang Ebanghelyong sentral. Dapat nating tratuhin si Kristo ng mas higit na respeto, at bigyan Siya ng Kanyang nagbabayad na gawa ng mas matinding kabantugan sa ating pangangaral.

Marami ang pumapanaghoy sa katunayan na mayroong bahagyang kahit anong matinding pangangaral ngayon. Lubos akong sumasang-ayon. Mayroong napaka kaunting pangangaral ngayon, napaka kaunti talaga! Ngunit bakit iyan totoo? Ito'y higit sa lahat dahil mayroong napaka kaunting pangangaral ng Ebanghelyo. Ang mga pastor ay "nagtuturo sa mga Kristiyano" imbes na ipinangangaral ang Ebanghelyo sa nawawala, kahit na ang kanialng mga simbahan ay literal na napupuno ng mga nawawalang mga tao! "Moral na mga pangangaral" sa mga tinawag na "mga Kristiyano" ay di kailan man maisaalang-alang na dakilang pangangaral! *Kapag si Kristo ay hindi ang sentral, ang pangangaral ay di kailan man tunay na dakila!*

Ang kaalaman ng Ebanghelyo ay mas higit na kaysa pagkakaalam ng mga *katunayan* tungkol kay Kristo. Ang tunay na kaalaman ng Ebanghelyo ay ang kaalaman kay Kristo *Mismo*. Sinabi ni Hesus,

> "At ito ang buhay na walang hanggan, *na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo"* (Juan 17:3).

Sinabi ni George Ricker Berry na ang salitang isinalin na "makilala" sa bersong iyan ay ang "makilala…sa karanasan" (isinalin mula sa ***Ang Griyego-Ingles na Bagong Tipang Leksikon***). *Upang maging isang tunay na Kristiyano dapat mong makilala si Kristo sa karanasan.* Ang isang simpleng kaalaman ng katunayan ay hindi magliligtas sa iyo. Dapat mong malaan ang Kanyang pagkamatay para sa ating mga kasalanan sa karanasan. Dapat mong makilala ang Kanyang pagkalibing sa karanasan. Dapat mong makilala ang Kanyang muling pagkabuhay sa karanasan. Iyan ang daan tungo sa kaligtasan. Iyan ang daan tungo sa walang hanggang buhay.

> "At ito ang buhay na walang hanggan, na *ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo*" (Juan 17:3)..

Kung hindi ka pa nagkaroon ng mga karanasang ito, umaasa ako na nagawa kitang maramdamang balisa. Dahil walang pagtatanong kung ika'y isang tunay na Kristyano, dahil hindi mo naranasan ang tunay na pagbabagong loob. Kailangan kang magulo at mabalisa hanggang ang iyong isipan ay mabago, bumagsak sa paa ni Hesus at mahanap ang tunay na kaligtasan sa Kanya lamang.

Upang makilala si Kristo, dapat kang magpunta sa Krus, at tumingin sa pananampalataya sa Kanya na napako sa krus upang magbayad para sa ating mga kasalanan. Dapat ka ring bumaba sa puntod ni Kristo sa pananampalataya at maging

> "[malibing] na kalakip niya sa pamamagitan ng bautismo sa kamatayan" (Mga Taga Roma 6:4a),

dahil ito'y nasa pagkakamatay kasama Niya na tayo ay bumabangon upang "tayo'y makalalakad sa panibagong buhay" (Mga Taga Roma 6:4b).

Kung gayon tayo ay mapupunta sa ating teksto upang matutunan ang tungkol sa Kanyang pagkalibing, upang atin itong maranasan kasaman Niya.

> "At ginawa nila ang kaniyang libingan na kasama ng mga masama, at kasama ng isang lalaking mayaman sa kaniyang kamatayan; bagaman hindi siya gumawa ng pangdadahas, o wala mang anomang karayaan sa kaniyang bibig"
> (Isaias 53:9).

Mahahanap natin na sa bersong ito ang kabalintunaan ng libing ni Kristo, ang maliwanag na kontradiksyon, ang palaisipan nito. At tapos mahahanap natin ang sagot sa palaisipan.

## I. Una, ang kabalintunaan ng Kanyang libing.

> "At ginawa nila ang kaniyang libingan na kasama ng mga masama, at kasama ng isang lalaking mayaman sa kaniyang kamatayan …" (Isaias 53:9).

Sa panahon ni Krisyo, ang "masama" ay ang mga kriminal. Ang "mayaman" ay isinaalang-alang na karespe-respeto. Paano gayon ang Kanyang libing ay maging kasama ng masama at sa parehong beses maging "kasama ng mayaman sa kanyang kamatayan"?

Ito'y lumito sa matatandang Hudyong mga taga kumento. Ito'y isang kabalintunaan, isang tilang kontradiksyon, sa kanilang mga isipan.

Ngunit ang suliraning ito ay nalulutasan sa Ebanghelyo ni Juan. Si Hesus ay namatay sa krus sa pagitan ng dalawang magnanakaw, isa sa Kanyang kanan at isa sa Kanyang kaliwa. Sila'y tinukoy sa ating teksto bilang "ang masama." Si Hesus ay namatay muna, habang ang dalawang mga magnanakaw ay nanatiling buhay ng ilang oras.

> "Ang mga Judio nga, sapagka't noo'y Paghahanda [para sa Pasober], upang ang mga katawan ay huwag mangatira sa krus sa sabbath … ay hiniling nila kay Pilato na mangaumog ang kanilang mga hita, at upang sila'y mangaalis doon" (Juan 19:31).

Sinira ng mga kawal ang mga binti ng dalawang magnanakaw. Ito'y ginawa upang hindi nila maitulak ang kanilang sarili upang huminga at, kaya, mamatay ng mabilis. Ngunit noong sila'y napunta kay Hesus, nakabitin sa sentro ng krus, patay na Siya. Isa sa kanila ay tinusok ang Kanyang tagiliran gamit ng isang sibat upang gawin ang Kanyang pagkamatay na tiyak. Tubig at Dugo ay bumuhos, nagpapakita na Siya'y namatay na mula sa pagtigil ng puso.

> Hindi Siya nghari sa isang trono ng garjng,
> Namatay Siya sa krus ng Kalbaryo;
> Dahil doon mga makasalanan binilang
> Niya lahat inari Niya ngunit nawawala,
> Ngunit pinagmasdan Niya ang
> Kanyang kaharian mula sa isang krus.
> Isang magaspang na krus ang naging Kanyang trono,
> Ang Kanyang kaharian ay nasa mga puso lamang;
> Isinulat Niya ang Kanyang pag-ibig sa krimsong pula,
> At isinuot ang mga trono sa Kanyang ulo.
> ("Isang Korona ng mga Tinik." Isinalin mula sa
> "A Crown of Thorns" ni Ira F. Stanphill, 1914-1993).

Ngunit mayroong nangyaring di inaasahan. Dalawang napaka prominenteng tao ang nagpunta sa harap upang angkinin ang katawan ni Hesus. Sila ay sina Jose ng Arimatea, isang mayamang lalake, at isang miyembro ng Hudyong Sanhedrin, at si Nikodemus ang pinuno ng mga Hudyo, na dumating ng mas maaga kay Hesus sa gabi (isinalin mula cf. Juan 3:1-2). Pareho silang naging sekretong mga disipolo, ngunit ngayon sila'y lumabas sa bukasan sa unang pagkakataon. Kanilang inilagay sa panganib ang kanilang mga buhay upang gawin ito. Sinabi ni Dr. McGee,

> Huwag tayong masyadong maging kritikal sa mga kalalakihang ito. Nanatili silang nasa likuran ngunit, ngayon na ang mga disipolo ng Panginoon ay lahat nagkalat tulad ng tupa at nagpuntang palihim, ang dalawang mga kalalakihang ito ay lumabas sa bukasan (isinalin mula kay J. Vernon McGee, Th.D., ***Mula sa Puno Hanggangsa Dulo ng Bibliya [Thru the Bible],*** Thomas Nelson, 1983, kabuuan IV, p. 494).

Kinuha ni Jose ng Arimatea at Nikodemus ang katawan ni Hesus. Si Jose ay isang mayamang tao at inilagay niya ang katawan ni Hesus sa kanyang bagong libingan,

> "Na kaniyang hinukay sa bato: at iginulong niya ang isang malaking bato sa pintuan ng libingan, at umalis" (Mateo 27:60).

Gayon ang kabalintunaan ng pagkalibing ni Kristo ay ipinaliwanag. Oo, ginawa Niya ang Kanyang libingan kasama ng mga malulupit, at ang Kanyang kamatayan sa krus sa pagitan ng dalawang magnanakaw. Ngunit Siya ay inilibing "at kasama ng isang lalaking mayaman sa kaniyang kamatayan" (Isaias 53:9), sa isang libingan ng isang mayamang lalake. Naranasan ni Kristo ang kamatayan ng isang masamang tao, ngunit Siya ay binigyan ng isang karespe-respetong libing kasama ng mayayaman. Ipinapakita nito na ang pagkahiya ng ating Panginoon ay patapos na. Ang Kanyang katawan ay hindi itinapon sa isang karaniwang libingan kasama ng dalawang magnanakaw. Ito'y inilagay upang mamahinga ng may respeto at dangal na nararapat sa Kanya, sa libingan ng isang mayaman at karespe-respetong lalake. At sa pamamagitan ng kabalintunaan na ito, na madalas ay nagpatuliro sa matatandang mga rabay na inaral ito, ang ating teksto ay ginawang malinaw.

> "At ginawa nila ang kaniyang libingan na kasama ng mga masama, at kasama ng isang lalaking mayaman sa kaniyang kamatayan" (Isaias 53:9).

Ngunit mayroong isa pang dahilan kung bakit ginawa ni Kristo ang Kanyang libingan kasama ng mga malulupit at ng mayayaman. Gaya ng sinabi ko, inisip ng mga Hudyong mga tao na ang mga criminal at mga sumisira ng batas bilang "masasama," at inakala nila ang "mayaman" bilang mga karespe-respetong mga tao. Ang katunayan na "ginawa [ni Hesus] ang kanilang libingan" kasama ng dalawa sa mga grupong ito ay nagpapakita na ang matatandang mga rabay ay mali sa paghihiwalay ng "masama" sa "mayaman." Sila'y di dalawang grupo sa anomang paraan. Ang parehong grupo ay mga makasalanan.

At iyan ay totoo rin ngayon. Mga karespe-respetong mga makasalanan ay kapantay noong tinatawag nilang "masama." Habang ako'y umupo upang isulat ang bahaging ito ng pangaral isang tagabenta sa telepono ang tumawag sa akin, humihingi ng donasyon para sa isang "konserbatibong" ministro. Sinabi ng mananawag, "Alin sa mga sumusunod ang sa tinggin mo ay ang pinaka importanteng isyu na humaharap sa Amerika – aborsyon, pagkabigong suportahan ang Israel, o ang parehong kasariang pagkakasal?" Sinabi ko, "Wala sa mga iyon. Ang pinaka mahalagang isyu na humaharap sa Amerika ay ang katunayan na ang ating mga pastor ay hindi nangangaral sa kasalanan ng kanilang mga miyembro ng simbahan." Anong ibig kong sabihin? Ibig kong sabihin na ang aborsyon, ang parehong kasariang pagpapakasal at pagkabigong suportahan ang Israel ay mga simtomas, hindi ang aktwal na karamdaman, kundi ang simtomas lamang ng karamdaman. Maari mong pagsikapang lunasan ang mga simtomas, ngunit hindi ito magbibigay ng nagtatagal na kabutihan hangga't iyong gawan ng paraan ang pinagsasaligang karamadaman. At ang karamdaman ay kasalanan – kasalanan na pumapatay sa parehong liberal at konserbatibo; kasalanan na sumisira sa parehong Demokratiko at Republikano; kasalanan na pumipinsala sa parehong "masama" at "mayaman."

Ang kasalanan ay namamalagi sa puso. Ang puso ng tao ay mali, hindi lang ang kanyang panlabas ng mga pagkilos. Pinanghahawakan ng kasalanan ang kanyang pinaka loob na mga kaisipan at mga hangarin. Ang iyong makasalanang puso ay nagsasabi sa iyong mag-isip ng tungkol sa mga bagay na mali. Tapos ang iyong makasalanang kalikasan ay nagpapakilos sa iyong magrebelde laban sa Diyos at magkamit ng kasalanan

na iyong pinag-iisipan. Kasalanan ay nangingibabaw sa iyong panloob na buhay at nagdadala sa iyong magrebelde laban sa kapangyarihan, na magrebelde laban sa Diyos. Ang rebelyon ng iyong puso laban sa Diyos ay napaka lakas na wala sa mga bagay na magagawa mo ang makapagbabgo nito, o makasisira ng panghahawak nito sa iyo. Dapat kang madala sa isang lugar kung saan masasabi mo kasama ng Apostol, "Abang tao ako! sino ang magliligtas sa akin sa katawan nitong kamatayan?" (Mga Taga Roma 7:24). Kapag sa gayon lamang na iyong maiintindihan ang kahalagahan ni Hesus ginagawa ang Kanyang libing kasama ng "masama" at ng "mayaman" – "sa kanyang kamatayan." Ano mang pinanggalingan ang mayroon ka, si Kristo ay namatay at inilibing upang ang iyong kasalanan ay parehong mapatawad, at maalis. Gaya ng paglagay nito ni Dr. J. Wilbur Chapman sa isa sa kanyang mga himno, "Inilibing, Kanyang binuhat ang aking kasalanan papalayo" ("Isang Araw" Isinalin mula sa "One Day" ni Dr. J. Wilbur Chapman, 1859-1918). Si Kristo lamang ang makapagpapatawad ng iyong kasalanan! Si Kristo lamang ang makapagbababago ng iyong magpagrebeldeng puso ng kasalanan!

> "At ginawa nila ang kaniyang libingan na kasama ng mga masama, at kasama ng isang lalaking mayaman sa kaniyang kamatayan" (Isaias 53:9).

## II. Pangalawa, ang kabalintunaan ay ipinaliwanag.

Ang pangalawang hati ng ating teksto ay nagpapakita kung bakit si Kristo, kahit namamatay na walang dangal kasama ng mga magnanakaw, ay inilibing sa dangal at respeto. Magsitayo at basahin ang pangalawang hati, simula sa mga salitang, "bagaman hindi siya gumawa ng pangdadahas…" (Isaias 53:9).

> "At ginawa nila ang kaniyang libingan na kasama ng mga masama, at kasama ng isang lalaking mayaman sa kaniyang kamatayan; *bagaman hindi siya gumawa ng pangdadahas, o wala mang anomang karayaan sa kaniyang bibig*" (Isaias 53:9).

Maari nang magsi-upo.

Ibinibigay nito ang dahilan para sa karangal-rangal na libing ni Kristo. Ang karangalang ito ay naibigay sa Kanya *dahil hindi siya gumawa ng pangdadahas;* o pinsala sa kahit sino. Hindi Siya nagkakasala ng opresyon o pagnanakaw, pamamatay ng tao o kalupitan ng kahit ano. Hindi Siya kailan man nagpakilos ng nagkakagulong mga tao, o nagsimula ng kahit anong kaguluhan laban sa gobyerno ng Hudyo man o Romano. *Wala mang anomang karayaan sa kaniyang bibig.* Hindi Siya kailan man nagturo ng huwad ng doktrina. Hindi Siya kailan man nanlinlang ng tao, gaya ng inaakusa sa Kanya. Iyon ay isang walang hiyang kasinungalingan. Hindi Siya sumubok na alinsin ang kahit sino mula sa tunay na pagsasamba ng Diyos. Madalas Niyang ipinagpatibay at nirespeto ang batas ni Moises, at ang mga propeta. Hindi Siya kaaway ng kanilang relihiyon o ng kanilang bansa. Sa katunayan, hindi Siya nagkasala ng kahit anong kasalanan. Sinabi ng Apostol Pedro na si Kristo ay,

> "hindi nagkasala, o kinasumpungan man ng daya [panlilinlang] ang kaniyang bibig" (I Ni Pedro 2:22).

Sinabi ni Dr. Young, "Si [Kristo] ay binigyan ng marangal na libing pagkatapos ng kanyang walang dangal na kamatayan dahil sa kanyang ganap na pagkainosente. [Dahil] hindi Siya kumilos tulad ng mga criminal na kaaway, hindi nararapat sa kanyag

tumanggap ng [isang] kahiya-hiyang libing kasama nila, kundi isang marangal na libing kasama ng mayaman."

Ipinapaalala nito sa akin si Ginoong Winston Churchill, na pinili ang isang marangal na libing katabi ng kanyang ama sa isang probinsyang bakuran ng simbahan, kaysa anong isinaalang-alang niyang mas maliit na marangal na libing kaysa kasama ng mga kaaway ng kanyang ama, at sarili niyang mga kaaway, kasama ng mga taong nagtaksil sa Inglatera, gayon ay inilimbing na may  matinding karangyaan at seremonyas sa Westminister Abbey, sa kabila ng kanilang pagkilos ng mapagtaksil na pagpapayapa sa mukha ni Hitler at ng kanyang Nazi pamamahala.  Kahit na si Churchill ay hindi muling naipanganak muling Kristiyano, siya ay isang tao ng dangal.

Si Hesus, siyempre, ay ang pinakadakilang taong nabuhay kailan man.  Oo, Siya ay naging at ay isang tao, "Ang taong si Cristo Jesus" (I Ni Timoteo 2:5).  Ang Kanyang kadakilaan ay nakasalalay sa katunayan na ibinigay Niya ang Kanyang buhay ng maluwag sa Kanyang kalooban upang magbayad para sa *ating* mga kasalanan sa paningin ng Diyos Ama.  Maikling panahon bago Siya ipinako sa krus, sinabi ni Hesus,

> "Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan" (Juan 15:13).

> Isang magaspang na krus ang naging Kanyang trono,
> Ang Kanyang kaharian ay nasa mga puso lamang;
> Isinulat Niya ang Kanyang pag-ibig sa krimsong pula,
> At isinuot ang mga trono sa Kanyang ulo.

At ngayon, aking kaibigan, anong gagawin mo kay Hesus na tinatawag na Kristo?  Gaya ng paglagay nito ni C. S. Lewis, mayroong dalawang posibleng tugon – "Maari mo Siyang duraan at patayin Siya gaya ng isang demonyo; o maari kang bumagsak sa Kanyang paa at tawagin Siya Panginoon at Diyos." Alin ito para sa iyo? Ang nag-iisang pangatlong mapipili ay ang huwag Siyang pansinin ng lubusan, at magpatuloy sa iyong buhay na para bang ang Kanyang sakit at pagdurusa ay walang ibig sabihin. Nararamdaman ko ang higit na pagdurusa para doon sa mga nagtratrato sa Tagapagligtas na may ganoong kawalan ng dangal.  Panalangin ko na ika'y hind imaging isa sa kanila.  Sila iyong mga tinatawag ni T. S. Eliot na "Mga Guwang nga mga Tao" ["The Hollow Men"] – na nabubuhay lamang para sa kasiyahan ng sandali.  Oo, panalangin ko na ika'y hind imaging isa sa kanila, dahil sila'y magkakaroon ng napakalalim na lugar sa Impiyerno.

> Kung sakaling malimutan ko ang Gethsemani;
> Kung sakaling malimutan ko ang Iyong paghihirap;
> Kung sakaling malimutan ko ang Iyong pag-ibig,
> Dalhin ako sa Kalbaryo.
> ("Dalhin Ako sa Kalbaryo."  Isinalin mula sa
> "Lead Me to Calvary" ni Jennie E. Hussey, 1874-1958).

Panalangin ko na ika'y magpupunta kay Hesus, magtiwala sa Kanya ng iyong buong puso, at dumaan mula sa kamatayan sa buhay sa tunay na Kristiyanong pagbabagong loob.

Magsitayo tayong lahat.  Kung gusto mong makipag-usap sa amin tungkol sa pagiging malinis mula sa iyong kasalanan sa pamamagitan ni Hesus, magpunta sa likuran ng awditoriyum ngayon. Dadalhin ka ni Dr. Cagan sa isang tahimik na lugar kung saan tayo'y makapag-uusap.  Amen.

ANG BALANGKAS NG

# ANG KABALINTUNAAN NG LIBING NI KRISTO

**(PANGARAL BILANG 10 SA ISAIAS 53)**

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

> "At ginawa nila ang kaniyang libingan na kasama ng mga masama, at kasama ng isang lalaking mayaman sa kaniyang kamatayan; bagaman hindi siya gumawa ng pangdadahas, o wala mang anomang karayaan sa kaniyang bibig" (Isaias 53:9).

(I Mga Taga Corinto 15:3-4; Juan 17:3;
Mga Taga Roma 6:4)

I. Una, ang kabalintunaan ng Kanyang libing, Isaias 53:9a; Juan 19:31; Mateo 27:60; Mga Taga Roma 7:24.

II. Pangalawa, ang kabalintunaan ay ipinaliwanag, Isaias 53:9b; I Ni Pedro 2:22; I Ni Timoteo 2:5; Juan 15:13.

# PAMPAGLUBAG LOOB!

**(PANGARAL BILANG 11 SA ISAIAS 53)**

# PROPITIATION!

**(SERMON NUMBER 11 ON ISAIAH 53)**
(Tagalog)

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

Isang pangaral na ipinangaral sa Baptist Tabernacle ng Los Angeles
Gabi ng Araw ng Panginoon, Ika-13 ng Abril taon 2013

> "Gayon ma'y kinalugdan ng Panginoon na mabugbog siya; inilagay niya siya sa pagdaramdam: pagka iyong gagawin ang kaniyang kaluluwa na pinakahandog dahil sa kasalanan" (Isaias 53:10).

Ang sasabihin ko tungkol sa Diyos ngayong gabi ay hindi magugustuhan, at kamumuhian pati, ng ilang makaririnig nito. Ang mga tao ay mayroong mga maling ideya patungkol sa Diyos ngayon. Kapag ang kahit sino ay nagsasalita tungkol sa Diyos ng Bibliya nagsasanhi ito ng negatibong reaksyon, lalo na sa mga isang tiyak na klase ng mga mangangaral.

Maraming taon noon ako'y tinanong ng isang mas matandang pastor na magbigay ng isang ebanghelistikong pangaral sa isang grupo ng mga isang daang mga kabataan. Nagsalita na ako roon ng maraming beses noon, kaya akala ko alam ko ang gusto ng simbahan. Ngunit sa pagkakataong ito dalawang mas batang pastor ay namamahala. Nangaral ako ng isang mensahe ng kaligtasan, nagdidiin sa paghahatol ng Diyos at nagtatapos sa isang malinaw na pagtatanghal ng Ebanghelyo ni Kristo. Dalawampu't pitong mga kabataan ay tumugon sa imbitasyon. Ang mga ito ay lahat mga unang beses na mga propesyon, na mas kaunting lampas sa ika-pat ng mga kolehiyong edad na mga mag-aaral na naroon.

Maaring isipin ng isa na ang dalawang batang pastor ay matutuwa sa ganoong kalaking tugon. Ngunit pareho silang nagkaroon ng galit na simangot sa kanilang mga mukha pagkatapos ng pangaral. Hindi nila ako kailan man sinulatan ng sulat ng pasasalamat, at kailan man pinadalhan ng isang honorarium, alin ay ang karaniwang kagawian ng simbahang iyon. Ako'y napaka nagulat sa kanilang kalamigan. Natutunan ko maya-maya na akala nila na ako'y masyadong negatibo, na dapat akong nagbigay ng isang imbitasyon na hindi binabalaan ang mga kabataang iyon na ang Diyos ay naghahatol ng kasalanan. Simula noon natuklasan ko na maraming mga makabagong pastor ay nakikibahagi sa kanilang pananaw. "Ibigay mo lang sa kanilang ang Ebanghelyo. Magsalita ka lamang patungkol sa pag-ibig ng Diyos. Huwag mong pakilusin ang mga tao at gawin silang di komportable." Madalas kong natatagpuan na ang mga mangangaral ay ganyan ang nararamdaman ngayon. Ngunit ako'y kumbinsido na mayroong isang bagay na teribleng depektibo sa ganoong paraan ng pag-iisip, isang bagay na di sapat at mali patungkol sa pananaw ng ebanghelistikong pangangaral.

Sinasabi ni Dr. A. W. Tozer, "Walang tao ang makakaalam ng tunay na biyaya ng Diyos na hindi unang nakikilala ang takot sa Diyos." Naniwala si Dr. Martyn-Lloyd-Jones sakto tulad ni Dr. Tozer sa puntong ito. Sinabi ni Iain H. Murray, "Para kay Dr. Lloyd-Jones upang ipangaral ang tunay na peligro ng pagkakasala ng tao sa harap ng Diyos ay nangangahulugan na mangaral ng katiyakan ng banal na poot…sa kaparusahan ng kasalanan sa impiyerno…itinuturing niya ang babala bilang isang mahalagang bahagi ng biblikal na pangangaral. Ang Impiyerno ay hindi isang teyorya…" (isinalin mula kay

Rev. Iain H. Murray, ***Ang Buhay ni Martyn Lloyd-Jones [The Life of Martyn Lloyd-Jones],*** The Banner of Truth Trust, 2013, p. 317).

Muli sinabi ni Dr. Lloyd-Jone, "Ang pinaka malubhang kasalanan sa lahat ay ang huwad na pag-iisip tungkol sa Diyos alin ay ang natural na tao ay napaka teribleng nagsala" (isinalin mula sa ibid., p. 316). Muli, nahahanap kong nakapaliliwanag ito na si Dr. John R. Rice, ang kilalang Bautistang ebanghelista, ay tunay na sinabi rin ang parehong bagay gaya ni Dr. Tozer at Dr. Lloyd-Jones. Sinabi ni Dr. Rice,

> Ang Diyos ng Bibliya ay isang teriblang Diyos, isang kakilakilabot na Diyos, isang Diyos ng paghihiganti, gayon din ay isang Diyos ng awa (isinalin mula kay John R. Rice, D.D., ***Ang Dakila at Teribleng Diyos [The Great and Terrible God],*** Sword of the Lord Publishers, 1977, p. 12).

Sinabi ni Dr. Rice,

> Ang lahat nitong makabagong pangangaral ng biyaya na walang batas, ay pananampalataya na walang pag-sisisi, ng awa ng Diyos na walang poot ng Diyos, ang pangangaral ng Langit na walang Impiyerno…ay isang kabuktutan ng katotohanan ng Diyos. Mali ang pangangatawan nito ng Diyos. Ito'y isang di tapat na presentasyon ng mensahe ng Diyos. Ang Diyos ay isang teribleng Diyos, isang kakilakilabot na Diyos, isang Diyos ng matinding galit laban sa kasalanan, isang Diyos na nagdadala ng paghihiganti, isang Diyos na dapat katakutan, isang Diyos na dapat panginigan ng mga makasalanan (isinalin mula sa ibid., pah. 13, 14).

Amen! At alam ko sa pamamagitan ng maraming taon ng pagbabasa ng kanilang mga sermon, na si Dr. Tozer at Dr. Lloyd- Jones ay sumang-ayon kay John R. Rice ng lubusan sa puntong iyan. Ang Diyos ay "isang Diyos ng matinding galit laban sa kasalanan."

Kapag nakikita natin ang Diyos sa ganoong paraan, gaya ng pagpapakita ng Bibliya sa Kanya, hindi tayo mababagabag sa ating teksto sa Isaias 53:10. Ang teksto ay nakasentro sa Diyos ang Ama at anong ginawa ng Diyos kay Hesus para sa ating kaligtasan,

> "Gayon ma'y kinalugdan ng Panginoon na mabugbog siya; inilagay niya siya sa pagdaramdam: pagka iyong gagawin ang kaniyang kaluluwa na pinakahandog dahil sa kasalanan"
> (Isaias 53:10).

> "Na siyang inilagay ng Dios na maging pangpalubagloob"
> (Mga Taga Roma 3:25).

Sinabi ni Dr. W. A. Criswell "Ang pangpalubagloob ay ang gawain ni Kristo sa krus kung saan Kanyang na nakamit ang mga hinihingi ng katuwiran ng Diyos laban sa kasalanan, parehong pinalulugod ang mga pangangailangan ng hustisya ng Diyos at inaalis ang sala ng tao" (isinalin mula kay W. A. Criswell, Ph.D., ***Ang Pang-aral na Bibliya ni Criswell [The Criswell Study Bible],*** Thomas Nelson Publishers, 1979, p. 1327, sulat sa Mga Taga Roma 3:25).

> "Na siyang inilagay ng Dios na maging pangpalubagloob"
> (Mga Taga Roma 3:25).

Sinasabi ng ***Repormasyong Pang-aral na Bibliya [The Reformation Study Bibliya]*** patungkol sa bersong iyan, "Si Kristo ay namatay bilang pangpalubagloob na sakripisyo na naglologud ng banal na paghahatol laban sa mga makasalanan, nagdadala ng kapatawaran at pagpapatunay. Ngunit si Pablo ay maingat na ipahiwatig na ang sakripisyo [ng Anak ng Diyos] ay hindi nagsasahi para sa Diyos ang Ama upang mahalin tayo. Ang kabaligtaran ay totoo – ang *pagmamahal* ng Diyos ang nagsanhi sa Kanya upang ialay ang Kanyang Anak" (isinalin mula sa ***Ang Repormasyong Pang-aral na Bibliya [The Reformation Study Biblie],*** Ligonier Ministries, 2005, p. 1618, sulat sa Mga Taga Roma 3:25).

> "Siya, na hindi ipinagkait ang kaniyang sariling anak *kundi ibinigay [siya]* dahil sa ating lahat" (Mga Taga Roma 8:32).

Sinasabi ng ating teksto,

> "Gayon ma'y kinalugdan ng Panginoon na mabugbog siya; inilagay niya siya sa pagdaramdam: pagka iyong gagawin ang kaniyang kaluluwa na pinakahandog dahil sa kasalanan" (Isaias 53:10).

Sa tekstong ito nakikita natin na ang Diyos ang tunay na may-akda ng paghihirap ni Kristo. Si Kristo ay naghirap at namatay "sa takdang pasiya [ang isinaayos na layunin] at paunang kaalaman ng Dios" (Mga Gawa 2:23). Ang dakila at teribleng Diyos ng Kasulatan ay ang tunay na sanhi ng paghihirap at kamatayan ni Kristo. Sinasabi ng Juan 3:16 na "ibinigay [ng Diyos] ang kaniyang bugtong na Anak" (Juan 3:16). Sinasabi ng Mga Taga Roma 8:32, "Hindi [Niya] ipinagkait ang kaniyang sariling Anak, kundi ibinigay dahil sa ating lahat" (Mga Taga Roma 8:32). Ang poot ng Diyos laban sa kasalanan ay nagpagpalubag loob dahil bumagsak ito sa Kanyang Anak na si Hesus. Sinasabi ng ating teksto,

> "Gayon ma'y kinalugdan ng Panginoon na mabugbog siya; inilagay niya siya sa pagdaramdam: pagka iyong gagawin ang kaniyang kaluluwa na pinakahandog dahil sa kasalanan" (Isaias 53:10).

Dito dinadala tayo ni Isaias sa "likuran ng mga eksena" upang ipakita sa atin na ipinadala ng Diyos Ama ang Kanyang Anak sa pamamagitan ng sindak ng Kanyang pasyon at pagpapako sa krus upang ang Diyos ay mapaglubag loob, at ang Kanyang poot ay bumagsak kay Hesus imbes na sa mga makasalanan. Sa ating teksto nakikita natin na (1) Binugbog Siya ng Diyos; (2) Inilagay Siya ng Diyos sa pagdaramdam; (3) Ginawa ng Diyos ang Kaniyang kaluluwa na pinkahandog para sa kasalanan.

## I. Una, binugbog Siya ng Diyos.

> "Kinalugdan ng Panginoon na *mabugbog* siya" (Isaias 53:10).

Ang salitang isinaling "nabugbog" ay nangangahulugang "madurog." "Kinalugdan ng Panginoon *na durugin* Siya." Sinabi ni Dr. Edward J. Young, "Sa kabila ng pagka-inosente [ni Kristo], kinaluguran ng Panginoon ang pagbubugbog [at pagdudurog] sa kanya. Ang kanyang pagkamatay ay wala sa kamay ng mga malulupit na mga tao kundi sa mga kamay ng Panginoon. Hindi nito napapatawa mula sa responsibilidad yong mga naglagay sa kanya sa kamatayan, ngunit sila'y wala sa panghahawak ng sitwasyon. Ginagawa lamang nila kung anong hinayaan sila ng

Panginoong gawin" (isinalin mula kay Edward J. Young, ***Ang Aklat ng Isaias [The Book of Isaiah],*** William B. Eerdmans Publishing Company, 1972, kabuuan 3, pp. 353-354)

Gaya ng sinabi ko, ito ay malinaw na ipinapakita sa Mga Taga Roma 3:25, patungkol kay Kristo,

> "Na siyang inilagay ng Dios na maging *pangpalubagloob"* (Mga Taga Roma 3:25),

at sa Juan 3:16, na,

> "Gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na *ibinigay niya* ang kaniyang bugtong na Anak" (Juan 3:16).

upang pangpalubagloob ang Kanyang poot laban sa kasalanan, at gawin ang kaligtasang posible sa makasalanang tao.

> "Gayon ma'y kinalugdan ng Panginoon na [madurog] siya" (Isaias 53:10).

Simula sa Hardin ng Gethsemani, binugbog ng Diyos ang Ama at dinurog ang Kaniyang Anak. Tayo ay sinabihan ni Mateo, na sa Hardin ng Gethsemani, sinabi ng Diyos, *"Sasaktan ko ang pastor"* (Mateo 26:31). Sinasabi rin sa atin ni Marcos na, sa Gethsemani, "Sasaktan ko ang pastor" (Marcos 14:27). Gayon sinaktan ng Diyos si Hesus, binugbog Siya, at sininulamg durugin Siya bilang isang bikaryong pampalubagloob para sa ating mga kasalanan sa kadiliman ng Gethsemani. Si Spurgeon ay nagsalita patungkol riyan noong sinabi niyang,

> Ito na ngayon na ang ating Panginoon ay kinailangan ng isang partikular na tasa *mula sa kamay ng Ama.* Hindi mula sa mga Hudyo, hindi mula sa traidor na si Hudas, hindi mula sa natutulog na mga disipolo, hindi mula sa diablo nanggaling ang pagsubok [sa Gethsemani] ngayon, kundi isang tasa na napuno ng isa na kilala niya bilang Kanyang Ama…isang tasa na nagpagmangha sa kanyang kaluluwa at gumulo sa kanyang pinaka loob na puso. Lumiit Siya [pabalik] mula sa rito, at gayon maging tiyak na ito'y isang tungga [isang tasa] na mas terible kaysa pisikal na sakit, simula mula roon hindi siya lumiit…ito'y isang hindi maisip na terible, isang nakamamanghang puno ng kilabot, na dumating [sa Kanya] mula sa kamay ng Ama. Inaalis nito ang lahat ng pagdududa sa ano ito noon, dahil ating mababasa, "Kinalugod ng Panginoong siyang mabugbog siya…" Ginawa ng Panginoon na [mamahinga] sa kanya ang kasamaan nating lahat. Ginawa niya siyang mgaing kasalanan para sa atin kahit na wala siyang alam na kasalanan. Ito , gayon ay ang nagsanhi ng ganoong di pangkaraniwang pagkalungkot ng Tagapagligtas…dapat Siyang magdusa sa [lugar] ng makasalanan. Ito ang sekreto noong mga paghihirap [sa Gethsemani] alin ay hindi posible para sa aking [lubos na maipaliwanag] sa harap mo, napaka totoo ito na –
>
> 'Ito'y sa Diyos, at sa Diyos lamang,
> Na ang kanyang mga pighati ay lubos na nalalaman.'

> (Isinalin mula kay C. H. Spurgeon, "Ang Paghihirap sa Gethsemani" ["The Agony in Gethsemane"], ***The Metropolitan Tabernacle Pulpit,*** Pilgrim Publications, 1971 inilimbag muli, kabuuan XX, pp. 592-593).

> "Kinalugdan ng Panginoon na mabugbog siya" (Isaias 53:10)"

Sa ilalim ng bigat ng kaslanan ng tao, bumuhos sa Kanya sa Gethsemani, si Kristo ay nadurog, Siya ay nabugbog sa pamamagitan ng bigat ng iyong kasalanan, na

> "Nang siya'y nanglulumo ay nanalangin siya ng lalong maningas; at ang kaniyang pawis ay naging gaya ng malalaking patak ng dugo na nagsisitulo sa lupa"
> (Lucas 22:44).

Walang taong kamay ang humawak pa sa Kanya. Hindi pa siya naaresto, o hindi pa Siya nabubugbog, napalo, o napako sa krus. Hindi, ang Diyos ang Ama ang bumugbog at dumurog sa Kanya sa Gethsemani. Ang Diyos ang Ama ang nagsabing, *"Sasaktang ko ang pastor"* (Mateo 26:31). Ito ang hinulaan ng Diyos sa pamamagitan ni Isaias,

> "Kinalugdan ng Panginoon na mabugbog siya" (Isaias 53:10).

> Walang dila ang makapagsasabi ng poot na Kanyang dinala,
> Poot na pinagkakautangan ko:
> Ang makatuwirang parusa ng kasalanan; Dinala Niya ito lahat,
> Upang palayain ang makasalanan!
> ("Ang Tasa ng Poot." Isinalin mula sa "The Cup of Wrath"
> ni Albert Midlane, 1825-1909; sa tono ng "O Set Ye Open Unto Me").

## II. Pangalawa, inilagay Siya ng Diyos sa pagdaramdam.

> "Gayon ma'y kinalugdan ng Panginoon na mabugbog siya; *inilagay niya siya sa pagdaramdam* …" (Isaias 53:10).

Muli, ang Diyos ang naglagay sa Kanyang nag-iisang Anak sa pagdaramdam na Kanyang naransan sa Kanyang pasyon at pagkamatay. Sinai ni Dr. John Gill,

> *Inilagay niya siya sa pagdaramdam* [sinanhi Siyang magdusa]…noong hindi niya siya pinatawad, kundi dinala siya sa mga kamay ng malulupit na tao, at sa kamatayan: siya ay inilagay sa pagdaramdam sa hardin, noong ang kanyang kaluluwa ay pambihirang pagdurusa; at sa krus, noong siya ay ipinako rito, [at] dala ang bigat ng kasalanan ng kanyang mga tao, ang poot ng kanyang ama, sa kanya; at noong kanyang itinago ang kanyang mukha mula sa kanya, na gumawa sa kanyang sumigaw, *Dios ko, Dios ko bakit mo ako pinabayaan?...* [pinapayagan[ siyang mailagay sa sakit, parehong sa katawan at isipan (isinalin mula kay John Gill, D.D., ***Isang Pagpapaliwang ng Lumang Tipan [An Exposition of the Old Testament],*** The Baptist Standard Bearer, 1989 inilimbag muli, kab. V, page 315).

Maluwag sa loob ni Hesus na pinagdusahan ang pagdudurog at ang sakit, ang pagpapalo at ang pagpapako sa krus, nagdurusang kusang-loob para sa ating mga kasalanan, dahil sinabi Niya,

> "Sapagka't bumaba akong mula sa langit, hindi upang gawin ko ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin" (Juan 6:38).

> "Siya, na ibinigay sa takdang pasiya at paunang kaalaman ng Dios, kayo sa pamamagitan ng mga kamay ng mga tampalasan ay inyong ipinako sa krus at pinatay" (Mga Gawa 2:23).

> "Na naging sumpa sa ganang atin" (Mga Taga Galacias 3:13).

> "At siya ang pangpalubag-loob sa ating mga kasalanan" (I Ni Juan 2:2).

> "Na siyang inilagay ng Dios na maging pangpalubagloob, sa pamamagitan ng pananampalataya, sa kaniyang dugo" (Mga Taga Roma 3:25).

> Walang dila ang makapagsasabi ng poot na Kanyang dinala,
> Poot na pinagkakautangan ko:
> Ang makatuwirang parusa ng kasalanan; Dinala Niya ito lahat,
> Upang palayain ang makasalanan!
> ("Ang Tasa ng Poot" Isinalin mula sa "The Cup of Wrath"
> ni Albert Midlane, 1825-1909).

> "Gayon ma'y kinalugdan ng Panginoon na mabugbog siya; inilagay niya siya sa pagdaramdam …" (Isaias 53:10).

## III. Pangatlo, ginawa ng Diyos ang Kaniyang kaluluwa na pinkahandog para sa kasalanan.

Magsitayo tayo at basahin ang teksto ng malakas, nagtatapos sa "pinakahahandog dahil sa kasalanan."

> *"Gayon ma'y* kinalugdan ng Panginoon na mabugbog siya; inilagay niya siya sa pagdaramdam: *pagka iyong gagawin ang kaniyang kaluluwa na pinakahandog dahil sa kasalanan"* (Isaias 53:10).

Maari nang magsi-upo.

Pansinin ang salitang "gayon ma" sa simula ng teksto. Tumutukoy ito pabalik sa berso siyam, "hindi siya gumawa ng pangdadahas, o wala mang anomang karayaan sa kaniyang bibig. Gayon ma'y…" (Isaias 53:9-10a). Kahit na si Hesus ay di kailan man nagkasala, *"Gayon ma'y* kinalugdan ng Panginoon na mabugbog siya; inilagay niya siya sa pagdaramdam…" Sinasabi ng kumentaryo ni Dr. Gaebelein, "Ang berso 10a ay halos nakagugulat sa maliwanag nitong presentasyon ng di makatuwirang pagawalang-saysay para kay sa personal na katuwiran [ni Kristo], ngunit gayon maaalala ng taga basa ang pakikipagpalit ng kalikasan ng mga paghihirap na ito…Agad-agad ang Diyos ay nakikita bilang isang magaspang ngunit nagkagugulat na mapagbiyaya" (isinalin mula kay Frank E. Gaebelein, D.D., General Editor, ***Ang Bibliyang Tagakumento ng Tagapagpaliwanag [The Expositor's Bible Commentary],*** Zondervan, 1986, kabuuan 6, p. 304).

> *"Gayon ma'y* kinalugdan ng Panginoon na mabugbog siya; inilagay niya siya sa pagdaramdam: *pagka iyong gagawin ang kaniyang kaluluwa na pinakahandog dahil sa kasalanan"* (Isaias 53:10).

> "Siya na hindi ipinagkait ang kaniyang sariling anak kundi ibinigay dahil sa ating lahat" (Mga Taga Roma 8:32).

> "Na siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan sa kaniyang katawan sa ibabaw ng kahoy… na dahil sa kaniyang mga sugat ay nangagsigaling kayo" (I Ni Pedro 2:24).

> "Yaong hindi nakakilala ng kasalanan ay kaniyang inaring may sala dahil sa atin: upang tayo'y maging sa kaniya'y katuwiran ng Dios" (II Mga Taga Corinto 5:21).

> *"Pagka iyong gagawin ang kaniyang kaluluwa na pinakahandog dahil sa kasalanan"* (Isaias 53:10).

> Walang dila ang makapagsasabi ng poot na Kanyang dinala,
> Poot na pinagkakautangan ko:
> Ang makatuwirang parusa ng kasalanan; Dinala Niya ito lahat,
> Upang palayain ang makasalanan!
> ("Ang Tasa ng Poot." Isinalin mula sa "The Cup of Wrath"
> ni Albert Midlane, 1825-1909).

> "Gayon ma'y kinalugdan ng Panginoon na mabugbog siya; inilagay niya siya sa pagdaramdam: pagka iyong gagawin ang kaniyang kaluluwa na pinakahandog dahil sa kasalanan" (Isaias 53:10).

Si Kristo ang pag-aalay ng Diyos para sa kasalanan. Namatay si Kristo sa iyong lugar, bilang isang kapalit. Nagdusa si Kristo para sa alang-alang mo, bilang pampalubag loob, upang magbagyad ng multa para sa iyong kasalanan, upang paikutin ang poot ng Diyos papalayo sa iyo ang kunin ito lahat sa Kanyang Sarili. Kapag iniisip mo ang mga pakong idiniin sa Kanyang mga kamay at paa, ito'y ginawa para sa iyo. Namatay Siya ang makatuwiran para sa di makatuwiran, upang dalhin ka sa Diyos sa makatuwirang pinatawad na kalagayan. Sinabi ni Spurgeon,

> Ang tao ay kinondena sa walang hanggang apoy; noong kinuha ng Diyos si Kristo bilang kapalit ito'y totoo, hindi niya ipinadala si Kristo sa walang hanggang apoy, ngunit ibinuhos niya ang kanyang pagraramdam sa kanya, napaka desperado, na ito'y isang mabisang kabayaran kahit sa isang walang hangganang apoy…dahil si Kristo sa oras na iyon ay kinuha ang ating mga kasalanan, nakaraan, kasalukuyan, at padating, at pinrusahan para sa lahat ng mga ito doon at tapos noon, upang tayo ay di kailan man maparusahan, dahil nagdusa siya sa ating [lugar]. Nakikita mo na ba gayon, kung paano ito na nabugbog siya ng Diyos ang Ama? Maliban na ginawa niya ito, ang mga paghihirap ni Kristo ay maaring naging para sa ating [pagka rapat dapat] na paghihirap [sa Impiyerno] (isinalin mula kay C. H. Spurgeon, "Ang Kamatayan ni Kristo" ["The Death of Christ"], ***The New Park Street Pulpit,*** Pilgrim Publications, 1981 inilimbag muli, kabuuan IV, pp. 69-70).

*Gayon man ang kamatayan ni Kristo ay di nagliligtas sa <u>lahat</u> ng tao mula sa Impiyerno. Yoon lamang mga nagtitiwala kay Kristo ay naliligtas.* Namatay Siya para sa mga makasalanan, at para lamang sa mga makasalanan; namatay Siya para doon sa mga

nararamadaman nila sa kanilang sarili na sila ay makasalanan, at hinahanap si Kristo upang patawarin sila.

Ang iyong pakiramdam ng kasalanan at ang iyong pakiramdam ng pangangailangan kay Hesus ay mga katangian na nagpapakita na ang Kanyang pagkamatay ay magpapagaling sa iyong kasalanan. Yoong mga tumitigil ng sandali upang pag-isipan ang Kanyang kamatayan, at pagkatapos ay nalilimutan ito, ay magpapatuloy na tumanggap ng walang hanggang kaparusahan para sa kanilang mga kasalanan, dahil tinanggihan nila ang kabayaran na ginawa ni Kristo sa Krus.

Mag-isip ng matagal at matindi tungkol riyan. Mag-isip ng matagal at matindi tungkol sa mga salita ng dakilang himno ni Topladyng "Pampalubag Loob."

> Para sa akin ay ibinigay ang walang bahid na Tupa
> Ang poot ng Kanyang ama upang pagtiisin;
> Nakikita ko ang Kanyang madugong mga sugat at alam
> Na ang aking pangalan ay nakasulat roon.
>
> Lumabas mula sa Panginoon ang Kanyang bumubulusok na dugo,
> Sa lilang mga alon ay umagos;
> At bawat sugat ay nagproklamang malakas
> Ang kanyang kamangha-manghang pag-ibig sa tao.
>
> Para sa akin ang dugo ng Tagapagligtas ay napakinabangan,
> Makapangyarihan upang magbayad;
> Ang mga kamay Kanyang ibinigay sa tumutusok ng mga pako
> Ay magdadala sa akin sa Kanyang trono.
> ("Pampalubag Loob." Isinalin mula sa "Propitation" ni
> Augustus Toplady, 1740-1778; sa tono ng "At the Cross").

Ngayon, gayon, bakit hindi ka pa nagtitiwala kay Hesus? Ano ito na pumipigil sa iyo sa pagtitiwala sa Kanya? Anong sekretong kasalanan ang itinatago mo ang pumipigil sa iyo mula sa pagtitiwala sa Kanya? Anong huwad at hanggal na hangarin ang pumipigil sa iyo mula sa Tagapaglitas? Anong takot ng pagkakawala ng isang bagay na iniisip mo ay mahalaga ang pumipigil sa iyo? Anong nakatagong dahilan ang nananatili sa iyo mula sa pagtitiwala sa Kristong nagdala ng teribleng poot ng Diyos upang iligtas ka mula sa paghahatol? Itapon ang mga kaisipang iyan sa likuran mo – at magtiwala sa "Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanglibutan" (Juan 1:29). Naghihintay Siya para sa iyo. Huwag mong patagalin pa. Magtiwala sa Kanya ngayong gabi. Ang silid ng pagsisiyasat ay bukas para doon sa mga humihiling na mahanap Siya, at magtiwala sa Kanya, at maligtas sa pamamagitan Niya.

# ANG BALANGKAS NG

# PAMPAGLUBAG LOOB!

**(PANGARAL BILANG 11 SA ISAIAS 53)**

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

> "Gayon ma'y kinalugdan ng Panginoon na mabugbog siya; inilagay niya siya sa pagdaramdam: pagka iyong gagawin ang kaniyang kaluluwa na pinakahandog dahil sa kasalanan" (Isaias 53:10).

(Lucas 16:23; Mga Taga Roma 3:25; 8:32;
Mga Gawa 2:23; Juan 3:16)

I. Una, binugbog Siya ng Diyos, Isaias 3:10a; Mateo 26:31; Marcos 14:27; Lucas 22:44.

II. Pangalawa, inilagay Siya ng Diyos sa pagdaramdam, Isaias 53:10b; Juan 6:38.

III. Pangatlo, ginawa ng Diyos ang Kaniyang kaluluwa na pinkahandog para sa kasalanan, Isaias 53:10c; Isaias 53:9-10a; Mga Taga Roma 8:32; I Ni Pedro 2:24; II Mga Taga Corinto 5:21; Juan 1:29.

# ANG TAGUMPAY NG TAGAPAGLIGATAS!

**(PANGARA; BILANG 12 SA ISAIAS 53)**

## THE SAVIOUR'S TRIUMPH!

**(SERMON NUMBER 12 ON ISAIAH 53)**
(Tagalog)

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

Isang pangaral na ipinangaral sa Baptist Tabernacle ng Los Angeles
Umaga ng Araw ng Panginoon, Ika-14 ng Abril taon 2013

> "Makikita niya ang kaniyang lahi, pahahabain niya ang kaniyang mga kaarawan, at ang pagkalugod ng Panginoon ay lalago sa kaniyang kamay" (Isaias 53:10).

Ang unang bahagi ng Isaias 53:10 ay tumutukoy sa pagpapalubag loob na kamatayan. Nangaral ako patungkol rito noong huling gabi. Ang unang hati ng berso ay nagpapakita na ang Diyos ang Ama ay ang kinatawan sa likod ng paghihirap ng Kanyang Anak, ang Isa na aktwal na nagsanhi nito. Sinabi ni Dr. Merrill F. Unger, "Dinurog Siya ng Panginoon sa pamamagitan ng paglalagay ng sa Kanya sa pighati" (Isinalin mula kay Merrill F. Unger, Ph.D., ***Ang Kumentaryo ni Unger sa Lumang Tipan [Unger's Commentary on the Old Testament],*** Moody Press, 1981, kabuuan II, p. 1299). Ang unang hati ng Isaias 53:10 ay nagsasabi,

> "Gayon ma'y kinalugdan ng Panginoon na mabugbog siya; inilagay niya siya sa pagdaramdam: pagka iyong gagawin ang kaniyang kaluluwa na pinakahandog dahil sa kasalanan…" (Isaias 53:10a).

Sinasabi ni Keil at Delitzsch sa ***Kumentaryo sa Lumang Tipan****,*

> Mga *tao* ang nagpahirap kay [Kristo] ng ganoong uri ng ngdudurog na paghihirap, ganoong uri ng malalim na magdurusa, *ngunit ang pinakadakilang [sanhi] ay ang Diyos,* na gumawa sa kasalanan ng tao [naglingkod] sa Kanyang kasiyahan, Kanyang kagustuhan, at paunang pinagpasiyahang payo (Isinalin mula kay Eerdmans, 1973 inilimbag muli, kab. VII, bahagi II, p. 330).

Ngunit ngayon ating nakikita, sa pangalawang hati ng Isaias 53:10, ano ang lumabas mula sa paghihirap ni Kristo, ano ang bunga ng Kanyang paghihirap. Ang Kanyang pasyon at kamatayan ang naglatag ng saligan para sa tagumpay ng Kanyang muling pagkabuhay, at ang tagumpay ng Kanyang mga tao sa lupa! Magsitayo muli at basahin ang pangalawang hati ng berso, nagsisimula sa mga salitang, "Makikita niya."

> "…Makikita niya ang kaniyang lahi, pahahabain niya ang kaniyang mga kaarawan, at ang pagkalugod ng Panginoon ay lalago sa kaniyang kamay" (Isaias 53:10b).

Maari nang magsi-upo. Pansinin ang tatlong nakamamanghang mg resulta na dumating mula sa paghihirap ni Kristo!

## I. Una, makikita Niya ang Kanyang lahi!

> "Makikita niya ang kaniyang lahi" (Isaias 53:10).

Iyan ang unang resulta ng kamatayan ni Hesus. "Makikita niya ang kaniyang lahi." Tumutukoy ito sa espiritwal na lahi ni Kristo, ang Kanyang mga anak. Milyon-milyong mga tao ang nagpunta kay Kristo at naging "kanyang lahi." Hinulaan ni Hesus na noong sinabi Niyang,

> "Sila'y magsisipanggaling sa silanganan at sa kalunuran, at sa timugan at sa hilagaan, at magsisiupo sa kaharian ng Dios" (Lucas 13:29).

Mula sa Araw ng Pentekostes pasulong, di mabilang ang nagpunta kay Kristo sa buong mundo. At sa katapusan, kapag si Kristo ay babalik sa mundong ito mula sa Langit,

> "Mamanahin ng kaniyang binhi ang lupain" (Mga Awit 25:13).

Ngunit hindi kinailangang mag-antay ni Kristo hanggang sa bumalik Siya sa pangalawang beses upang makita ang Kanyang binhi. Agad-agad, sa Kanyang muling pagkabuhay mula sa pagkamatay, nakita Niya sila, at nakita nila Siya! Sinabi ng Apostol Pablo,

> "Siya'y napakita kay Cefas [ni Pedro], at saka sa labingdalawa: Pagkatapos ay napakita sa mahigit na limang daang kapatid na paminsan… Saka napakit … sa lahat ng mga apostol. At sa kahulihulihan… ay napakita naman siya sa akin" (I Mga Taga Corinto 15:5-8).

Nakita Siya ng Kaniyang binhi. Gaya ng paglagay nito ni Apostol Juan,

> "yaong aming namasdan, at nahipo ng aming mga kamay, tungkol sa salita ng buhay" (I Ni Juan 1:1).

At nakita Niya ang Kanyang binhi, kapag bumangon Siya mula sa pagkamatay,

> "Dumating si Jesus at tumayo sa gitna, at sa kanila'y sinabi, Kapayapaan ang sumainyo. At nang masabi niya ito, ay kaniyang ipinakita sa kanila ang kaniyang mga kamay at ang kaniyang tagiliran. Ang mga alagad nga'y nangagalak, nang makita nila ang Panginoon" (Juan 20:19-20).

> "Makikita niya ang kaniyang lahi."

Nakita nila *Siya* at nakita Niya *sila* – at sila ay Kanyang lahi, Kanyang espiritwal na mga anak! Noong Siya'y bumangon mula sa pagkamatay, nakita Niya ang Kanyang lahi!

Pagkatapos Niyang pumaitaas sa pabalik sa Langit, ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay kumilos at tatlong libo ang nagpagbagong loob. Muli ang pangakong ito sa Isaias ay natupad. Tumitingin mula sa Langit, nakita ni Hesus ang Kanyang lahi. At kaya ito'y nasa buong Aklat ng Mga Gawa. Ang bumangong si Kristo ay tumingin pababa mula sa Kanyang trono sa luwalhati at nakita ang karamihan na nagtiwala sa Kanya at naging Kanyang lahi.

At ganoon ito sa lahat ng mga panahon. Tumingin si Hesus pababa mula sa Langit at nakit ang Kanyang lahing dumami sa buong lupa; gayon tinutupad ang propesiya ni Isaias, na sila'y "sila'y magsisipanggaling sa silanganan at sa kalunuran, at sa timugan at sa hilagaan, at magsisiupo sa kaharian ng Dios" (Lucas 13:29).

Oo, ang pangakong iyan ay natupad ng milyon-milyong beses sa buong kasaysayan, at sa bawat sulok ng mundo.

> "Makikita niya ang kaniyang lahi."

At kapag ika'y magpupunta kay Hesus sa pananampalataya, makikita ka rin Niya! Sa sandali ng iyong pagbabagong loob ika'y papasok sa malaking bilang noong mga Kanyang lahi – sa lupa at sa Langit.

> "Makikita niya ang kaniyang lahi."

Gaanong kami'y nagpupuri na ang bumangong si Kristo ay naging ganoong uri ng mapagbiyaya at maluwalhating tanawin – mga kalalakihan at kababaihan ng lahat ng lahi at mga bansa naniniwala sa Kanya, at isinasapi ang kanilang mga sarili sa Kanya magpakailan man! Oo,

> "Makikita niya ang kaniyang lahi."

Ang aking asawa at ako ay nakakita ng isang nakamamanghang DVD noong isang gabi. Ipinakita nito ang isang Muslim sa Iran, na sunod-sunod na tumitingin kay Kristo, at nagiging mga Kristiyano. Isang Muslim na babae sa Iran ay nagsabi, "Nawalan na ako ng lahat nag pag-asa." Tapos nagtiwala siya kay Hesus. Isang binata ang nagsabi, "Ayaw kong maging Muslim." Siya rin, ay nagtiwala kay Hesus at naging isang Kristiyano. Mas maraming mga tao ang tumitingin kay Hesus sa Iran kaysa ibang mga oras sa huling 1,500 na mga taon! Libo-libong mga kabataan sa mga Muslim na mga bansa ay nagtataya ng kanilang mga buhay upang maging mga Kristiyano! Nakikita ni Hesus ang "Kaniyang lahi" dumadami sa buong Muslim na mundo ngayon! At ang ating mga sermon ay nagpupunta roon sa Arabiko sa ating websayt!

At sa wakas na tagumpay na iyon, kapag si Kristo ay dumating sa Kanyang luwalhati upang isaayos ang Kayang Kaharian sa lupa, kapag darating Siyang muli upang maghari bilang Hari ng mga Hari at Panginoong ng mga Panginoon,

> "Mamanahin ng kaniyang binhi ang lupain" (Mga Awit 25:13).

At *"Makikita niya ang kaniyang lahi,"* dahil sinabi ito ng bibig ng Panginoon! "Si Hesus ay Maghahari." Kantahin ito!

> Si Hesus ay maghahari kung saan ang araw
> Ang kaniyang sumusunod na paglalakbay ay tumatakbo;
> Ang kaniyang kaharian ay kumakalat mula sa isang tabing ilog papunt sa isa
> Hangang sa ang buwan ay lalago at di na liit.
> ("Si Hesus ay Maghahari." Isinalin mula sa "Jesus Shall Reign"
> ni Isaac Watts, D.D., 1674-1748).

## II. Pangalawa, pahahabahin NIya ang Kaniyang mga kaarawan!

Tumingin pabalik sa ating teksto sa Isaias 53:10, dahil rito ay isa na namang dakilang resulta ng pahihirap at kamatayan ni Hesus.

> "Makikita niya ang kaniyang lahi, *pahahabain niya ang kaniyang mga kaarawan…"* (Isaias 53:10).

Ang pangalawang epekto ng pagkamatay ni Kristo ay, "Pahahabain niya ang kaniyang mga kaarawan," dahil noong Siya ay namatay sa Krus ang Kanyang buhay ay di natapos. Hindi Siya pinigilan ng pagkamatay ng mahabang panahon sa libingan. Ang pangatlong araw ay dumating, at ang sumasakop sa Kristo ay lumitaw pabalik sa buhay. Pinasabog niya ang bakal na mga kadena ng pagkamatay, at sumulong mula sa libingan, upang di na mamamatay! "Ang kamatayan na ikinamatay niya, ay kaniyang ikinamatay na minsan sa kasalanan: datapuwa't ang buhay na kaniyang ikinabubuhay, ay kaniyang ikinabubuhay sa Dios" upang di na mamamatay magpakailan man! (Mga Taga Roma 6:10).

> "Na nalalaman nating si Cristo na nabuhay na maguli sa mga patay ay hindi na mamamatay; ang kamataya'y hindi naghahari sa kaniya" (Mga Taga Roma 6:9).

s"Ang tatlong mga araw." Kantahin ito!

> Ang tatlong mga araw ay madaling tumakbo;
> Bumabangon Siyang maluwalhati mula sa kamatayan:
> Lahat ng luwalhati sa ating nabubuhay na Puno! Aleluya!
> Aleluya! Aleluya! Aleluya!
> ("Ang Paglalaban ay Tapos na." Isinalin mula sa
> "The Strife is O'er," isinalin ni Francis Pott, 1832-1909).

"Pahahabain niya ang kaniyang mga kaarawan,"

> "Sapagka't namamalagi *magpakailan man… laging* nabubuhay siya upang mamagitan sa [atin]" (Mga Hebreo 7:24, 25).

Sinabi ni Spurgeon, "Mula sa kataasan ng langit siya ay tumitingin [pababa] sa karamihan ng kanyang lahi sa lupa…Kasing rami ng mga bituin ng langit, kasing di mabilang gaya ng alikabok ng tag-init, ay ang mga lahi ng ating Panginoong Hesu-Kristo" (Isinalin mula kay C. H. Spurgeon, ***Ang Metropilitanong Tabernakulong Pulpito [The Metropolitan Tabernacle Pulpit],*** Pilgrim Publications, 1978 inilimbag muli, kabuuan 51, p. 565).

> "Makikita niya ang kaniyang lahi, *pahahabain niya ang kaniyang mga kaarawan…"* (Isaias 53:10)s.

## III. Pangatlo, ang Kaniyang gawain ay lalago!

Magsi-tayo at basahin ang *buong* teksto ng malakas, nagbibigay pansin maigi sa huling sugnay, nagsisimula sa mga salitang, "at ang pagkalugog."

> "Makikita niya ang kaniyang lahi, pahahabain niya ang kaniyang mga kaarawan, *at ang pagkalugod ng Panginoon ay lalago sa kaniyang kamay*" (Isaias 53:10).

Iyan ang pangatlong resulta ng pagkamatay ni Hesus, "At ang pagkalugod ng Panginoon ay lalago sa kaniyang kamay." Sinabi ni Spurgeon,

> Higit sa [labin siyam] na daan taon na ang lumipas simula noong bumangon siya mula sa pagkamatay sa kanyang bagong buhay, gayon man siya ay nabubuhay pa rin; at ang kanyang mga araw, alam natin, ay magpapatuloy habang ang lupa ay tumatayo, oo, at sa katapusan, kapag dadalhin niya ang kaharian sa Diyos, kahit ang Ama, kaniya pa rin pahahabain ang kaniyang mga araw. "Ang iyong trono, O Diyos, ay magpakailan man" *ika'y* magtitiis, kahit na ang mga bundok ay mawawala, at kahit na ang mga kalangitan ay marorolyo tulad ng isang damit na sira na (Isinalin mula kay Spurgeon, ibid.).

> "At ang pagkalugod ng Panginoon ay *lalago* sa kaniyang kamay" (Isaias 53:10).

Ang mabuting kaluguran, ang kagustuhan, ang layunin ng Panginoon, ay "lalago sa kaniyang kamay." Sinabi ng Diyos Ama kay Hesus,

> "Ikaw ay aking ibibigay na pinakailaw sa mga Gentil upang ikaw ay maging aking kaligtasan hanggang sa wakas ng lupa" (Isaias 49:6).

> "At ang mga bansa ay paroroon sa iyong liwanag… ang kayamanan ng mga bansa ay darating sa iyo" (Isaias 60:3, 5).

> "Narito, ang mga ito'y manggagaling sa malayo; at, narito, ang mga ito ay mula sa hilagaan, at mula sa kalunuran; at ang mga ito ay mula sa lupain ng Sinim [Tsina]" (Isaias 49:12).

> "At ang pagkalugod ng Panginoon ay lalago sa kaniyang kamay" (Isaias 53:10)

Ilang buwan noon nakakita tayo ng isang presentasyon sa videyo tungkol sa Tsina na ipinamahagi ng Tinig ng mga Martir [The Voice of The Martyrs]. Ipinakita nito ang testimono ng isang matandang Tsinong nagngangalang Moses Xie [Shay]. Sa lob ng "Kultural na Rebolusyon," siya ay pinosasan at kinulong sa bilangguan ng mga Komunista ng higit sa dalawam pung taong dahil ipinangaral niya ang Ebanghelyo ni Kristo. Sa kalaliman ng kawalan ng pag-asa, siya ay lubos na nalungkot. Tapos sinabi niya, ang tinig ni Hesus ay nagsalita sa kaniyang puso, "Anak ko, ang biyaya ko ay sapat para sa iyo." Sinabi ni kapatid n Xie narinig niya ito ng tatlong beses sa kaniyang puso. Lumuha siya sa pangatlong beses na na nagsalita siya patungkol nito. "Anak ko, ang biyaya ko ay sapat para sa iyo." Mga luha ng pasasalamat ay pumuno sa kanyang mga mata habang nagsalita siya patungkol sa kapangyarihan ni Kristo upang iligtas siya sa Kumunistang bilangguan.

Tapos ang videyo ay lumipat sa isang pelikula ng libo-libong mga Tsinong Komunista literal na sinasamba si Mao Tse Tung, ang malupit na Komunistang diktador, na pumatay ng mas maraming tao kaysa kay Hitler. Habang umawit sila ng papuri kay Mao Tse Tung, naisip ko, "Tayong mga Kristiyano ay magiging naroon kapag kayong mga Komunista ay wala na." Kapag ang mga Tsinong Komunistang Partido ay nakalatag sa abong tambak ng kasaysayan, ang Kristiyanismo ay naroon pa rin, mas malakas kailan pa man, dahil ito ay lumalago sa isang nakamamanghang bilis ngayon." "Kaming mga Kristiyano ay magiging naroon kapag kayo'y wala na." At gayon ito sa buong lupa. Sa mga kaaway ni Kristo, nasaan man sila, masasabi naming na may lubos ng lakas ng loob,

"Kaming mga Krisitiyano ay maparirito kapag kayong mga Komunista ay wala na!" Dahil "ang pagkalugod ng Panginoon *ay* lalago sa kaniyang kamay"!

Ang mga Kristiyano ay maaring mababa ang loob at kinamumuhian sa paningin ng tao ngayon. Maari kaming kutyain at kinamumuhian ngayon, gaya ng aming Tagapagligtas noong Siya ay nasa lupa. Ngunit si Kristo ay bumangon mula sa pagkamatay, at "ang pagkalugod ng Panginoon ay lalago sa kaniyang kamay." Kung gayon, gaano man na ang totoong Kristiyanismo ay kinamumuhian at tinatanggihan, ito'y "ay lalago sa kaniyang kamay" At sa katapusan,

> "Ang kaharian ng sanglibutan ay [magigin] sa ating Panginoon, at sa kaniyang Cristo: at siya'y maghahari magpakailan kailan man" (Apocalipsis 11:15).

Tapos aking mga kapatid, makikita natin kung anong natupad ng pagkamatay ni Hesus, dahil ang "ang pagkalugod ng Panginoon ay lalago sa kaniyang kamay." Si Hesus ay darating muli upang maghari sa buong lupa!

> Si Hesus ay maghahari kung saan ang araw
> Ang kaniyang sumusunod na paglalakbay ay tumatakbo;
> Ang kaniyang kaharian ay kumakalat mula sa isang tabing ilog papunt sa isa
> Hangang sa ang buwan ay lalago at di na liit.
> ("Si Hesus ay Maghahari." Isinalin mula sa "Jesus Shall Reign"
> ni Isaac Watts, D.D., 1674-1748).

> Darating siya muli, Darating siya muli,
> Ang pinaka parehong Hesus, na tinaggihan ng tao;
> Darating siya muli, Darating siya muli,
> Na may kapangyarihan at dakilang luwalhati, Darating Siya muli!
> ("Darating Siya Muli." Isinalin mula kay
> "He Is Coming Again" ni Mabel Johnston Camp, 1871-1937).

Ngayon alam ko na mayroong ilan sa inyo ngayon rito ngayong umaga ang nagtataka bakit kami nasisiyahan. Iniisip mo, "Ano ang pinagkakainit ng puso ng mga taong ito? Bakit nila pinapalakpakan ang mga bagay na ito?" Tiyak ako na mayroong ilan sa inyo ang narito na sa simbhan ng mahabang panahon na ganyan rin ang nararamadaman. Iniisip mo, "Kailangan ba naming pagdaan ito muli? Narinig natin ito noon. Bakit maging mapukaw? Bakit maging napaka nalulugod? Hindi ba pwedeng ibigay mo nalang ang imbitasyon at tapusin na ito?" Alam ko na ganito ang nararamdaman ng ilan inyo. "Bakit maging napaka pupukaw?" Ito'y isang misteryo sa iyo. Hindi ka makapapasok sa pagkapukaw!

Alam kong lubos kung ano ang iyong nararamdaman. Alam mo, hindi ako isang apisyonado ng basketbol. Para sa akin walang naka pupukaw sa anumang paraan patungkol sa larong basketbol! Para sa akin ito ang pinaka yayamot na bagay sa mundo. Ngunit para sa ilan sa inyo ito'y napaka lulugod. Bakit may pagkakaiba? Ang pagkakaiba ay napaka simple. Ika'y isang apisyonado ng basketbol, at hindi ako! Ito'y ganoong ka simple. Maaring mong maramdaman ang kaluguran at hindi ko ito maramdaman. Hindi ako pupunta sa mga dahilan bakit iba ang ating nararamdaman. Isang bagay sa iyong pinanggalingan ang gumagawa sa iyong maging nalulugod kapag nakikita mo ang Lakers na maglaro. Hindi ako makapapasok rito kasama mo. Kailangang magkaroon ng pagbabago sa aking pinaka kalikasan o hindi ko mararamdaman ang nararamdaman mo.

Ganyan ito sa tagumpay ni Kristo. Maarin kaming malugod tungkol sa muling pagkabuhay ni Kristo at Pangalawang Pagdating. Hindi mo magawang malugod

patungkol rito. Kami ay mga apisyonado ni Kristo, at ikaw ay hindi apisyonado ni Kristo! Ang iyong pinaka kalikasan ay adpaat mabagyo para maramdaman mo ang nararamdaman naming kapag naiisip naming ang tagumpay ni Kristo. Ang Bibliya ay nagsasalita patungkol niyan kapag sinasabi nitong, "Ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios: sapagka't ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya" (I Mga Taga Corinto 2:14). Dahil ikaw ay isang "natural na tao" ang tagumpay ni Kristo ay hindi importante para sa iyo. Hindi ka maaring malugod patungkol rito. *Ang iyong pinaka kalikasan ay kailangang mabago para sa iyo upang maging masigasig tungkol sa tagumpay ni Kristo!* Dapat kang maging napapagbagong loob upang maramdaman ang nararamdaman naming!

Alam mo na dapat mong maramdaman ang nararamdaman naming, ngunit hindi mo magawa ang iyong sariling gawin maramdaman ang dapat mong maramdaman! Gaano man kahirap mong subukan, hindi mo magagawa ang iyong sariling maramdaman ang nararamdaman naming tungkol kay Kristo! Dapat ganyan ang maramdaman mo, ngunit hindi mo ito magawa gaano kahirap mo man itong subukan. Hindi ka maaring maging ang taong dapat mong maging. *Iyan ang ibig sabihin ng maging napaniwalang lubos ng pagkakasala ng kasalanan!*

Dapat ka gayong magpunta kay Hesus at sabihin, "Panginoon, hindi ako maaring maging kung anong gusto mo sa aking maging! Ako'y nawawala! Ako'y wasak. Hindi ko mabago ang aking sarili! Hesus, iligtas ako!" At kapag ganyan na ang nararamdaman mo, ika'y malapit na sa pagiging ligtas. Ang kumbiksyon ng kasalanan ay darating bago pagbabagong loob kay Kristo!

At sa inyong hindi pa napagbabagong loob, nagmamaka-awa kami sa inyong magtiwala sa bumangong si Kristo. Hinihikayat ka naming mahugasang malinis mula sa iyong mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang mahal na Dugo. Pinaki-uusapan ka naming sumama sa amin at sundan ang Tagapagligtas ano man ang halaga! Kami ay nasa nagatatagumpay na panig, dahil ang "pagkalugod ng Panginoon ay lalago sa kaniyang kamay." Kung gayon pinakiki-usapan kitang magtiwala kay Hesus, maging napagbagong loob, at maging nasa nagtatagumpay na panig!

> Halina, gayon at sumapi sa banal na pangkat na ito,
> At magpunta sa luwalhati magpunta,
> Upang manirahan sa makalangit na lupa,
> Kung nasaan ang immortal na pag-agos ng ligaya,
> Magtiwala lamang sa Kaniya, magtiwala lamang sa Kanya,
> Magtiwala lamang sa Kaniya ngayon.
> Ililigtas ka Niya, Ililigtas ka Nya,
> Ililigtas ka [ni Kristo] ngayon na.
> ("Magtiwala Lamang sa Kaniya." Isinalin mula sa
> "Only Trust Him" ni John H. Stockton, 1813-1877).

Kantahin ang koro iyon muli. Habang aming kinakanta ang "Magtiwala Lamang sa Kanya," kung hindi ka pa napagbagong loob, gusto kong umalis ka mula sa iyong upuan at magpunta sa likuran ng awditoriyum. Dadalhin ka ni Dr. Cagan sa isa pang silid, kung saan makapag-uusap tayo at makapagdarasal. Magpunta na ngayon habang kami'y kumakanta.

> Magtiwala lamang sa Kaniya, magtiwala lamang sa Kanya,
> Magtiwala lamang sa Kaniya ngayon.
> Ililigtas ka Niya, Ililigtas ka Nya,
> Ililigtas ka [ni Kristo] ngayon na.

# ANG BALANGKAS NG

# ANG TAGUMPAY NG TAGAPAGLIGATAS!

**(PANGARA; BILANG 12 SA ISAIAS 53)**

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

> "Makikita niya ang kaniyang lahi, pahahabain niya ang kaniyang mga kaarawan, at ang pagkalugod ng Panginoon ay lalago sa kaniyang kamay" (Isaias 53:10).

I. Una, makikita Niya ang Kanyang lahi!Isaias 53:10a; Lucas 13:29; Mga Awit 25:13; I Mga Taga Corinto 15:5-8; I Ni Juan 1:1; Ni Juan 20:19-20.

II. Pangalawa, pahahabahin NIya ang Kaniyang mga kaarawan! Isaias 53:10b; Mga Taga Roma 6:10, 9; Mga Hebreo7:24, 25.

III. Pangatlo, ang Kaniyang gawain ay lalago! Isaias 53:10c; Isaias 49:6; 60:3, 5; 49:12; Apocalipsis 11:15; I Mga Taga Corinto 2:14.

# PAGKASAYA AT PAG-AARING GANAP – NAKUHA NI KRISTO

**(PANGARAL BILANG 13 SA ISAIAS 53)**

# SATISFACTION AND JUSTIFICATION – OBTAINED BY CHRIST

**(SERMON NUMBER 13 ON ISAIAH 53)**
(Tagalog)

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

Isang pangaral na ipinangaral sa Baptist Tabernacle ng Los Angeles
Gabi ng Araw ng Panginoon, Ika-14 ng Abril taon 2013

> "Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan: sa pamamagitan ng kaniyang kaalaman ay aariing ganap ng aking matuwid na lingkod ang marami; at dadalhin niya ang kanilang mga kasamaan" (Isaias 53:11).

Ang tekstong ito ay puno ng kahulugan na bawat salita rito ay nararapat ng ating atensyon. Kung gayon hindi ako lilihis ng malayo mula sa teksto, o magbigay ng maraming paglalarawan. Ito'y sapat sa isang sermon upang ilatag ang nakamamanghang mga katotohanan na nasa tekstong ito; upang gawin ang bawat salita na napaka simple na ang bawat bisita sa ating simbahan ngayong gabi ay makauuwi na nalalaman ang simple, kahit na malalim, na mga kahulugan ng mga salitang iyon,

> "Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan: sa pamamagitan ng kaniyang kaalaman ay aariing ganap ng aking matuwid na lingkod ang marami; at dadalhin niya ang kanilang mga kasamaan" (Isaias 53:11).

Naway buksan ng Diyos ang iyong puso upang tanggapin ang katotohanan sa bersong ito. Dahil sinasabi namin sa iyo, kapag nangangaral sa tekstong ito, "Inyong ikiling ang inyong tainga, at magsiparito kayo sa akin; kayo'y magsipakinig, at ang inyong kaluluwa ay mabubuhay."

Ang berso ay tumutukoy ng tatlong mga bagay. Una, naroon ang nakapasisiyang hustisiya ng Diyos. Pangalawa, naroon ang kaalaman ni Kristong nagpapatunay ng marami. Pangatlo, naroon ang pagdadala ng kasalanan ni Kristo, na nagdadala ng punong pagbabayad sa naniniwalang makasalanan.

> "Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan: sa pamamagitan ng kaniyang kaalaman ay aariing ganap ng aking matuwid na lingkod ang marami; at dadalhin niya ang kanilang mga kasamaan" (Isaias 53:11).

## I. Una, ang pagdurusa ni Kristo ay nagpapasiya sa hustisiya ng Diyos.

> "Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa *at masisiyahan* …" (Isaias 53:11).

Si Dr. Jürgen Moltmann (1926-) ay isang Aleman na naging bilanggo ng digmaan sa isang British na bilangguan ng tatlong taon pagkatapos ng Pangalawang

Makamundong Digmaang. Sa panahong ito sa bilangguan sinimulan niyang aralin ang Bibliya. Mula sa karanasang iyon ng pagkabilanggo at pagbabasa ng Bibliya, isinulat niya ang ***Kasaysayan at ang Tatlong Pagkakaisa ng Diyos: Kontribusyon sa Trinitariyanong Teolohiya [History and the Triune God: Contributions to Trinitarian Theology]*** (Crossroad, 1992). Si Dr. Moltmann ay isang liberal na teyolohiyano, at tiyak na *hindi* ako nakikikabit sa karamihan sa kanyang mga naisulat. Gayon, mayroon siyang mga kabatiran. Halimbawa, nakikita ni Moltmann ang Krus bilang isang kaganapan kung saan idinedeklara ng Diyos ang Kanyang pagkakaisa sa "Tinalikdan ng Diyos" na lahi ng tao. Ipinapakita ng Diyos ang Kanyang pag-ibig para sa mga makasalanan sa Krus, at ang Diyos Anak ay nagdurusa ng pagkahiwalay mula sa Ama, pinapayagan na malaman ng Diyos ang sakit at pagdurusa "mula sa loob at labas." Hindi nakuhag tama ni Moltmann ang karamihan nito, inilabas niya ang pagdurusa ng mga Katauhan sa Trinidad sa pagpapako sa krus, at iyan, sa palagay ko, ay isang importanteng punto. Sa aking pananaw, iyan ay isang bagay na nararapat na pag-isipan – ang pagdurusa ng mga Tauhan ng Trinidad sa loob ng pagpapako sa krus.

> "Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan" (Isaias 53:11).

Sinabi ni Spurgeon,

> Sa mga salitang ito mayroon tayo ng Diyos Ama nagsasalita patungkol sa kanyang Anak, at idinedeklara ito, dahil kanyang tiniis ang isang pagdaramdam ng kaluluwa, kanyang ipapangako sa kanya ang isang nakapagsisiyang gantimpala. Napaka-lulugod na maobserbahan ang pagkasamang pagkilos ng iba't-ibang katauhan ng sagradong Trinidad sa bagay ng kaligtasan! (Isinalin mula kay C. H. Spurgeon, ***Ang Metropolitanong Tabernakulong Pulpito [The Metropolitan Tabernacle Pulpit],*** Pilgrim Publications, 1980 inilimbag muli, kabuuan 61, p. 301).

"Siya," ay Diyos Ama; "makikita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa," iyan ay, ang pagdaramdam ng kaluluwa ng Anak; "at masisiyahan." Gaya ng paglagay nito ni Spurgeon, "Sa mga salitang ito mayroon tayo ng Diyos Ama nagsasalita patungkol sa kanyang Anak."

> "Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan" (Isaias 53:11).

Ang "pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa" ay tumutukoy sa panloob na sakit at paghihirap ni Kristo, na Kanyang naranasan sa loob ng Kanyang paghihirap para sa ating mga kasalanan. Huwag dapat nating pababain ang halaga ng pisikal na paghihirap ni Kristo. Huwag dapat natin kailan man isipin ng basta-basta lang si Kristo na pinapalo na halos hanggang mamatay sa ilalim ni Ponsiyu Pilato. Huwag dapat nating maliitin ang halaga ni Kristong dinuduraan at kinokoronahan ng mga tinik. At huwag dapat nating tiyak na maliitin ang kahalagahan ng pagtutusok ng Kanyang mga kamay at paa, at ang sakit at uhaw na Kanyang naranasan para sa atin sa Krus. "Pa rin," sabi ni Spurgeon, "ang pagdaramdam ng kanyang kaluluwa ay ang namumunong bagay, at ito ang tinutukoy ng teksto…si Hesu-Kristo ay nagdusang [lubos] na nawawalan ako ng pag-asang iniisip ang kanyang mga pagdurusa, o pagbibigay ng mga ito sa iyo sa ano mang anyo ng salita" (Isinalin mula kay Spurgeon, ibid., pp. 302-303). Nasabi ng, "ang kaluluwang pagdurusa ni Kristo ay ang kaluluwa ng kanyang pagdurusa" (Isinalin mula

sa ibid., p. 302), ang puso ng Kanyang paghihirap, ang pangunahing bahagi ng Kanyang paghihirap.

Ang salitang "pagdaramdam" ay nagpapakita ng pighati, pagdurusa at sakit na naranasan ni Kristo sa "kaniyang kaluluwa" noong ang bigat ng kasalanan ng tao, ang paghahatol ng Diyos Ama, ay bumaba sa Kanya. Ito'y malinaw na naranasan ni Kristo sa Hardin ng Gethsemani, bago Siya dinakip, bago Siya pinalo, bago Siya pinako sa krus. At kasama rin rito ang pighati at sakit ng kaluluwa na patuloy Niyang naranasan sa Krus. Gaya ng paglagay nito ni Dr. Gill,

> *Ang pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa* ay ang paghihirap at gawa na kaniyang tiniis, sa paggagawa ng kaligtasan ng kaniyang mga tao; ang kaniyang pagkamasunurin at pagkamatay, ang kaniyang paghihirap at pagdurusa; lalo na ang mga pamimilipit ng pagkapanganak ng kaniyang kaluluwa, sa ilali ng diwa ng banal na poot, dahil parunggit ay sa isang babae na nasa pagdaramdam [ang sakit ng panganganak]; at ang lahat ng paghihirap at mga sakit ng pagkamatay na kaniyang pinagdaan (isinalin mula kay John Gill, D.D., ***Isang Pagpapaliwanag ng Lumang Tipan [An Exposition of the Old Testament],*** The Baptist Standard Bearer, 1989 inilimbag muli, kabuuan 5, p. 315).

> "Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa *at masisiyahan*" (Isaias 53:11)

"At masisiyahan" ay tumutukoy sa pangpalubagloob ng poot ng Diyos. Ang Diyos Ama ay "[nasiyahan]," o, maari nating sabihin, pagsusuyo,

> "Yaong hindi nakakilala ng kasalanan ay kaniyang inaring may sala dahil sa atin" (II Mga Taga Corinto 5:21).

> "At siya ang pangpalubag-loob sa ating mga kasalanan" (I Ni Juan 2:2).

> "Na siyang inilagay ng Dios na maging pangpalubagloob" (Mga Taga Roma 3:25).

Si Dr. John MacArthur, kahit na mali sa Dugo ni Kristo, ay tama noong sinabi niyang,

> Ang salitang [pangpalubagloob] ay nangangahulugang "pagpapayapa" o "kasiyahan." Ang alay ni Hesus sa krus ay nagpasiya sa mga pangangailangan ng kabanalan ng Diyos para sa kaparusahan ng kasalanan…Kaya si Hesus ay nagpaglubagloob o nagpasiya sa Diyos (isinalin mula kay John MacArthur, D.D., ***Ang Pag-aaral na Biblya ni MacArthur [The MacArthur Study Bible],*** Word Publishing, 1997, sulat sa I Ni Juan 2:2).

Mukhang di pangkaraniwan para sa akin na mali siya sa Dugo, ngunit tama sa pangpalubagloob! Gayon, nakikita natin, ang pagpapasiya ng poot ng Diyos laban sa kasalanan, na naranasan ni Hesus sa Kanyang paghihirap. Ang paghihirap ni Hesus ay

"nagpasiya" sa hustisiya ng Diyos, nagpapalubagloob, nagpapalamig, sa Kanyag poot laban sa kasalanan.

> "Yaong [Si Kristo ang Anak] hindi nakakilala ng kasalanan ay kaniyang [Diyos Ama] inaring may sala dahil sa atin: upang tayo'y maging sa kaniya'y katuwiran ng Dios"
> (II Mga Taga Corinto 5:21).

> "Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan…" (Isaias 53:11).

Ang paghihirap ni Kristo ay nagpasiya sa hustisiya ng Diyos, ginagawa itong posible para sa ating maligtas.

## II. Pangalawa, ang pagkaalam kay Kristo ay nagdadala ng pagbibigay katarungan sa marami.

Magsitayo tayo at basahin ang teksto ng malakas, nagtatapos sa mga salitang, "aariing ganap […] ang marami."

> "Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan: *sa pamamagitan ng kaniyang kaalaman ay aariing ganap ng aking matuwid na lingkod ang marami*…."
> (Isaias 53:11).

Maari nang magsi-upo.

Ang propetang si Isaias ay tumutukoy kay Kristo bilang "lingkod" sa Isaias 52:13. At ditto, sa ating teksto, si Kristo ay tinawag na "matuwid na lingkod" ng Diyos. Si Kristo ay matuwid dahil "hindi [niya] nakakilala ng kasalanan" (II Mga Taga Corinto 5:21). Siya ay walang salang Anak ng Diyos, ang "matuwid na lingkod" ng Diyos Ama.

"Aariing ganap" ni Kristo "ang marami" (berso 11). Narito ang puso ng Ebanghelyo. Hindi natin nagagwang ganap ang ating sarili sa pamamagitan ng pagkamasunurin sa mga batas ng Diyos, dahil,

> "sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan ay walang laman na aariing-ganap sa paningin niya" (Mga Taga Roma 3:20).

Hindi natin mabibigyang katarungan ang ating mga sarili dahil tayo ay mga makasalanan sa kalikasan. Mabibilang lamang tayo sa pamamagitan ng imputasyon ng katuwiran ni Kristo sa atin. "Imputasyon" ay isang legal sa salita. Tayo ay legal na nabibilang na makatuwiran sa pamamagitan ng katuwiran ni Kristo sa atin. "Aariing ganap ng […] matuwid na lingkod [ng Diyos] ang marami" (Isaias 53:11), sa pamamagitan ng pagpaparatang ng Kanyang katuwiran sa kanila!

> "Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan: sa pamamagitan ng kaniyang kaalaman ay aariing ganap ng aking matuwid na lingkod ang marami…."
> (Isaias 53:11).

Pinaalala sa atin ni John Trap na si Kardinal Contarenus ay binitay ng isa pang Katolikong Kardinal, si Pighius. Dahil pinaniwalaan ni Contarenus ang bersong ito ng literal, siya ay tinawag na isang "Protestante" at binitay dahil sa kaniyang

pananampalataya riyan "ang pagbibigay katuwiran ng marami [ay] sa pamamagitan ng malayang mga awa ng Diyos at mga katangian ni Kristo" (isinalin mula kay John Trapp, ***Isang Kumentaryo sa Luma at Bagong mga Tipan [A Commentary on the Old and New Testaments],*** inilimbag muli, kabuuan III, pp. 410-411, sulat sa Isaias 53:11). Ngunit si Kardinal Contarenus ay tama! At ang natira sa mga kardinal ay mali!

"Aariing ganap ng aking matuwid na lingkod ang marami." Ang mga salitang iyan ba ay nararapat na ikamatay? Sa katunayan, nararapat ikamatay ang mga ito! Iyan ang pinka puso ng ating Bautista at Protestanteng pananampalataya! Hindi natin inaaring ganap ang ating mga sarili, gaya ng mga desisyonistang tagasunod ni Finney, at ang itinuturo ng mga Katoliko! O hindi!

> "Ang tao ay hindi inaaring-ganap sa mga gawang ayon sa kautusan, *maliban na sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo"* (Mga Taga Galacias 2:16).

> "Ano pa't ang kautusan ay siyang naging tagapagturo natin upang ihatid tayo kay Cristo, upang tayo'y *ariing-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya"*
> (Mga Taga Galacias 3:24).

Ito ay si Kristo, ang "matuwid ng lingkod" ng Diyos, na nag-aaring ganap ng marami!

Ngunit paano ito nangyaari? Paano na "aariing ganap […] ang marami"? Inaaring ganap Niya ba sila sa pamamagitan ng kanilang sariling gawa ng pagsusuko ng ilan sa mga kasalanang iyon? Hindi! Iyan ay Katolisismo at desisyonismo! Inaaring ganap Niya ba sila dahil sinabi nila ang "panalangin ng makasalanan" o "nagpunta sa harapan" sa katapusan ng isang sermon? Hindi! Iyan ay Katolisismo at desisyonismo! Inaaring ganap Niya ba sila dahil natutunan nila ang "plano ng kaligtasan" at na memorya ang Juan 3:16, at ipinalangin ang "panalangin ng makasalanan" ? Hindi! Iyan, rin ay Katolisismo at desisyonismo!

Paano, gayon, na ika'y maaaring ganap? Paano ka magagawang malinis at makatuwiran sa paningin ng Diyos? Iyan ang walang hanggang katanungan! Iyan ang dakilang tanong ni Bildad sa Aklat ni Job! Sinabi niya,

> "Paano ngang makapagiging ganap ang tao sa Dios? O paanong magiging malinis siya na ipinanganak ng isang babae?"
> (Job 25:4).

At ang sagot ay dumarating na kumikililing sa atin sa mga salita ng ating teksto,

> "sa pamamagitan ng kaniyang kaalaman ay aariing ganap ng aking matuwid na lingkod ang marami" (Isaias 53:11).

O, gaya ng pagkasalin nito ni Spurgeon, "sa pamamagitan ng kaalaman niya na ang aking matuwid ng lingkod mag-aaring ganap ng marami" (Isinalin mula C. H. Spurgeon, ***Ang Metropolitanong Tabernakulong Pulpito [The Metropolitan Tabernacle Pulpit],*** Pilgrim Publications, 1980 inilimbag muli, kabuuan 63, p. 117). At kaya sinabi ni Spurgeon,

> Ang buong paraan ng pangunguha ko ng resulta ng alay ni Kristo ay sa pamamagitan ng pagkakaalam at paniniwala – hindi sa paggagawa…" "Sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan ay walang laman na aariing-ganap." "sa pamamagitan ng kautusan ay ang pagkakilala ng kasalanan." "Biyaya at kapayapaan ay dumating sa pamamagitan ni Hesu-

> Kristo," at dumarating sila sa atin sa pamamagitan ng paniniwala o sa pamamagitan ng pagkaka-alam – sa pamamagitan ng pagkakakalam sa Kanya…sa pamamagitan Niya…tayo ay naaring ganap" (Isinalin mula sa ibid.).

> "Datapuwa't sa kaniya na hindi gumagawa, nguni't sumasampalataya sa kaniya na umaaring ganap sa masama, ang kaniyang pananampalataya ay ibibilang na katuwiran" (Mga Taga Roma 4:5).

> "Manampalataya ka sa Panginoong Jesus, at maliligtas ka" (Mga Gawa 16:31).

> "Sa pamamagitan ng kaniyang kaalaman ay aariing ganap ng aking matuwid na lingkod ang marami" (Isaias 53:11).

Ang nagdurusang Kristo ay napapasiyahan ang hustisiya ng Diyos. Pagkakaalam kay Kristo Mismo ay nagdadala ng pag-aaring ganap sa marami. At –

## III. Pangatlo, ang nagdadala ng kasalanang Kristo ay nagdadala ng punong pagbabayad sa mga makasalanan.

Magsitayo at basahin ang teksto muli, nagbibigay ng masinsinang atensyon sa huling anim sa mga salita.

> "Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan: sa pamamagitan ng kaniyang kaalaman ay aariing ganap ng aking matuwid na lingkod ang marami; *at dadalhin niya ang kanilang mga kasamaan"* (Isaias 53:11).

Maari nang magsi-upo.

Isaiah 53:5 says, "Aariing ganap" ni Kristo "ang marami; *at dadalhin niya ang kanilang mga kasamaan."* Iyan ay, kakargahin Niya ang kanilang mga kasalanan. Ang buong basehan ng pag-aaring ganap, ang buong pundasyon ng ating pagbabayad at kaligtasan, ay nilalantad sa mga salitang ito, "dadalhin niya ang kanilang mga kasamaan."

> "Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo" (Isaias 53:5).

Sinasabi sa Isaias 53:6,

> "At ipinasan sa kaniya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat" (Isaias 53:6).

Sinasabi ng Isaias 53:8,

> "Dahil sa pagsalangsang ng aking bayan ay nasaktan siya" (Isaias 53:8).

At sinasabi ng I Ni Pedro 2:24,

> "Na siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan sa kaniyang katawan sa ibabaw ng kahoy" (I Ni Pedro 2:24).

Gaya ng pagkasalin ni Spurgeon sa ating teksto, "…sa pamamagitan ng kaniyang kaalaman ay aariing ganap ng aking matuwid na lingkod ang marami."

Iyan, nasa iyo ang unang punto ng Ebanghleyo ni Kristo – malinaw at simple. Ang paghihirap ni Kristo nagpapasiya sa hustisiya ng Diyos. Pagkakaalam kay Kristo Mismo ay nagdadala kasama nito ng pag-aaring ganap. Ang nagdadala ng kasalanang Kristo ay nagdadala ng lubos na kaligtasan sa mga makasalanna na kilala si Kristo sa pamamagitan ng pananampalataya. Nakamamanghang Ebanghelyo! Nakamamanghang pagtubos! Walang tulad nito ang nangyari kailan pa man bago o pagkatapos, sa buong kasaysayan!

> "Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan: sa pamamagitan ng kaniyang kaalaman ay aariing ganap ng aking matuwid na lingkod ang marami; at dadalhin niya ang kanilang mga kasamaan" (Isaias 53:11).

Noong isang gabi si Wesley at ako ay nagbabasa tungkol sa isang aktor na si John Carradine sa Internet. Nagpakita siya sa halos 300 na mga pelikula, mas higit sa kahit sinong aktor. Noong namatay siya sa Milan, Italy, ang katawan ay inilagay sa isang kabaong at dinala sa isa sa mga tahanan ng kaniyang mga anak na lalake. Ang anak ay umiinom ng matindi. Binuksan niya ang kabaon at nagbuhos ng alak sa bibig ng kaniyang patay na ama.

Ngayon tinatanong kita, Maari ba na ang isang patay na tao ay matikman ang alak? Siyempre hindi! At kapag nagsasalita ako patungkol sa lahat ng mga nakamamanghang mga bagay na ginawa ni Kristo upang iligtas tayo, hindi mo ito malasahan. Bakit hindi? Dahil ikaw ay patay sa espiritwal. Gaya ng paglagay nito ng Bibliya, ikaw ay "patay dahil sa ating mga kasalanan" (Mga Taga Efeso 2:5). Iyan ang pinka kalikasan ng kasalanan. Ika'y patay sa mga bagay ni Kristo. Hindi mo sila matikman. Hindi mo sila maramdaman. Patungkol sa mga bagay ng Diyos, ikaw ay kasing patay ng katawan ni John Carradine sa kabaong. Kailangang bigyan ka ng buhay ni Kristo o ika'y magpupunta sa kawalang hanggang nawawala! Dapat kang magawang sumigaw, "Abang tao ako! sino ang magliligtas sa akin sa katawan nitong kamatayan?" (Mga Taga Roma 7:24).

Kapag ang lalake o babae ay sumigaw tulad niyan, mula sa pinaka ilalim ng puso, sila ay malapit nang maligtas. Sumigaw ka na ba tulad niyan? Naramdaman mo na ba na ika'y patay sa Diyos, at na si Kristo lamang ang makaliligtas sa iyo? Ikaw ba ay napagbagong loob kay Kristo? Kung hindi, titingin ka pa kay Kristo, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng mundo? Titingin ka ba sa Kanya, at magtitiwala sa Kanya ngayon?

> Kung mula sa kasalnana ika'y naghahangad na mapalaya,
> Tumingin sa Kordero ng Diyos;
> Siyang, magliligtas sa iyo, namatay sa Kalbaryo,
> Tumingin sa Kordero ng Diyos.
> Tumingin sa Kordero ng Diyos. Tumingin sa Kordero ng Diyos,
> Dahil Siya lamang ang makaliligtas sa iyo,
> Tumingin sa Kordero ng Diyos.
> ("Tumingin sa Kordero ng Diyos." Isinalin mula sa
> "Look to the Lamb of God" ni H. G. Jackson, 1838-1914).

ANG BALANGKAS NG

# PAGKASAYA AT PAG-AARING GANAP – NAKUHA NI KRISTO

**(PANGARAL BILANG 13 SA ISAIAS 53)**

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

> "Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan: sa pamamagitan ng kaniyang kaalaman ay aariing ganap ng aking matuwid na lingkod ang marami; at dadalhin niya ang kanilang mga kasamaan" (Isaias 53:11).

I. Una, ang pagdurusa ni Kristo ay nagpapasiya sa hustisiya ng Diyos, Isaias 53:11a; II Mga Taga Corinto 5:21; I Ni Juan 2:2; Mga Taga Roma 3:25.

II. Pangalawa, ang pagkaalam kay Kristo ay nagdadala ng pagbibigay katarungan sa marami, Isaias 53:11b; 52:13; II Mga Taga Corinto 5:21; Mga Taga Roma 3:20; Mga Taga Galacias 2:16; 3:24; Job 25:4; Mga Taga Roma 4:5; Mga Gawa 16:31.

III. Pangatlo, ang nagdadala ng kasalanang Kristo ay nagdadala ng punong pagbabayad sa mga makasalanan, Isaias 53:11c; Isaias53:5, 6, 8; I Ni Pedro 2:24; Mga Taga Efeso 2:5; Mga Taga Roma 7:24.

# ANG PINANGGAGALINGAN NG LUWALHATI NI KRISTO

**(PANGARAL BILANG 14 SA ISAIAS 53)**

## THE SOURCE OF CHRIST'S GLORY

**(SERMON NUMBER 14 ON ISAIAH 53)**
(Tagalog)

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

Isang pangaral na ipinangaral sa Baptist Tabernacle ng Los Angeles
Umaga ng Araw ng Panginoon, Ika-21 ng Abril taon 2013

> "Kaya't hahatian ko siya ng bahagi na kasama ng dakila, at kaniyang hahatiin ang samsam na kasama ng malakas; sapagka't kaniyang idinulot ang kaniyang kaluluwa sa kamatayan, at ibinilang na kasama ng mga mananalangsang: gayon ma'y dinala niya ang kasalanan ng marami, at namagitan sa mga mananalangsang" (Isaias 53:12).

Si John Trapp ay isang Puritanong mangangaral na nabuhay noong ika-17 siglo (1601-1669). Nasabi na siya ang "pinaka masipag at mahusay na mangangaral. Ang [kanyang] katanyagan ay nakasalalay sa kanyang ***Kumentaryo [Commentary]*** sa Buong Bibliya, na [nagbibigay sa atin ng halimbawa] ng Puritanong Bibliyang pag-aaral sa pinaka mahusay nitong anyo; ito'y nilalarawan ng kakaibang katatawanan at malalim na kaalaman" (isinalin mula kay Elgin S. Moyer, Ph.D., ***Sino Sila sa Kasaysayan ng Simbahan*** [***Who Was Who in Church History],*** Keats Publishing, 1974, p. 410). Ang kumentaryo ni Trapp ay mataas na inirerekomenda ni Spurgeon. Patungkol sa limampu't tatlong kapitulo ng Isaias, sinabi ni John Trapp,

> Rito ang bawat salita ay may bigat, at ito'y napaka tiyak na ang mga apostol at mga ebanghelista, sa paglalarawan ng mga misteryo ng ating kaligtasan, ay mayroong matinding respeto sa buong kapitulong ito ng Isaias…At nararapat na ang propeta, noong isinulat niya ang mga bagay na ito, ay nabigyan ng napak dakilang Espiritu, dahil ditto napaklinaw niyang inihayag ang Panginoong Hesu-Kristo sa kanyang dalawang bahaging kondisyon ng pagkahiya at ng pagpaparangal, samantalang ang ibang [mga manunulat] ng Lumang Tiapn ay humiram ng kaliwanagan mula sa Bagong [Tipan], ang kapitulong ito ay nagpahirap ng liwanag sa Bago sa maraming lugar (isinalin mula kay John Trapp, ***Isang Kumentaryo sa Luma at Bagong Tipan [A Commentary on the Old and New Testaments],*** Transki Publications, 1997, kabuuan III, pahina 410).

Sa katunayan, ang ating teksto ngayong umaga ay "nagpapahiram ng liwanag" at nagbibigay ng lalim sa ating pagkaintindi ng kung anong nabasa nating sa Bagong Tipan. Imbes na ang Bagong Tipan ang nagpapaliwanag sa Isaias 53, ito'y ang kabaligtaran. Ang Isaias 53 ay tumutulong ipaliwanag ang Bagong Tipan! alin ay lubos na di pangkariniwan.

Sinabi ni Dr. Jack Warren, patungkol sa ating teksto, "Ang huling bersong ito [ng Isaias 53] ay nagsasara sa kapitulo sa isang naka-aakit na tala: pinararangalan nito ang

Tagapagligtas para sa pagbubuhos ng kaniyang kaluluwa at para sa pagiging nabilang kasama ng mga makasalanan" (isinalin mula kay Jack Warren, D.D., ***Pagliligtas sa Isaias 53 [Redemption in Isaiah 53],*** Baptist Evangel Publications, 2004, p. 31).

> "Kaya't hahatian ko siya ng bahagi na kasama ng dakila, at kaniyang hahatiin ang samsam na kasama ng malakas; sapagka't kaniyang idinulot ang kaniyang kaluluwa sa kamatayan, at ibinilang na kasama ng mga mananalangsang: gayon ma'y dinala niya ang kasalanan ng marami, at namagitan sa mga mananalangsang" (Isaias 53:12).

Ngayong umaga, tinatamasa ni Kristo ang gantimpala ng ibinigay sa Kanya ng Kanyang Ama – "Kaya't hahatian ko siya ng bahagi na kasama ng dakila." Wala sa Langit ang namumuhi o tumatanggi kay Kristo. Ang buong karamihan ng Langit ay sumasamba sa Kanya! Lahat ng luwalhati ay nagpapakita sa paligid Niya sa Kanyang trono, sa kanang kamay ng Ama. Anong ginawa ni Kristo upang marapat niya ang parangal at luwalhati? Bakit Siya may karapatan upang tanggapin ang "bahagi na kasama ng dakila, at…hahatiin ang samsam na kasama ng malakas"? Ang sagot ay na nagawa Niya ang apat na mga bagay.

## I. Una, sapagka't Kaniyang idinulot ang Kaniyang kaluluwa sa kamatayan.

> "Kaniyang idinulot ang kaniyang kaluluwa sa kamatayan …"
> (Isaias 53:12).

Ginawa iyan ni Kristong sadya. Ginawa Niya ito na may pag-iisip at pag-iingat, hindi ng biglaang emosyonal na udyok. Sadya Niyang ibinuhos ang Kaniyang kaluluwa, unti-unti, hanggang sa wakas naibuhos Niya ito lahat, at sumigaw,

> "Naganap na: at iniyukayok ang kaniyang ulo, at nalagot ang kaniyang hininga" (Juan 19:30).

Tandaan na ginawa ito ni Kristong kusang-loob. Sinabi Niya,

> "Ibinibigay ko ang aking buhay… Sinoma'y hindi nagaalis sa akin nito, kundi kusa kong ibinibigay" (Juan 10:17).

Iyan ay isang mahalagang punto. Dapat nating maintindihan na si Hesus ay di namatay ng aksidente. Sadya Siyang nagpunta sa Kanyang kamatayan; sadya Niyang isinuko ag Kanyang buhay upang bayaran ang multa para sa ating mga kasalanan. "Kaniyang idinulot ang Kaniyang kaluluwa sa kamatayan" sa Krus, hindi dahil kinailangan Niya itong gawin, kundi para sa iyong kapakanan, at sa akin – para sa kaligtasan ng lahat noong mga naglalagay ng kanilang tiwala sa Kanya.

Magtiwala sa Kanya, tapos, at huwag tuminging sa pabalik. Ibuhos ang <u>iyong</u> kaluluwa, lubos na nagtitiwala sa Kanya, habang Kanya rin ibinuhos ang <u>Kanyang</u> kaluluwa sa kamatayan para sa iyo. Magpunta, at mamahinga kay Kristo, at tapos makikita mo kung bakit Siya kinoronahan ng dangal at luwalhati. Mayroon Siyang pinarangalang posisyon dahil Kanyang

> "ay nagbata ring minsan dahil sa mga kasalanan, ang matuwid dahil sa mga di matuwid, upang tayo'y madala niya sa Dios"
> (INi Pedro 3:18).

Ang Kanyang kamatayan sa Krus, na nagdala sa Kanya ng higit na kahihiyan, ay ngayon nagdala sa Kanya ng ganoon nalang uri ng dangal at luwalhati na tumatanggap Siya ng "bahagi sa mga dakila," at ihinihiwalay "samsam na kasama ng malakas." Gayon, ibinibigay sa Kanya ng Diyos "ang mga bansa na [Kanyang] pinakamana" (Mga Awit 2:8). Gayon sinasabi ng Diyos, "ibibigay ko sa kanya upang sakupin, panlooban, at sirain ang masasamang espiritu…at ito'y kanyang matatanggap bilang gantimpala para sa kanyang nakadudusta [nakahihiyang] pagkamatay" (isinalin mula kay Trapp, ibid.).

> "Pagkasamsam sa mga pamunuan at sa mga kapangyarihan sila'y mga inilagay niya sa hayag na kahihiyan, na nagtatagumpay siya sa kanila sa bagay na ito"
> (Mga Taga Colosas 2:15).

"Ang mga Kapangyarihan ng Kamatayan." Kantahin ito!

> Ang mga kapangyarihan ng kamatayan ay
> Nagawa na ang pinaka malubha nila,
> Ngunit ang mga hukbo ni Kristo ay nagsikalat:
> Hayaan ang mga sigaw ng banal
> Na ligaya ay sumiklab. Aleluya!
> Aleluya! Aleluya! Aleluya!
> ("Ang Paglalaban ay Tapos Na" ["The Strife is O'er"]
> isinalin ni Frances Pott, 1832-1909).

Siya'y nabigyan ng parangal at luwalhati dahil ibinuhos Niya ang Kanyang kaluluwa sa kamatayan upang iligtas ang mga makasalanan. Magpunta, at magtiwala sa Kanya! Magpunta, at magtiwala sa Kanyang lubos! Magpunta at magtiwala sa Kanya ngayon!

## II. Pangalawa, Siya ay nabilang kasama ng mga makasalanan.

> "Kaya't hahatian ko siya ng bahagi na kasama ng dakila, at kaniyang hahatiin ang samsam na kasama ng malakas; sapagka't kaniyang idinulot ang kaniyang kaluluwa sa kamatayan, at *ibinilang na kasama ng mga mananalangsang…"* (Isaias 53:12).

Kinuha ni Kristo ang Kanyang lugar kasama ng mga makalsanan. Sa Kanyang buong makalupaing paglilingkod, Siya ay isinama kasama ng mga makasalanang tao. Iyan ang isa sa maraming mga reklamo ng mga Fariseo. Sa paglilibak tinawag Siyang,

> "isang kaibigan ng mga maniningil ng buwis at ng mga makasalanan" (Lucas 7:34).

At, sa Kanyang pagkamatay sa Krus, Siya ay ipinako sa krus sa pagitan ng dalawang kriminal.

> "Ibinilang [Siya] na kasama ng mga mananalangsang"
> (Isaias 53:12).

Na Siya ay "nabilang" (Isinalin mula kay ***Strong***) kasama nila. "Hindi dahil na Siya'y mananalangsang, kundi *trinato bilang isa* noong ipinako sa krus kasama ng mga magnanakaw" (Isinalin mula kay ***Jamieson, Fausset and Brown,*** kabuuan 2, p. 733). Sinasabi ng Ebanghelyo,

> "At ipinako sa krus na kasama niya ang dalawang tulisan; isa sa kaniyang kanan, at isa sa kaniyang kaliwa. At natupad ang kasulatan, na nagsasabi: At siya'y ibinilang sa mga suwail" (Marcos 15:27-28).

Sinabi ni Dr. Young, "Ang mga ito ay hindi simpleng mga makasalanan, kundi mga aktwal na mga kriminal" (Isinalin mula kay Edward J. Young, Ph.D., ***Ang Aklat ng Isaias*** [***The Book of Isaiah],*** 1972, kabuuan 3, p. 359). Sila'y mga "mananalangsang." Ang Griyegong salita ay "anomos," ibig sabihin ay isang tao na *garapal na lumalabag* sa batas (Isinalin mula kay Vine). Kung gayon, si Kristo ay nabilang kasama ng mga *pinaka malubhang uri* ng mga makasalanna! Sinasabi ng magandang kanata ni Anna Waterman,

> Dahil iniligtas Niya ang pinakamalubha sa inyo, Noong iniligtas
> Niya ang isang walang hiyang tao tulad ko.
> At alam ko, oo alam ko, ang dugo ni Hesus ay
> Magagawang malinis ang pinakamasamang makasalanan.
> At alam ko, oo, alam ko ang dugo ni Hesus ay
> Magagawang malinis ang pinakamasamang makasalanan.
> ("Oo, Alam Ko!" ["Yes, I Know!"] ni Anna W. Waterman, 1920).

Sinasabi sa atin ng Ebanghelyo ni Lucas na isa sa dalawang mga makasalanan ay naniwala kay Hesus at naligtas (Lucas 23:39-43). Sinabi ni John R. Rice, "Isa sa mga magnanakaw ay naligtas upang ang pinakamasamang makasalanan ay di mawawalan ng pag-asa…." (isinalin mula kay John R. Rice., D.D., ***Ang Hari ng mga Hudyo [The King of the Jews],*** Sword of the Lord, 1980 inilimbag muli, p. 475). Sinabi ni Dr. McGee,

> Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng [dalawang magnanakaw]? Walang pagkakaibang anoman – pareho silang magnanakaw. Ang pagkakaiba ay nakasalalay sa katunayan na ang isang magnanakaw na iyon ay naniwala kay Hesu-Kristo at ang isa ay hindi (isinalin mula kay J. Vernon McGee, Th.D., ***Sa Iba't Ibang Dako ng Bibliya [Thru the Bible],*** Thomas Nelson, 1983, kabuuan IV, p. 354).

"Ibinilang [Siya] na kasama ng mga mananalangsang." Ipinapakita nito na kusang loob na inilagay ni Hesus ang Kanyang sarili sa lugar ng mas *masahol* pati na makasalanan. Ang mga makasalanan ay maaring maligtas dahil Siya ay nabilang kasama nila. Ngunit dapat kang magtiwala sa Kanya upang maligtas.

Si Kristo na ngayon ay pinarangalan dahil Siya'y humukot upang tumayo sa lugar ng mga makasalanan, at kunin ang kanilang mga kasalanan sa Kanyang sarili, ginagawa itong posible para sa kanilang maligtas. Kung gayon, Siya ay pinarangalan dahil Siya "ibinilang na kasama ng mga mananalangsang." "Oo, Alam Ko!" Kantahin ang koro!

> At alam ko, oo alam ko, ang dugo ni Hesus ay
> Magagawang malinis ang pinakamasamang makasalanan.
> At alam ko, oo, alam ko ang dugo ni Hesus ay
> Magagawang malinis ang pinakamasamang makasalanan.
> ("Oo, Alam Ko!" ["Yes, I Know!"] ni Anna W. Waterman, 1920).

## III. Pangatlo, dinala Niya ang kasalanan ng marami.

Magsitayo tayo at basahin ang teksto ng malakas, nagtatapos sa mga salitang, "kasalanan ng marami."

> "Kaya't hahatian ko siya ng bahagi na kasama ng dakila, at kaniyang hahatiin ang samsam na kasama ng malakas; sapagka't kaniyang idinulot ang kaniyang kaluluwa sa kamatayan, at ibinilang na kasama ng mga mananalangsang: gayon ma'y *dinala niya ang kasalanan ng marami…"*
> (Isaias 53:12).

Maari nang magsi-upo.

"Dinala niya ang kasalanan ng marami." Gaya ng paglagay nito ni Apostol Pedro,

> "Na siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan sa kaniyang katawan sa ibabaw ng kahoy" (I Ni Pedro 2:24).

Ito ay kaligtasan sa pamamagitan ng pakikipagpalit. Kinukuha ni Kristo ang ating mga kasalanan "sa kaniyang katawan" sa Krus. Binabayaran Niya ang multa para sa iyon kasalanan sa pamamagitan ng pagkuha nito sa Kanyang sarili at pamamatay sa iyong lugar. Na wala ang pagbabayan sa pamamagitan ng pakikipagpalit na kamatayan ni Hesus ay walang Ebanghelyo. Ang Kanyang bikaryong kamatayan para sa mga makasalanan ay ang pinaka puso at diwa ng Ebanghelyo. Sinabi ni Spurgeon,

> Ngayon, ang tatlong mga bagay na ito – na kanyang ibinuhos ang kanyang kaluluwa sa kamatayan, at dinala ang multa ng makasalanan; na siya'y nabilang kasama ng mga mananalangsang, at kaya tumayo sa tabi ng mga makasalanan; at sunod, na kanyang aktwal na dinala ang kanilang mga kasalanan…na hindi dumungis sa kanya, kundi gumawa sa kanyang mapawala ang kasalanan na dumungis sa mga tao – ang tatlong mga bagay na ito ang mga dahilan [para sa] luwalhati ng ating Panginoong Hesus. Ang Diyos, para sa tatlong mga bagay na ito, at isa pa, ay gumagawa sa kaniyang hahatiin ang samsam na kasama ng malakas, hahatian […] ng bahagi na kasama ng dakila (Isinalin mula kay C. H. Spurgeon, ***Ang Metropolitanong Tabernakulong Pulpito [The Metropolitan Tabernacle Pulpit],*** Pilgrim Publications, 1975 inilimbag muli, kabuuan XXXV, pahina 93).

"Oo, Alam Ko!" Kantahin ang koro!"

> At alam ko, oo alam ko, ang dugo ni Hesus ay
> Magagawang malinis ang pinakamasamang makasalanan.
> At alam ko, oo, alam ko ang dugo ni Hesus ay
> Magagawang malinis ang pinakamasamang makasalanan.

## IV. Pang-apat, namagitan Siya sa mga mananalangsang.

Ang teksto ay nagtatapos sa mga salitang,

> "at namagitan sa mga mananalangsang" (Isaias 53:12).

Sa Krus, si Kristo ay nanalangin para sa mga makasalanan, gumagawa ng "[pamamagitan par] sa mga mananalangsang," noong sumigaw Siyang,

> "Ama, patawarin mo sila; sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa" (Lucas 23:34).

Kung gayon nanalangin Siya para sa mga makasalanan habang Siya'y nakabitin sa Krus.

Gayon, pati ngayon sa Langit, si Hesus ay nananalangin para sa mga makasalanan,

> "Palibhasa'y laging nabubuhay siya upang mamagitan sa [atin]"
> (Mga Taga Hebreo 7:25).

Gumawa Siya ng pamamagitan para sa mga makasalanan habang Siya'y namatay sa Krus. Patuloy Siyang nananalangin para sa mga makasalanan ngayon, naka-upo sa kanang kamay ng Diyos ang Ama sa Langit.

Pansinin na ang apat na mga bagay na iyon na ginawa ni Hesus ay ang dahilan na Siya na ngayon ay ipinagbubunyi sa luwalhati, sa kanang kamay ng Ama. At na lahat ng apat na dahilan ng kasalukuyang luwalhati ni Kristo ay konektado sa anong ginawa Niya upang maligtas ang mga makasalanan!

> "At palibhasa'y nasumpungan sa anyong tao, siya'y nagpakababa sa kaniyang sarili, na nagmasunurin hanggang sa kamatayan, oo, sa kamatayan sa krus.. *Kaya siya naman ay pinakadakila ng Dios, at siya'y binigyan ng pangalang lalo sa lahat ng pangalan:* Upang sa pangalan ni Jesus ay iluhod ang lahat ng tuhod … upang ipahayag ng lahat ng mga dila na si Jesucristo ay Panginoon, sa ikaluluwalhati ng Dios Ama"
> (Mga Taga Filipo 2:8-11).

Ngunit pansinin rin, na sa lahat ng nakaliligtas na kapangyarihan ni Hesus, <u>hindi</u> Niya ililigtas yoong mga hindi kailangang maligtas. Gaya ng paglagay nito ni Spurgeon,

> Kung wala [kang] kasalanan hindi [ka] niya malilinis mula rito. Maari ka ba niyang iligtas?...ika'y napaka buti, karesperespetong tao, na hindi pa kailan man gumawa ng kahit anong mali sa lahat ng iyong mga buhay; ano si Hesus sa iyo? Siyempre, ika'y nagpapatuloy sa iyong sariling paraan, at inaalagaan ang inyong mga sarili…Nakalulungkot! ito'y kahangalan…Kung ika'y titingin sa loob, ang iyong puso ay marumi gaya ng isang pausukan na hindi kailan man nalinis. Ang [inyong] mga puso ay mga balon ng pagkukubli. O, na iyong makita ito, at isuko ang iyong huwad na katuwiran! [Ngunit] kung hindi mo ito gagawin, walang kahit anoman kay Hesus para sa iyo. Nakakamit niya ang kanyang luwalhati mula sa mga makasalanan, hindi mula sa mga mapaghalaga sa sariling mga tao tulad mo. Ngunit, kayong mga nagkakasala, na…magkukumpisal ng iyong pagkakasala, ay maaring nagagalak na matandaan na ang apat na mga bagay na iyon na ginawa ni Hesus, ginawa niya kaugnay ng mga makasalanan, at ito'y dahil ginawa niya ito kaugnay ng mga makasalanan na siya ngayon ay pinutungan ng luwalhati at parangal at kamahalan…[Kung gayon] gaano kaluwag sa aking sarili na ako'y [aapela sa iyo] na magtiwala sa Anak ng Diyos, ginawang laman, nagdurugo at namamatay para sa nagkakasalanang tao! Kung magtitiwala ka sa kanya, hindi ka

> niya lolokohin, kundi ika'y maliligtas, at maliligtas agad-agad at magpakailan man (Isinalin mula kay Spurgeon, ibid., pahina 95).

Amen! "Oo, Alam ko!" Kantahin ito ng isa pang beses!

> At alam ko, oo alam ko, ang dugo ni Hesus ay
> Magagawang malinis ang pinakamasamang makasalanan.
> At alam ko, oo, alam ko ang dugo ni Hesus ay
> Magagawang malinis ang pinakamasamang makasalanan.
> ("Oo, Alam Ko!" ["Yes, I Know!"] ni Anna W. Waterman, 1920).

Kung gusto mong makipag-usap sa amin tungkol sa pagiging malinis mula sa iyong kasalanan sa pamamagitan ni Hesus, magpunta sa likuran ng awditoryum ngayon. Dadalhin ka ni Dr. Cagan sa isang tahimik na silid kung saan tayo'y makapag-uusap.

> At alam ko, oo alam ko, ang dugo ni Hesus ay
> Magagawang malinis ang pinakamasamang makasalanan.
> At alam ko, oo, alam ko ang dugo ni Hesus ay
> Magagawang malinis ang pinakamasamang makasalanan.

Amen.

## ANG BALANGKAS NG

# ANG PINANGGAGALINGAN NG LUWALHATI NI KRISTO

**(PANGARAL BILANG 14 SA ISAIAS 53)**

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

> "Kaya't hahatian ko siya ng bahagi na kasama ng dakila, at kaniyang hahatiin ang samsam na kasama ng malakas; sapagka't kaniyang idinulot ang kaniyang kaluluwa sa kamatayan, at ibinilang na kasama ng mga mananalangsang: gayon ma'y dinala niya ang kasalanan ng marami, at namagitan sa mga mananalangsang" (Isaias 53:12).

I. Una, sapagka't Kaniyang idinulot ang Kaniyang kaluluwa sa kamatayan, Isaias 53:12a; Juan 19:30, 10:17; I Ni Pedro 3:18; Mga Awit 2:8; Mga Taga Colosas 2:15.

II. Pangalawa, Siya ay nabilang kasama ng mga makasalanan, Isaias 53:12b; Lucas 7:34; Marcos 15:27-28; Lucas 23:39-43.

III. Pangatlo, dinala Niya ang kasalanan ng marami, Isaias 53:12c; I Ni Pedro 2:24.

IV. Pang-apat, namagitan Siya sa mga mananalangsang, Isaias 53:12d; Lucas 23:34; Mga Taga Hebreo 7:25; Mga Taga Filipo 2:8-11.

# SIMPLENG PANANAMPALATAYA KAY HESUS
**(PANGARAL BILANG 15 SA ISAIAS 53)**

## SIMPLE FAITH IN JESUS
**(SERMON NUMBER 15 ON ISAIAH 53)**
(Tagalog)

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

Isang pangaral na ipinangaral sa Baptist Tabernacle sa Los Angeles
Umaga ng Araw ng Panginoon, Ika-21 ng Hulio taon 2013

"At gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao"
(Isaias 53:3).

"At gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao." Isang makabagong kumentor ang nagsabi na ang mga salitang ito ay tumutukoy sa "pag-aayaw ng [Israel] sa napakong Mesiyas at ang pagkakulang ng respeto nila para sa naglamang taong Anak ng Diyos." Itinakda niya na ang berso na magsama lamang ng mga Hudyong mga tao sa panahon ni Kristo. Ngunit gusto ko ang sinabi ni Moody, "Nagbubuhos ang Bibliya ang matinding pagkalinaw sa mga kumentaryo." Hindi ang berso ay hindi lamang tumutukoy sa "pag-ayaw" ng Israel kay Kristo. Iyan ay ginawang malinaw sa simula ng berso. Sinasabi nito, "Siya'y hinamak at itinakuwil <u>ng</u> <u>mga</u> <u>tao</u>." Hindi ng mga Hudyo lamang, kundi "ng mga tao" sa pangkalahatan! "Itnakuwil ng mga tao" – hindi simple ng mga Hudyo lamang. "Ang Bibliya ay nagbubuhos ng matinding pagkalinaw sa mga kumentaryo."

Si Luther ay nagsalita tungkol sa "analohiya ng Kasulatan." Ang ibig sabihin ng dakilang Taga Reporma ay na atin dapat nating ikumpara ang Kasulatan sa Kasulatan, upang matagpuan kung anong sinabi ng Diyos tungkol sa isang paksa sa ibang bahagi ng Bibliya. Sa Isaias 49:7 mababasa natin,

> "Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Manunubos ng Israel, na kaniyang Banal, doon sa <u>hinahamak</u> <u>ng</u> <u>tao</u>…" (Isaias 49:7).

Kaya, dito rin, makikita natin na ang "tao" sa karaniwan ay hinahamak si Hesus, ang "Banal." Sa Bagong Tipan, sinabi ni Hesus Mismo,

> "Kung kayo'y kinapopootan ng sanglibutan, ay inyong talastas na ako muna ang kinapootan bago kayo" (Juan 15:18).

Sa mga bersong ito, makikita natin na ang mga nawawalang mga tao sa mundo ay maaring kinamumuhian si Kristong mapait, o itinatago nila ang kanilang mga mukha mula sa Kanya at hindi Siya iniisip.

> "At gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao" (Isaias 53:3).

Itinatago ng mga tao ang kanilang mga mukha mula kay Hesus sa maraming paraan. Narito ang tatlo sa mga ito.

## I. Una, mayroon iyong mga itinatago ang kanilang mga mukha mula kay Kristo sa lubos na pagdudusta.

Binabasa ko ang aklat ni Pastor Wurmbrand, ***Pinahirapan para kay Kristo [Tortured for Christ].*** Binasa ko ito taon taon. Nagsabi si Pastor Wurmbran patungkol sa mga katakot takot na mga bagay na pinagdaanan niya mula sa mga Komunista na kinmuhian si Kristo. Sinabi niya,

> Ang mga pagpapahirap at kalupitan ay nagpatuloy na walang interupsyon. Noong nawalan ako ng malay o naging masyadong nahihilo upang bigyan ang mga tagapagpahirap na kahit anumang pag-asa ng pangungumpisal, ako'y ibinabalik sa aking selda. Doon ako hihiga, hindi inaalagaan at halos patay na, upang makakuha muli ng kaunting lakas upang matrabaho nila ako muli. Marami ang namatay sa puntong ito…Sa mga sumunod na mga taon, sa maraming iba't ibang mga bilangguan, nasira nila ang apat na buto sa aking likuran, at maraming iba pang mga buto. Inukit nila ako sa sang dosenang mga lugar. Sinunog at humiwa ng labing walong butas sa aking katawan…
>
> Kinailangan naming umupo ng labing pitong oras kada araw – sa loob ng maraming linggo, maraming buwan, at mga taon – nakikinig sa
>
> Ang Komunismo ay mabuti!
> Ang Komunismo ay mabuti!
> Ang Komunismo ay mabuti!
> Ang Kristiyanismo ay ugok!
> Ang Kristiyanismo ay ugok!
> Ang Kristiyanismo ay ugok!
> Sumuko ka na!Give up!
> Sumuko ka na!
>
> (Isinalin mula kay Richard Wurmbrand, Th.D., ***Pinahirapan para kay Kristo [Tortured for Christ],*** Living Sacrifice Books, 1998 edisiyon, mga pah. 38, 39).

Hindi siya nagmamalabis. Kilala ko siyang mabuti.

Ang pagkamuhi kay Kristo ng mga Komunista at ibang mga Sosyalista ay matindi. Nakakikita tayo ng mga matitinding mga pagsalakay ng mga Sosyalista laban kay Hesus at Kanyang mga tagasunod kahit ngayon sa Amerika ngayon – mula sa White House hanggang sa mga paaralan. Ang mga kalalakihan ng mga mataas na opisina ay ngayon nagtatago ng kanilang mga mukha mula kay Kristo sa ganap na pagdudusta. Iyong mga nagmamaliit kay Kristo at Kanyang mga tagasunod ay tiyak na tumutupad sa ating teksto,

> "At gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao" (Isaias 53:3).

## II. Pangalawa, mayroong iyong mga nagtatago ng kanilang mga mukha mula kay Kristo sa pamamagitan ng pakakawalang malasakit.

Tiyak na inilalarawan ko ang ilan sa inyo rito ngayong umaga! Hindi mo kailan man maiisip na manakit ng isang Kristiyano, o pagsisigaw na ang "Kristiyanismo ay ugok." Lumiliit ka sa pagkatakot kapag sinasabi ko sa iyo kung ano ang ginawa ng mga Komunista kay Pastor Wurmbrand. Sinasabi mo, "Hindi ko kailan man gagawain ang ganoong bagay!" Naniniwala ako sa iyo. Hindi ko naiisip na iyong kailan man sasalakayin si Hesus tulad noong mga malahalimaw na mga Komunistang tagapagpahirap. At gayon…! At gayon…! Iyong natutupad ang ating teksto *sa pamamagitan ng iyong malamig na pagkawalang malasakit kay Hesus,*

> "At gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao" (Isaias 53:3).

Nagpupunta ka rito sa simbahan at umuupo lang rito. Ang iyong mata ay natatakpan ng ulap kapag itinutukoy ko si Hesus. Ang ilan sa inyo ay isinasara ang iyong mga mata. Ang ilan sa inyo ay isinasara ang iyong mga mata. Na may malamig na pagkawalang malasakit, itinatago mo ang iyong mukha mula kay Hesus.

Alam mo ba na magagawa rin iyan kahit ng isang mangangaral? Noong ako'y Katimugang Bautistang seminaryo sa hilagang San Francisco, mayroong isang mag-aaral na nagngangalang Tom Frederick. Siya'y aking naging kaibigan. Si Tom ay isang mangangaral. Ngunit isang Linggo ang kanyang sariling pangangaral ay tumusok sa kanyang puso! Nagsimula siyang lumuha ng napaka tindi na hindi na siya makapangaral. Bumaba siya mula sa pulpit at lumuhod sa altar. Doon siya'y nagsisi para sa pagkawala ng pag-ibig para sa Tagapagligtas. Doon, sa harap ng mga nagulat na kongregasyon, timigil siya sa pagtatago ng kanyang mukha mula kay Hesus. Nagtiwala siya sa Tagapagligtas, siyang naging isang tunay na Kristiyano. Siya'y naging isang napaka mabuting pusong tao. Siya'y nagpunta sa silid ng aking dormitory kasama ng mga kalalakihan na sumama sa akin para sa panalangin doon kada Huwebes ng gabi. Sinuportahan niya ako sa aking katayuan laban sa mga propesor na sumalakay sa Bibliya. Sinamahan niya ako noong hinarap namin ang pangulo ng Seminaryo sa harapan ng kanyang pintuam. Sinuportahan niya ako kahit na tinawag nila siyang isa sa mga "panatiko ni Hymers." Siya, mula sa isang nawawalang Katimugang Bautistang mangangaral ay naging isang tunay na Kristiyano. Ang kanyang pagbabagong loob ay nangyari noong tumigil siya sa pagtratrato kay Hesus na may malamig na na walang malasakit.

Namatay si Tom ilang linggo lamang ang nakaraan. Nagpadala ako ng pera sa kanyang asawa. Iyon ang maliit na magagawa ko upang maipakita ang aking pasasalamat sa kanya sa pagsusuporta sa akin sa Pakikipaglaban para sa Bibliya sa Gintong Tarangkahang Bautitang Teyolohikal na Seminaryo [Golden Gate Baptist Theological Seminary] noong mga maagang taon ng 1970. At ako'y nagpapasalamat sa Diyos para sa pagbubukas ng puso ni Tom kay Hesus, noong siya'y naligtas habang kanyang ipinangangaral ang kanyang sariling pangaral sa isang Linggog umaga mahabang panahon noon.

Mayroong magsasabing, "Dr. Hymres, di mo akong gustong maging tulad ni Tom Frederick?" Tulungan ako ng Diyos! Ako'y magpupuri sa piling ng mga anghel sa Langit kung ika'y maging kalahati ng taong siya'y naging! Ang ilan sa inyong mga kabataan na nakaupo rito linggo-linggo ay di nag-aalala, di gising, at walang malasakit – hiling ko sa Diyos na ika'y maging kahit kaunting tulad ni Tom!

Ngayon, ilagay ito ng ganito – paano kung ika'y nasa Gintong Tarangkahang Seminaryo noong 1971 o 1972? Ano kaya kung ika'y naroon mula sa ibang simbahan, at ako ang iyong pastor? Pag-isipan ito ngayon! Susuportahan mo kaya ako noong hinarap ko iyong mga propesor na sumalakay sa Bibliya? Pag-isipan ito ngayon! Susuportahan mo kaya ako? O tratratuhin mo lang ito ng walang malasakit at iiwasan ang kontrobersiya? Pag-isipan ito!

Ngayon kung ika'y matapas sa iyong sarili, ang ilan sa inyo ay aaminin na ika'y magiging malamig at malayao. Pagkatapos ng lahat, gusto mo ang iyong digri at makaalis doon na hindi natatatakang isa sa mga "panatiko ni Hymers," dib a? Hindi ka biglang magbabago mula sa kung paano ka ngayon, at maging isang masipag para kay Kristo, hindi ba? Pag-isipan ito! Naniniwala ako na iyon sa iyong mga nangangaladkad ng kanilang mga sarili papasok labas ng silid ng pagsisiyasat ay <u>hindi</u> magiging nasa aking tabi sa liberal na seminaryo. Hindi, ika'y magiging kasing malamig at walang malasakit kung paano ka ngayon! Sasamahan mo iyong mga nagsasabing,

> "At gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao" (Isaias 53:3).

## III. Pangatlo, mayroong iyong mga nagtatago ng kanilang mga mukha mula kay Kristo sa pamamagitan ng kapabayan.

Itinago mo ang iyong mukha mula kay Hesus ng mahabang panahon. Wala kang pakialam kung ako'y mangaral tungkol kay Hesus o hindi. Kung ako'y magsalita tungkol sa psikolohiya iyong aayusin ang iyong upuan at makikinig ng may atensyon. Kung ako'y magsasalita tungkol sa politiko ika'y yuyukong paharap sa iyong upuan para marinig mo ang bawat salita. Sa mga pagkakataon na magsasalita ako sa propesiya ng Bibliya, ibibigay mo ang iyong punong atensyon sa pangaral. Noong ako'y nagsalita tungkol sa Langit ilang linggo noon ika'y nakikinig ng mabuti ng matindi, dahil ito'y bagong paksa para sa iyo. Noong ako'y bumailk sa Ebanghelyo, ang iyong mga mata ay natakpan ng ulap. Nawawalan ka ng interes kapag nagsasalita ako patungkol kay Hesus! Hindi ba? Hindi ba?

Kayong mga kabataan ay gumugugol ng maraming oras at enerhiya sa kolehiyo. Nag-aaral ka ng maraming oras na walang katapusan upang maging mahusay ka sa iyong klase. Gumigising ka ng maaga upang mag-aral. Nanantili kang gising ng gabi na upang mag-aral. Natutuwa ako na ginagawa mo iyan dahil hindi ka magiging mahusay sa iyong propesyon kung hindi ka magiging mahusay sa iyong paaralan ngayon. Binbati kita para sa pag-aaral ng mabuti sa iyong paaralan. Ngunit hindi ka kailan man nanatiling gising kahit isang oras na mas matagal kaysa karaniwan upang aralin ang Bibliya, o aralin ang mga sermon na ito, alin ay ipinamimigay sa iyong naka limbag kada Linggo. Hindi mo kailan man naisip na gumising ng isang oras na mas maaga upang mag-aral tungkol kay Kristo, na namatay upang iligtas ang iyong makasalanang kaluluwa. Ang lahat ng mga bagay sa mundo ay mukhang mas mahalaga sa iyo kaysa kay Kristo na umiibig sa iyo, na nananalangin para sa iyo sa Langit.

Kahit dito sa simbahan, habang ako'y nangangaral tungkol kay Hesus, hinahayaan mo ang iyong isipang lumibot sa mga bagay na mukhang mas mahalaga sa iyo kaysa sa Kanya. At kapag nagpupunta ka sa silid ng pagsisisiyasat, hindi kita naririnig na magsalita tungkol kay Hesus. Nagsasalita ka tungkol sa iyong sarili, ngunit hindi kita naririnig na magsalita tungkol kay Hesus. Naririnig kitang magsalita tungkol sa mga doktrina at mga berso sa Bibliya minsan, ngunit hindi kita naririnig na magsalita tungkol kay Hesus Mismo! Wala Siya sa iyong isipan. Higit sa panahon pinag-uusapan mo lamang ang kung anong nararamdaman mo – o hindi mo nararamdaman!

Naghahanap ka ng isang pakiramdam upang masigurado ka, ngunit hindi mo hinahanap si Hesus Mismo. Tinatalakay mo ang pagkawala mo ng kasiguraduhan, ngunit hindi ka nagsasalita tungkol sa Tagapagligtas, na siyang ang nag-iisang tao na makasisigurado ng iyong kaligtasan! Ang ilan sa inyo ay nag-iisip, "Wala akong nabiyak na puso." Sinasabi ko sa iyo, "Huwag kang humanap ng nabiyak na puso, tumingin kay Hesus!" Ngunit kapag binibanggit ko ang Kanyang pangalan ang iyog mga mata ay natatakapan ng ulap, at iniisip mo, "Kailangan ko ng isang pakiramdam. Kailangan kong maramdamang ligtas!" Sasabihin ko sa iyo, "Hindi, ang lahat ng kailangan mo ay si Hesus." Ngunit kapag binabanggit ko ang Kanyang pangalan nawawalan ka ng interes agad-agad. Sasabihin ko, "Tumingin ngayon kay Hesus, nagdurugo sa Krus para sa iyo." Ngunit tumitinggin ka pabalik sa iyong sarili. Naghahanap ka ng pakiramdam sa iyong sarili! Hindi kita makuhang tumingin papalayo mula sa iyong sarili patungo kay Hesus! Sinisipi ko ang propeta na nagsabing, "Inyong hanapin ang Panginoon samantalang siya'y masusumpungan, magsitawag kayo sa kaniya samantalang siya'y malapit" (Isaias 55:6). Ngunit naghahanap ka ng isang pakiramdam o emosyon sa iyong sarili kaysa paghahanap kay Kristo Mismo, na umiibig sa iyo!

> "At gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao" (Isaias 53:3).

Hinihiling ko sa iyong tumigil sa paglilingon sa iyong mukha mula kay Hesus. Sa sandaling ika'y tumingin kay Hesus Mismo, ililigtas ka niya. Hindi mo siguro "mararamdamng" ligtas. Sa araw na ako'y niligtas ni Hesus, hindi ko "naramdamang" ligtas. Hindi ko pa nga alam na ako'y ligtas sa araw na iyon hanggang sa maraming buwan ang nakalipas. Ang alam ko sa araw na iyon ay si Hesus! Naniwala ako sa Kanya noon, ngunit sa araw na iyon – masasabi ko lamang – naroon si Hesus! Ito'y isang primitibong pananampalataya, ngunit ito'y isang pananampalataya kay Hesus, napaka simple, napaka primitibo – ngunit ito'y si Hesus!

Nakakita si Pastor Wurmbrand ng maraming mga taong napahirapan para kay Kristo ng mga Komunista noong siya ay nasa bilangguan dahil sa pangangaral. Nakakita rin siya ng maraming mga bilango, at pati mga Komunistang gwardya na nagtiwala kay Hesus. Sinabi ni Pastor Wurmbrand,

> Minsan na ang isang indibiwal ay dumating sa pananampalataya – *kahit isang primitibong pananampalataya* – ang pananampalatayang ito ay lumalago. Tayo ay tiyak na ito'y sasakop dahil kami ng Lihim na Simbahan ay nakita itong sumasakop ng muli't muli. Iniibig ni Kristo ang mga Komunista at ang iba pang "mga kalaban ng pananampalataya." Maari sila at dapat silang matagumpay para kay Kristo (Isinalin mul akay Wurmbrand, ibid., pah. 115).

Ang magnanakaw na namatay sa tabi ni Hesus sa Krus ay naligtas sa loob ng ilang minutong natitira sa lupa. Napaka kaunti ng nalalaman niya. Ang kanyang pananampalataya ay napaka "primitibo," na ginagamit ang mga salita ni Pastor Wurmbran. Ngunit siya ay naligtas sa sandaling ang kanyang puso ay nagtiwala kay Hesus. At sinabi ng Tagapagligtas sa kanya, "Ngayon ay kakasamahin kita sa Paraiso" (Lucas 23:43). Sa akin mukhang maaring mayroong narito ngayong umaga na makapagtitiwala kay Hesus sa pinaka kaunti ay kasing husay ng taong ito. Maari itong napaka simple, "primitibong" tiwala, ngunit kung magtitiwala ka kay Hesus na napaka kaunti, na walang pagtingin sa iyong sarili para sa pagpapatunay, pagtitiwala lamang kay Hesus at pag-iiwan nito rito, na walang pag-susuri ng iyong sarili, ililigtas ka ni Hesus.

Simple, mahina, "primitibo," parang isang batang pananampalataya kay Hesus – iyan lang ang lahat na iyong kailangan. Huwag tumingin kay isang beses sa iyong sarili. Huwag tumingin kahit isang beses para sa isang pakiramdam ng kahit ano. Tumingin ng simple kay Hesus at iwanan ito rito. Huwag itong kalikutin pa. Huwag itong surin. Huwag itong kaliskisin. Magtiwala lamang kay Hesus at iwanan itong ganito. Si Hesus Mismo ang gagawa ng lahat ng iba. Kahit habang ika'y natutulog, ang binhi ng pananampalataya kay Hesus ay lalago. Ngunit dapat kang magtiwala kay Hesus Mismo – napaka simple, na medyo di tiyak, na napaka primitibo. Maari kang magtiwala kay Hesus ng ganoong kahigit. Maari kang magpunta sa Kanya, at iwanan itong ganito, na hindi tinitignan muli ang iyong sariling pakiramdam para sa kasiguraduhan. Iwanan ito kay Hesus. Tapos, kahit habang ika'y natutulog sa gabi, ang binhing ito ng pananampalataya, gaya ng sinabi ni Pastor Wurmbrand, ay "uunlad at lalago." Isang napaka mahina, primitibo, mabuway na pananampalataya kay Hesus ang lahat na iyong kailangan! Tinutukoy nito ang isang simple, primitibong pananampalataya kay Hesus, na walang kahit anong pakiramdam!

> Ang aking kaluluwa ay gabi, ang aking puso ay bakal –
> Hindi ako makakita, Hindi ako makaramdam;
> Para sa ilaw, para sa buhay, dapat akong umapela
> Sa simpleng pananampalataya kay Hesus.
> ("Kay Hesus." Isinalin mula sa "In Jesus" ni James Procter, 1913).

Ipadarasal ka namin kung gusto mo. Gusto ka naming tulungang maging isang tunay na Kristiyano. Iwanan lamang ang iyong upuan at lumakad sa likuran ng awditoriyum ngayon. Dadalhin kayo ni Dr. Cagan sa isang tahimik na lugar para sa panalangin. Magpunta ka habang aming kinakanta ang kanta muli,

> Sinubukan ko na walang saysay isang libong mga paraan
> Ang aking mga takot upang pumayapa,
> Ang aking mga pag-asa upang maitaas;
> Ngunit ang aking kailangan, sinasabi ng Bibliya,
> Ay kailan man, si Hesus lamang.
>
> Ang aking kaluluwa ay gabi, ang aking puso ay bakal –
> Hindi ako makakita, Hindi ako makaramdam;
> Para sa ilaw, para sa buhay, dapat akong umapela
> Sa simpleng pananampalataya kay Hesus.
> ("Kay Hesus" Isinalin mula sa "In Jesus"
> ni James Procter, 1913).

Amen.

## ANG BALANGKAS NG

# SIMPLENG PANANAMPALATAYA KAY HESUS

**(PANGARAL BILANG 15 SA ISAIAS 53)**

ni Dr. R. L. Hymers, Jr.

"At gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao" (Isaias 53:3)

(Isaias 49:7; Juan 15:18)

I. Una, mayroon iyong mga itinatago ang kanilang mga mukha mula kay Kristo sa lubos na pagdudusta, Isaias 53:3.
II. Pangalawa, mayroong iyong mga nagtatago ng kanilang mga mukha mula kay Kristo sa pamamagitan ng pakakawalang malasakit, Isaias 53:3.
III. Pangatlo, mayroong iyong mga nagtatago ng kanilang mga mukha mula kay Kristo sa pamamagitan ng kapabayan, Isaias 55:6; 53:3; Lucas 23:43.